# *Ang Ikaanim na Tatak*

Iyukod natin ang ating mga ulo sandali ngayon.

2 Panginoon, kami muli ay nagkakatipon-tipon para sa gawain. At iniisip namin ang panahon, sa sinaunang mga araw, nang silang lahat ay pumupunta sa Shiloh para sa mga pagpapala ng Panginoon. At ngayon, ngayong gabi, kami ay nagkatipon-tipon dito upang pakinggan ang Iyong Salita. At habang kami ay patuloy na nag-aaral dito sa bahaging ito ng Kasulatan, na ang Cordero ang tanging Nag-iisang makapagbubukas ng mga Tatak, o kalagan Sila. At idinadalangin namin na sa gabing ito, habang kami ay nasa ilalim ng konsiderasyon ng dakilang Ikaanim na Tatak na ito, idinadalangin namin, Makalangit na Ama, na buksan Ito ng Cordero sa amin sa gabing ito. Na, kami ay narito upang maunawaan Ito. At nang walang tao sa lupa, o sa Langit, ang sapat, tanging ang Cordero ang natagpuang sapat. Kaya nawa ang Isang sapat-sa-lahat ay dumating at buksan ang Tatak para sa amin sa gabing ito, upang kami nawa ay sadyang tumingin ng lagpas sa tabing ng panahon. Matutulungan kami niyan, kami ay nananampalataya, Ama; itong lubhang, madilim, makasalanang araw kung saan kami'y nabubuhay; ay tutulungan kami at bibigyan kami ng lakas ng loob. Kami ay nagtitiwala ngayon na kami ay makasumpong ng biyaya sa Iyong paningin. Ipinagkakatiwala namin ang aming mga sarili, sa Salita, sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Makakaupo na kayo.

3 Magandang gabi, mga kaibigan. Isang pribilehiyo ang maparito muli sa gabing ito, upang mapasa gawain ng Panginoon. Ako ay medyo nahuli. Ako ay nagtungo lamang sa . . . sa isang biglaang pangyayari, ng isang nag-aagaw-buhay na tao, na isang miyembro ng iglesyang ito; ang kaniyang ina ay, o pumupunta rito. At sinabi nila na ang batang lalaki ay nag-aagaw-buhay sa kasalukuyan. Kaya ako—ako ay pumunta upang makita lamang ang isang—isang anino ng isang lalaking nakahiga sa isang kama, nag-aagaw-buhay, isang lalaking mga kasing edad ko. At sa isang maikling panahon lamang, ako ay nakakita ng isang taong tumayo sa kaniyang mga paa, nagbibigay papuri sa Panginoon. At kaya, ang Diyos, kung maluwag sa kalooban nating ipagtatapat ang mga kasalanan natin at gawin ang kung anong tama, humingi ng habag, tumawag sa Kaniya, ang Diyos ay nakahanda at naghihintay na ipagkaloob ito sa atin.

4 At, ngayon, alam ko na mainit dito sa gabing ito. At—at iya'y . . . Hindi, palagay ko ang init sa kabuuan ay nakulong. At—at tayo'y . . .

5 Napansin ko kagabi, o sa araw na ito, ito ang aking ikapitong araw sa isang silid na walang liwanag, mga de-koryenteng ilaw lamang, kita n'yo; nag-aaral, at dumadalangin sa Diyos upang buksan ang mga Tatak na ito.

6 At mayroong napakaraming sumulat, sa grupong iyan ng mga nagtatanong ka-. . . o mga katanungan kagabi, ay, humigit kumulang, hindi halos mga katanungan. Ito ay pagnanais na magkaroon ng isang gawain para sa pagpapagaling, kahit papaano; nais na manatili pa ng isang araw, upang magkaroon ng isang . . . upang magkaroon ng gawain para sa pagpapagaling sa Lunes. Kaya ako—ako—gagawin ko, magagawa, sa katotohanan ay magagawa ko iyan kung iyan ay ang—ang kalooban ng mga tao na kanilang gagawin iyan. Mapag-iisipan ninyo iyan at hayaang malaman ko, ngunit kung gusto n'yo lamang manatili at manalangin para sa may karamdaman.

7 Sapagka't, inilaan ko sa lahat ng panahong ito, ng ganap, sa mga Tatak na ito, at sadyang inilayo ang aking sarili para sa mga Tatak.

8 Kaya mapag-iisipan n'yo iyan ng husto, at mapanalanginan iyan, at pagkatapos ay hayaang malaman ko. At ako, kung loobin ng Panginoon, magagawa ko. Ang susunod kong nakatakdang pupuntahan ay sa Albuquerque, New Mexico, at iya'y mga—mga ilang araw pa. At kailangan kong umuwi para sa ilang gawain, ng pagkakaroon ng panibagong kombensiyon na nakahanda sa Arizona. At kaya, pagkatapos, kung iyan ay kalooban ng Panginoon! Ipanalangin n'yo ng husto iyan, at gayun din ang gagawin ko, pagkatapos ay higit nating malalaman ang tungkol diyan mamaya ng kaunti.

9 At sadyang natuklasan ko. Ngayon nakita kong . . . Kayo ay nangungusap ng tungkol sa karamdaman, hayan ito'y dumarating, kita n'yo. Nakikita ko itong babaeng nakaupo mismo rito. Kung walang tutulong sa kaniya, hindi siya mananatili rito kundi sandali lamang. Kaya, pagkatapos, kita n'yo, tayo—tayo ay dumalangin lamang na gagawin ng Diyos. Iyan ang dahilan kung bakit kayo naririto, nanggaling pa sa napakalayo. Kaya, kita n'yo, ang—ang Banal na Espiritu ay nakakaalam ng lahat ng bagay, kita n'yo. Kaya Siya . . .

10 Ngunit, kita n'yo, sinikap kong italaga ang panahong ito para sa mga Tatak na ito, pagka't itinalaga natin ito para riyan, kita n'yo. Ngunit kung mayroong isang . . .

11 Ilan ang may karamdaman na narito, kahit papaano, na dumating upang maipanalangin? Tingnan natin ang inyong mga kamay, sa lahat ng paligid, sa lahat ng dako. Oh, naku! Hum! Buweno, ilan ang mag-iisip na iyan ay magiging tama, ang kalooban ng Panginoon, na manatili at ganapin ito, kunin ang Lunes ng gabi, sadyang manalangin para sa may karamdaman, magkaroon ng isang gawaing pagpapagaling sa Lunes ng gabi?

Gusto n'yo bang gawin iyan? Magagawa n'yo ba iyan? Buweno, sa kalooban ng Panginoon, gagawin natin iyan kung gayon. Kita n'yo? Tayo'y—magkakaroon tayo ng gawaing pananalangin para sa mga may karamdaman, Miyerkules, o Linggo ng gabi, o . . . Lunes ng gabi, at manalangin para sa may karamdaman.

12 Ngayon, sana ay hindi niyan magambala ang grupong iyan na kasama kong babalik, pabalik sa Arizona. Kapatid na Norman, narito ba siya sa paligid? Magagambala ba niyan ang iyong programa, Kapatid na Norman, anumang bagay? [Si Kapatid na Gene Norman ay nagsabing, "Hindi."—Pat.] Kapatid na Fred at ang iba pa sa inyo, ayos lang ba iyan? [Sinabi ng iba na, "Ayos lang."] Kita n'yo? Iya'y ayos lang. O sige.

13 Kung gayon, sa kalooban ng Panginoon, sa Lunes ng gabi tayo ay mananalangin para sa may karamdaman, isang gabi lamang na inilaan para riyan, sa kabuuan, ipinapanalangin lamang ang may karamdaman. Ngayon, iyan ay hindi na magiging sa mga Tatak. Kung bubuksan lamang ng Panginoon ang mga Tatak na ito, pagkatapos tayo ay mananalangin para sa may karamdaman, Lunes ng gabi.

14 Ngayon, oh, ikinatutuwa ko talaga ito, ng lubus-lubusan, ng paglilingkod sa Panginoon sa ilalim ng mga Ito! Ikinatuwa n'yo ba ito, ang pagbubukas ng mga Tatak? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen!"—Pat.]

15 Ngayon, tayo ngayon ay nangungusap mula sa Ikalimang Tatak o . . . ang Ikaanim na Tatak, nga pala. At iyan ay kumuha ngayon mula sa—sa ika-12 talata ng ika-6 na kabanata, pababa sa ika-17. Isa ito sa mga mahahabang Tatak. Medyo mayroong kaunting mga bagay na naganap dito. At ngayon ang . . .

16 Mangungusap ako ng kaunting pagbabalik-aral ng kagabi, tipong upang pagtibayin ng kaunti, sa bawat pagkakataon.

17 At, sabihing, ako—ako ay mayroong gustong sabihin, din. Natagpuan ko, sa kahong iyan, ang apat o limang napaka importanteng mga bagay sa akin. Ako ay sinabihan na . . . At talagang gusto kong humingi ng paumanhin. Naka-on ba ang mga teyp? Naka-on ang teyp? Nais kong humingi ng paumanhin sa mga kapatid kong ministro at kayong mga tao rito. Ang sabi nila, noong isang gabi nang ako ay nangungusap ng tungkol kay—kay Elias, sa oras na iyan kung kailan sila ay . . . Inakala niya na siya lamang ang tanging makakasama sa Pag-agaw, o siya lamang ang tanging maliligtas. Ako—sinabi kong pitong daan sa halip na pitong libo. Tama ba iyan? [Kongregasyon, "Oo."—Pat.] Buweno, talagang ihinihingi ko iyan ng paumanhin, mga kaibigan. Ako—ako—alam kong mas higit pa kaysa riyan. Iyan lamang ay isang pagkakamali ng pananalita, sapagka't alam kong iyan ay pitong libo. Hindi ko lamang iyan nasabi ng tama. Ako . . . At ako—ako'y nagpapasalamat sa inyo. At iyan ay nangangahulugan na . . . Ako ay nagagalak na binabantayan

ninyong mabuti kung ano ang sinasabi ko. At nakita ninyo, kung gayon, iya'y . . . Pagkat, ito, ito'y—ito'y pitong libo.

18 Ako ay may dalawa o tatlong maiikling sulat tungkol diyan, na nagsabing, "Kapatid na Branham, ako ay naniniwalang ikaw ay nagkamali." Sinabi niyon na, "Hindi ba sila ay pitong libo sa halip na pitong daan?"

19 Naisip ko, "Tiyak na hindi ko sinabing pitong daan." Kita n'yo? Iyan, at pagkatapos ako . . . Billy . . .

20 At pagkatapos ako, unang bagay na alam n'yo, kumuha ako ng isa pang maikling sulat. Sabi niyon, "Kapatid na Branham, ikaw ay . . . Ako ay naniniwalang sinabi mong pitong daan."

21 At isang tao ang nagsabing, "Kapatid na Branham, iyan ba ay isang—isang espirituwal na pangitain na—na magkakaroon lamang ng isang pagtitipo, at itinitipo mo iyan sa pitong . . .?" Inilalagay ang mga tao sa alanganin kapag inyong pag-iisipan ang mga bagay na ito, kita ninyo. At iya'y sapat, na, inilalagay ako niyan sa alanganin.

22 Mayroong naganap sa araw na ito nang nahayag ang Tatak na ito, na kailangan kong lubos na lumakad sa labas ng bakuran, lumakad lamang sa paligid, sa labas sa bakuran ng kaunting panahon. Iya'y tama. Halos kunin nito ang hininga ko mismo palayo mula sa akin. Kita n'yo? Kaya kayo ay mangusap, isang tensiyon? Oh, naku! Kita n'yo?

23 Isa pang bagay, kita ninyo, kayo ay nakahilig mismo sa kung anong sinasabi ko. At may pananagutan ako sa Diyos sa kung anong sinasabi ko sa inyo. Kita n'yo? At kaya ako—ako ay kailangang maging ganap na sigurado ng kasing sigurado ng maaaring maging sigurado, kita n'yo, sa mga bagay na ito, sapagka't ito ay isang—isang pambihirang panahon na kinabubuhayan natin. Oo.

24 Iniisip ko ang tungkol sa gawaing pagpapagaling para sa Lunes ng gabi. Makakagambala ba iyan sa iyo, Kapatid na Neville kung saan man? [Sinabi ni Kapatid na Neville, "Hindi kahit kaunti. Ako ay paparito."—Pat.] Iya'y mabuti.

25 Pinakamamahal na Kapatid na Neville! Sinasabi ko sa inyo, sila ay sadyang—sila ay sadyang gumawa ng isa, palagay ko, pagkatapos ay nawala ang tularan. Ito'y isang . . . Siya talaga ay naging isang—isang tunay na katoto at kaibigan ko, sasabihin ko sa inyo.

26 Ang tabernakulo ay naitayo na ngayon, at mayroong mga silid para sa lingguhang pag-aaral at lahat ng bagay ay handa, nasa ayos dito. At ang ilan sa inyong mga tao na narito sa paligid, sa palibot ng Jeffersonville, na nais pumunta sa simbahan, kayo ay mayroong isang mainam na dako, at isang dako upang puntahan, mga silid ng Lingguhang pag-aaral.

27 Mahusay na guro, at si Kapatid na Neville rito, para sa pang-matandang klase, at isang totoong pastor. Hindi ko sinasabi iyan bilang isang pumpon ng mga bulaklak sa kaniya, ngunit mas mabuting bigyan ko siya ng isang munting rosas ngayon kaysa isang buong korona ng mga bulaklak na pinagsama-sama makaraan na siya'y pumanaw na. At si Kapatid—Kapatid na Neville, kilala ko na siya mula pa nang ako ay bata pa. Ngayon, hindi siya nagbago kahit kaunti. Siya pa rin ay si Orman Neville, sadyang tulad ng palaging siya.

28 Naalala ko ang pagbisita. Siya ay mayroong sapat na kaluwagang loob upang hilingin ako sa kaniyang pulpito noong siya ay isang Metodistang mangangaral sa dako rito sa siyudad. At kami ay mayroong isang mainam na kongregasyon doon sa Clarksville, ang. . .Palagay ko iya'y tinawag na Howard Park, Harrison Avenue Methodist church. Palagay ko marahil ay roon ka niya natagpuan, sa dakong iyon, Kapatid na babaeng Neville. Sa dakong iyon, sapagka't siya ay isang miyem-. . .

29 Ako ay bumalik, at sinabi ko sa iglesya rito, sinabi ko, "Iyan ay. . .Iya'y isa sa mga pinakamabuting tao! At isa sa mga araw na ito ay babautismuhan ko siya sa Pangalan ng Panginoong Jesus." Ito ay naganap.

30 Narito siya. At ngayon siya'y matalik kong kaibigan, mismo sa tabi ko. At isang marangal, kagalang-galang na tao! Siya ay palaging tumatayo sa tabi ko sadyang tulad ng. . . sadyang kasing lapit ng kaniyang magagawang pagtayo. Anuman ang sabihin ko, siya ay lumagay lamang mismo kasama ko at nanatili mismo sa tabi ko. Kahit pa nang una siyang pumasok, hindi pa niya naunawaan ang Mensahe noon, ngunit pinaniwalaan niya Iyon at siya ay nanatili mismo kasama Nito. Iya'y karangalan, iya'y mga pagrespeto, sa isang kapatid na tulad niyan. Hindi ako makapagsasabi ng sapat para sa kaniya. At ngayon pagpalain siya ng Panginoon. O sige.

31 Ngayon isang munting pagbabalik-tanaw ng nakaraang gabi, sa pagbubukas ng Ikalimang Tatak. Hindi natin babalikan lahat ngayong gabi, babalik lamang ng sapat upang kunin ang—ang Ikalimang Tatak.

32 Ngayon, natuklasan natin na naroon ang anti-cristo na nakasakay, at pinagsama-sama ang kaniyang sarili, mula sa tatlong kapangyarihan. Lahat ay nagtungo sa isang kapangyarihan, at sinakyan ang maputlang kabayo, "Kamatayan," tungo sa isang di-maarok na hukay, tungo sa kapahamakan, kung saan iyon nagmula. At pagkatapos ay natuklasan natin nang ang. . .

33 Sinasabi ng Kasulatan na, "Kapag ang kaaway ay dumating tulad ng isang baha, ang Espiritu ng Diyos ay nagtatayo ng isang pamantayan laban doon." At nakita natin iyan na ganap na pinagtibay sa Salita kagabi, sapagka't mayroong apat na

mga Hayop na—na sumagot sa—sa apat na beses na pagsakay ng mangangabayong ito.

34 At siya ay sumakay sa iba't-ibang kabayo bawat panahon, isang maputing kabayo, at pagkatapos isang mapulang kabayo, at isang maitim na kabayo, at pagkatapos isang maputlang kabayo. At natuklasan natin, ang mga kulay na iyon, at kung ano sila at kung anong kanilang ginawa. Pagkatapos ay dalhin ito mismo pabalik sa mga kapanahunan ng mga iglesya, at tamang-tama iyan ang nagawa niyon, sadyang walang kamali-mali.

35 Samakatuwid, nakita n'yo, kapag ang Salita ng Diyos ay magkasamang nagtutugma, iyan ay nangangahulugang Ito'y tama, kita n'yo. Oo. Naniniwala ako, anumang bagay na umaayon sa Salita ng Diyos ay palaging "amen." Kita n'yo?

36 Ngayon, tulad ng isang taong nagsabi na sila ay may pangitain, at sinabing iyon nga. Oh, alam nila na ibinigay iyon ng Panginoon, sapagka't iyon ay dumating na may kasamang dakilang kapangyarihan. Buweno, ang pangitain ay maaring mabuti. Ngunit kapag iya'y hindi ayon sa Salita, at salungat sa Salita, iyan ay hindi tama. Kita n'yo?

37 Ngayon, ngayon maaaring mayroong kasalukuyan, ilang mga kapatid na Mormon o kapatid na babae. At maaring mayroong ilan na makakuha ng mga teyp na ito, ngayon. At hindi ko gustong sabihin na . . . Ilan sa mga pinakamabuting mga tao na aking at inyong gustong makilala, ay magiging— magiging nasa mga taong Mormon; napakabuting tipo ng mga tao. At pagkatapos ang kanilang—kanilang propeta, si Joseph Smith, na pinatay ng mga Metodistang tao rito sa Illinois, sa kanilang paglalakbay. At kaya pagkatapos ang—ang mabuting taong iyan, at ang pangitain, hindi nga ako nag-aalinlangan kundi kung anong nasa kaniyang pangitain. Ako ay naniniwalang siya ay isang sinserong tao. Ngunit ang pangitain na mayroon siya ay salungat sa Kasulatan. Kita n'yo? Samakatuwid, kailangan nilang magkaroon ng isang Bibliang Mormon, upang—upang gawin iyon. Kita n'yo?

38 *Ito na* Iyon dito, sa akin. Ito na. Iyan ang dahilan, ang Salita lamang. Iyan nga. Kita n'yo?

39 Minsan, isang—isang—isang ministro ang dumating dito mula sa isang ibang bansa, at siya . . . At nakita ko siya sa labas kasama ang isang—isang . . . lumilibot na nakasakay sa isang kotse, na hindi . . . kasama ang isang—isang babae. At sila ay pumunta sa isang pagtitipon. At natuklasan ko, sila ay nagbiyahe ng dalawa o tatlong araw, silang dalawa lamang, sa isang pagtitipon, upang pumunta sa pagtitipon, magkasama. At ang babae ay nakasal na, tatlo o apat na iba't-ibang beses.

40 At ang ministrong ito ay umakyat sa bulwagan ng hotel kung saan ako naroroon, at tumakbo at nakipagkamay sa akin. At kinamayan ko ang kaniyang kamay, tumayo at nakipag-usap

sa kaniya. Tinanong ko siya, sabi ko, "Kapag ikaw ay walang ginagawa, maaari ba kitang makausap sa silid ko ng sandali?"

Sabi niya, "Tiyak, Kapatid na Branham."

41 Dinala ko siya sa silid. At sinabi ko sa ministro, sabi ko, "Kagalang-galang, ginoo, ika'y isang estranghero sa bayang ito." Sabi ko, "Ngunit ang babaeng ito ay kilalang—kilala." Sabi ko, "At . . . At ikaw ay nagmula pa mula sa *ganoon-at-ganitong* dako, patungo rito sa *ganoon-at ganitong* dako?"

Sabi, "Oo, ginoo."

42 At ang sabi ko, "Hindi ka ba natatakot na iyan ay tipong . . . Hindi kita pinagdudahan, ngunit hindi mo ba naiisip na iyan ay makakaapekto sa iyong reputasyon bilang isang ministro? Hindi mo ba naiisip na kailangan nating maglagay ng kaunting mas mabuting halimbawa kaysa riyan?"

At sabi niya, "Oh, ang babaeng ito ay isang banal."

43 Sabi ko, "Hindi ko—hindi ko pinagdudahan iyan." Ngunit sabi ko, "Ngunit, kapatid, ang bagay nito ay, lahat ng taong tumitingin sa kaniya ay hindi isang banal, kita mo, iyan ay tumitingin sa kung anong ginagawa ninyo." At ang sabi ko, "Ako ay naniniwalang ikaw ay dapat na higit na mag-ingat. Iya'y isang payong kapatid lamang sa isa pa." At sabi niya . . . Sabi ko, "Ang babae ay nakasal na ng apat o limang beses ngayon."

At sabi niya, "Oo, alam ko iyan." Sabi, "Alam mo, ako—ako . . . "

44 Sabi ko, "Hindi mo iyan itinuro sa iyong iglesya sa iyong pinananahanan, di ba, para riyan?"

45 Kaya ang sabi, "Hindi. Ngunit," sabi, "alam mo, ako ay mayroong isang pangitain nito, Kapatid na Branham."

Sabi ko, "Buweno, iya'y mainam." Sabi ko . . .

46 Sabi niya, "Ayos lang ba sa iyo?" Sabi, "Ako ay naniniwalang maitutuwid kita ng kaunti pa sa iyong katuruan tungkol diyan."

47 At ang sabi ko, "O sige." At kaniyang . . . Sabi ko, "Ako—ako—ako ay magagalak na malaman iyan, ginoo."

48 At sabi niya, "Buweno," sabi, "alam mo, sa pangitaing ito," sabi niya, "Ako ay tulog."

At ang sabi ko, "Oo." Nakita ko, pagkatapos, na iyon ay isang panaginip. Kita n'yo?

49 At sabi niya, "Ang aking—aking asawa," sabi, "siya ay namumuhay na may ibang lalaki," at ang sabi, "nagliliwaliw sa palibot ko." At ang sabi, "Pagkatapos siya ay pumunta sa akin, at sinabi niya sa akin, 'Oh, sinta, patawarin mo ako, patawarin mo ako!' Sabi, 'Ako—ako—ako—ako'y nagsisisi na ginawa ko iyon. Ako'y magiging tapat mula ngayon.'" Sabi, "Siyempre, mahal na mahal ko siya ng lubos, pinatawad ko na lamang siya, sinabing, 'Ayos na.'" At ang sabi, "Pagkatapos . . . "

50 At ang sabi, "Alam mo ba kung ano? Pagkatapos ay nakuha ko ang interpretasyon ng pangitaing ito." Sabi, "Iyon ay ang babae." Sabi, "Totoo, siya ay nakasal na, at—at kung anu-ano pa, at lahat ng mga pagkakataong ito." At sabi, na, "Ayos lang para sa kaniya ang magpakasal, sapagka't mahal na mahal siya ng Panginoon. Maari siyang magpakasal ng kasing daming beses niyang naisin, basta't . . . "

51 Sabi ko, "Ang Iyong pangitain ay talagang napakaganda, ngunit iyan ay napakalayo sa tamang Landas dito." Sabi ko, "Iya'y—iya'y mali, kita mo. Hindi mo dapat gawin iyan." Kaya . . . Kita n'yo?

52 Ngunit kapag nakita n'yo ang Kasulatan, isang pagtutugma sa Kasulatan, ginagawa iyan na isang panay tuloy-tuloy na hindi nagbabago kung saan sila nagkatugma. Ang mga Kasulatan, kung saan iniwan ng isang Ito rito, ang isang Ito na nasa banda rito ay darating at dudugtong, at ilalabas ang buong larawan.

53 Tulad ng pagdudugtong-dugtong ng isang palaisipang mga halu-halong salita, katulad. Hahanapin n'yo ang piraso na aakma. Wala nang iba pang aakma roon. Pagkatapos ay makukuha ninyo ang larawan na maayos.

54 At mayroon lamang Isa na makagagawa niyan, iya'y ang Cordero, at kaya tayo'y umaasa sa Kaniya.

55 Ngunit natuklasan natin nang ang mga ito, itong mangangabayo, siya ay isang mangangabayo lamang na sumakay sa mga kabayong ito. At pagkatapos ay sinundan natin siya mismo pababa, nakita kung anong kaniyang nagawa at lahat na, at natuklasan, pabalik sa mga kapanahunan ng iglesya na iya'y tamang-tama kung anong kaniyang ginawa.

56 Pagkatapos nang siya ay lumabas sa isang hayop at gumawa ng isang bagay, natuklasan natin na mayroong isang isinugo upang labanan kung anong kaniyang ginawa.

57 Mayroong isa na isinugo para sa unang kapanahunan, ng cordero . . . ng leon. Iyan ay ang Salita, siyempre, si Cristo.

58 Sumunod ay ang guya, sa panahon ng madilim na kapanahunan, nang—nang ang—ang iglesya ay nag-organisa at tinanggap ang mga dogma sa halip na ang Salita.

59 At tandaan, ang buong bagay ay batay sa dalawang bagay: isa, isang anti-cristo; ang isa pa, kay Cristo.

60 Ganoon pa ring bagay sa araw na ito. Walang kala-kalahating mga Cristiano. Walang lasinggerong-mapagtimping tao; walang maitim na maputing mga ibon; wala, wala; walang makasalanang-banal. Wala. Ika'y alin sa dalawa isang makasalanan o isang banal. Kita n'yo? Walang sadyang nasa pagitan. Ika'y alin sa dalawa ipinanganak na muli o ika'y hindi ipinanganak na muli. Ika'y alin sa dalawa puspos ng Banal na Espiritu o ika'y hindi puspos ng Banal na Espiritu.

Kahit gaano karaming sensasyon pa mayroon ka, kung ikaw ay hindi puspos ng Banal na Espiritu, hindi ka puspos Nito. Kita n'yo? At kung ikaw ay puspos Nito, ipinapakita iyon ng iyong buhay, sumasang-ayon mismo Rito. Kita n'yo? Walang sinumang kailangang magsabi sa iyo ng tungkol doon. Nakikita nila ito, kita n'yo, pagka't Ito'y isang Tatak.

61 Ngayon, at natagpuan natin ang mga hayop na iyon, kung paano sila tumakbo sa bawat panahon. Isa ay isinugo sa kaniyang ministeryo, sa kapangyarihang pulitikal, pinagkakaisa ang pangrelihiyong mga kapangyarihan at—at ang mga kapangyarihang pulitikal, pinagsasama. Natuklasan natin, isinugo ng Diyos ang Kaniyang kapangyarihan upang labanan iyon. Tayo ay bumalik mismo at nakita kung ano nga ang kapanahunan ng iglesya, at tumingin pabalik; at naroon nga iyon, sadyang tamang-tamang sa gayong paraan.

62 Pagkatapos ay natuklasan natin, panibagong kapanahunan ang dumating, at isinugo palabas ng kaaway ang anti-cristo sa ilalim ng pangalan ng relihiyon, sa ilalim ng Pangalan ni Cristo, sa ilalim ng pangalan ng Iglesya. Opo, ginoo. Lumabas sa ilalim na Pangalan ng Iglesya pa nga. "Iyan ay ang tunay na Iglesya," sabi niya. Kita n'yo?

Ang anti-cristo ay hindi ang Russia. Hindi iyan ang anti-cristo.

63 Ang anti-cristo ay napakalapit na tulad ng tunay na Cristianismo, hanggang, sabi ng Biblia, "Malilinlang niyon ang lahat ng bagay na hindi itinalaga." Iya'y tama. Sinabi ng Biblia na, "Sa mga huling araw, lahat ng mga bagay na hindi itinalaga, ang Hinirang." Sinasabi nitong, "Ang Hinirang!" Ngayon, sinuman, kunin ang salitang iyan at ihambing ito pabalik sa inyong mardyin, tingnan ninyo kung anong ibig sabihin nito. Sinasabi nito, "Ang hinirang, itinalaga." Kita n'yo? "Malilinlang nito ang bawat isa sa kanila na ang mga pangalan ay wala sa Aklat ng Buhay ng Cordero mula pa nang itatag ang sanlibutan."

64 Nang ang Cordero ay paslangin, ang mga pangalan ay nailagay sa Aklat. Siya ay nakatayo sa Banal na Dako ngayong gabi, sa Kaluwalhatian, bilang isang Tagapamagitan, namamagitan para sa bawat isa ng mga kaluluwang iyon na ang mga pangalan ay nasa Aklat na iyon. At walang sinumang nakaaalam ng pangalang iyan kundi Siya. Siya ang Isa na nakakuha ng Aklat sa Kaniyang kamay, at alam Niya. Kapag ang huling isa ay pumasok, kung gayon ang Kaniyang mga araw ng pamamagitan ay tapos na. Siya ay darating pagkatapos upang kunin kung ano'ng Kaniyang ipinamagitan. Ginagawa Niya ang gawaing Kamag-anak na Manunubos ngayon; at dumating upang kunin ang Kaniyang Sarili. Oh, naku!

65 Iyan dapat ang magtulak sa bawat Cristiano upang—upang saliksikin ang kaniyang sarili, at itaas ang kaniyang mga kamay

sa harapan ng Diyos, at sabihing, "Linisin ako, O Panginoon! Tumingin sa buhay ko, at—at hayaan akong— hayaan akong makita kung nasaan ang aking masamang bahagi. Hayaan alisin ko iyan sa daanan, kaagad-agad." "Sapagka't kung ang matuwid ay bahagyang maliligtas, saan magsisiharap ang makalasanan at ang mga di-maka-Diyos?" Oras na ng pagsasaliksik at pagtutuwid.

66 At kung ilalagay ninyo iyan, at gusto na . . . at ibigay ang Salitang ito. (Ngayon, hindi ko gusto na, na tanungin ako ng isang katanungan tungkol dito, pagka't dinadala ako niyan deretso tungo sa iba pa; Ibig kong sabihin, sa pagsusulat ng inyong mga katanungan. Palagay ko ang mga katanungan ay tapos na, kahit papaano.) Ito ang panahon ng pagsisiyasat ng kahatulan. Iya'y tama. Ngayon, makukuha natin iyan sa—sa mga Trumpeta kapag tayo ay dumating diyan, kung kailan ilalaan ng Panginoon, o ang mga Mangkok, at matatagpuan natin diyan sa pagsisiyasayat ng paghatol, kung kailan sadyang bago lumabas ang mga Kapighatian. At—at makita natin na iyan ay totoo. At ang tatlong Angel na humagip sa lupa, sumisigaw, alam n'yo, "Sa aba! Sa aba! Sa aba sa mga nananahan sa ibabaw ng lupa!"

At tayo'y nabubuhay sa isang kakila-kilabot na panahon, isang panahon na . . .

67 Nakita n'yo, ang mga bagay na ito kung saan tayo'y naroon ngayon, na pinag-aaralan natin mismo ngayon, ay makaraan na ang Iglesya ay tapos nang lumisan, kita n'yo, ang mga bagay na ito sa kapanahunan ng Kapighatian. At palagay ko iyan ay kailangang malutas na sa bawat puso ng mga mananampalataya, na ang Iglesyang ito ay hindi kailanman magdaranas ng panahon ng Kapighatian. Hindi n'yo mailalagay, kahit saan, ang Iglesya sa Kapighatian. Ako . . . Ilagay ninyo ang iglesya roon, ngunit hindi ang Nobya. Kita n'yo, ang Nobya ay umalis na.

68 Pagkat, kita n'yo, Siya, Siya ay wala ni isang kasalanan, wala ni isang bagay laban sa Kaniya. Tinakpan Siya ng biyaya ng Diyos sa kabuuan. At inilayo ng malayong malayo ng pampaputi ang lahat kasalanan, wala na ni isang alaala niyon; wala ni isang bagay kundi kadalisayan, kasakdalan, sa Presensiya ng Diyos. Oh, ito'y dapat na maghatid sa Nobya na lumuhod sa Kaniyang mga tuhod at tumawag sa Diyos!

69 Ako ay may naiisip na isang istorya; kung hindi ko masyadong nakukuha ang inyong panahon ngayon, sa panimulang ito. Ako'y . . . Aking—aking gagawin ito para sa isang layunin, upang madama, hanggang sa madama ko ang Espiritu nang tama, upang magpasimula.

70 Ito ay isang—ito ay isang sagradong bagay. Kita n'yo? Ito'y, kita n'yo, sinong nakakaalam ng mga bagay na iyan doon? Walang sinuman kundi ang Diyos. At sila'y hindi dapat na mahayag, at pinatunayan sa Biblia na sila ay hindi mahahayag, hanggang sa araw na ito. Iya'y eksaktong tama. Kita n'yo? Sila

ay—sila ay hinula-hulaan; ngunit ngayon ay dapat na makuha natin iyan ng tamang-tama, ang Katotohanan, pinagtibay na Katotohanan. Kita n'yo? Pansinin.

71 Ngayon, mayroong isang—isang munting babae sa kanluran, na kung paano siya—siya napa-ibig sa isang. . . Isang lalaki ang napaibig sa kaniya. Bilang isang mamimili ng mga baka, lumabas doon para sa Armour Company. At—at sila ay may isang—isang malaking . . .

72 Ang amo ay dumating isang araw, ang anak ng amo mula sa Chicago, at, siyempre, inilagay nila sila sa isang regular, na kanluraning pananamit. Ang—ang mga kababaihan doon, sila ay nagsipagbihis; bawat isa ay gustong makuha ang lalaking ito, tiyak, alam n'yo na, pagka't iyan ang anak ng pangunahing tao. Kaya, sila ay nagbihis sa kanilang pangkanlurang pananamit.

73 At—at ginagawa nila iyan doon sa kanluran. Sila ay katatapos pa lamang sa isa sa mga pangyayaring iyon. At si Kapatid na Maguire, palagay ko siya'y narito ngayon, hinuli nila siya sa kabayanan na hindi nakasuot ng kaniyang pangkanluraning damit, at ikinulong nila siya sa—sa kulungan. At inilagay siya sa isang korteng nag-aayos ng mga kaso na liban pa sa batas-gobyerno, pinagbayad siya dahil doon, at pagkatapos ay pinabili siya ng kasuotang pangkanluran. At nakita ko ang iba sa kanila na lumalakad sa paligid na mayroong mga baril na mga *ganiyan* kahaba, nakasabit sa kanila. Sila ay sadyang nagiging katutubo roon. Sinisikap nilang mamuhay sa isang bagay sa mga lumipas na mga araw, nakaraan. Kita n'yo?

74 At pagkatapos, sa Kentucky, kayo ay nagsisikap na mabuhay sa isang lumipas nang mga araw ng silangan dito, pabalik pa rin sa Lambak ng Renfro at mga bagay. Gusto ninyong bumalik sa mga sinaunang mga araw. Mayroong isang bagay na nagtutulak niyan.

75 Ngunit kapag iyon ay dumating pabalik, sa pagbabalik sa isang Ebanghelyo sa orihinal, hindi ninyo gustong gawin iyan. Gusto ninyo ng isang bagay na moderno, kita n'yo. Ipinapakita lamang na, kita n'yo, kayo—kayo . . . mayroong isang . . .

76 At ano ang nagtutulak sa isang—isang tao na gumawa ng mali? Anong nagtutulak sa kaniya na maglasing at magwalang bahala, o isang babae na gumawa ng mali? Ay dahil sinisikap niya na . . . Mayroong isang bagay sa kaniya, nauuhaw. Mayroong isang bagay sa kaniya, nauuhaw. At sinisikap nilang patirin ang banal na pagka-uhaw na iyan ng mga bagay ng sanlibutan. Samantalang, ang Diyos dapat ang pamatid uhaw na iyon. Ginawa ka Niya sa ganiyang kalagayan, upang mauhaw. Iyan ang dahilan na ikaw ay nauuhaw para sa isang bagay. Ginawa ka ng Diyos na ganiyan, para iyong ibaling ang banal na pagka-uhaw na iyan sa Kaniya. Kita n'yo? Ngunit kapag sinubukan ninyong patirin ang kauhawan na iyan . . . Napakapangahas ang sinuman na gawin iyon! Wala kayong

karapatan upang gawin iyan, upang tangkaing patirin ang banal na pagka-uhaw na iyan na ikaw ay nauuhaw para sa isang bagay, at, pagkatapos, at iyong ibabaling iyan sa sanlibutan, tangkaing lubusin iyan sa pamamagitan ng sanlibutan. Hindi mo magagawa iyan. Mayroong lamang isang bagay na makakapuno nito, at iya'y ang Diyos. At ginawa ka Niya sa ganiyang paraan.

77 Kaya, itong—itong mga kabataang kababaihan ay nagsipagbihis ng isang—isang regular na pangkanluraning kagayakan para sa lalaking ito kapag siya—siya ay lumabas. At bawat isa sa kanila ay tiyak na makukuha nila ang lalaking ito.

78 Mayroong isang munting pinsan doon sa rantso, at siya ay isang ulila, at kaya ginagawa na lang niya ang lahat ng—ng trabaho para sa mga ito. Pagka't, kailangan nilang ipaayos ang kanilang mga kuko, alam n'yo na, at hindi nila mahuhugasan ang mga pinagkainan dahil sa mga kamay at mga bagay. At ginawa niya ang lahat ng talagang mahirap na trabaho.

79 At pagkatapos, sa wakas, nang ang lalaki ay dumating, sila ay lumabas at dinala siya sa isang makalumang pangkanluraning istilo, at isang bukas na karwahe. At sila ay nagsidating, pinapapaputok ang kanilang mga baril at nagsasaya, alam n'yo na, at nagwawala. At nang gabing iyon mayroon silang isang lubhang malaking sayawan doon, sa isang—sa isang makalumang sayaw, at lahat ng mga rantsero sa paligid, sa palibot, at dumarating sa kanilang pagsasayaw, at kung anu-ano pa. At, unang bagay alam n'yo, aba, ito ay nagpatuloy, kasayahan para sa dalawa o tatlong mga araw.

80 Pagkatapos, isang gabi, ang lalaking ito ay lumabas, hanggang . . . mula sa lugar, upang magpahinga lamang sandali mula sa pagsasayaw, at lumayo sa mga kababaihang ito. At siya ay nagkataong tumingin, patungo pababa sa may baklad. Doon ay mayroong isang munting babae, tipong mukhang marungis. At siya ay mayroong isang malaking hugasan ng mga pinagkainan at gamit sa kusina na puno ng tubig, hinugasan niya ang mga pinagkainan. At naisip niya, "Hindi ko pa siya nakita noon. Nagtataka ako kung saan siya nanggaling?" Kaya sadyang ipinasya niya na magtungo paikot sa may tagiliran ng—ng kuwartel para sa mga rantsero at trabahador, at pumunta pababa roon at bumalik, sa tabi ng baklad, at sinalubong siya.

81 Siya ay nakapaa. Siya ay huminto. Iniyuko niya ang kaniyang ulo. Nakita niya kung sino iyon, at siya ay napakamahiyain. Kilala niya ang dakilang taong ito. At siya ay isa lamang pinsan sa ibang mga kababaihang ito. Ang kanilang ama ay isang katiwala dito sa malaking Kasuotang baluti, kaya sila ay nanatiling . . . Nanatili siyang nakayuko. Siya ay nahihiya na nakapaa lamang.

82 Sabi niya, "Ano ang pangalan mo?" Sinabi niya sa kaniya. Sabi, "Bakit wala ka roon sa . . . kung saan naroon ang iba sa kanila?" At siya ay tipong gumawa ng mga dahilan.

83 At kaya, nang sumunod na gabi, siya ay nagmasid muli para sa kaniya. Sa wakas. . . Siya ay nakaupo sa labas roon. At silang lahat ay nagtungo sa pagsasaya, lahat na. Siya—siya ay umupo sa baklad na bakod at naghintay para sa kaniyang pagdating, itapon ang tubig na pinaghugasan. At pinanood niya siya. At sinabi niya sa kaniya, sinabi niya, "Alam mo ba ang tunay na layunin ko sa pagparito?"

Sabi niya, "Hindi, ginoo. Hindi ko alam."

84 Sabi, "Ang layunin ko sa pagparito ay maghanap ng isang asawa." Sabi niya, "Nakakita ako ng isang katangian sa iyo na wala sa kanila." Iniisip ko ang Iglesya, nakita n'yo. Sabi, "Pakakasalan mo ba ako?"

Sabi niya, "Ako? Ako? Ako—hindi ko maisip ang gayong bagay, ako."

85 Kita n'yo, iya'y ang anak na lalaki ng pangunahing amo. Pag-aari niya ang lahat ng mga kompanya at mga rantso sa buong bansa, at lahat na, nakita n'yo. Sabi, sabi, "Oo." Sabi, "Ako—hindi ako makakatagpo ng isa sa Chicago. Ako—gusto ko ng isang tunay na asawa. Gusto ko ng isang asawa na may katangian. At ang bagay na hinahanap ko, nakita ko ito sa iyo." Sabi, "Pakakasal ka ba sa akin?"

Sabi niya, "Buweno. . ." Ginulat siya niyon. At sinabi niya, "Oo."

86 At sinabi niya, "Buweno. . ." Sinabi sa kaniya na siya ay babalik. Sabi, "Ngayon, ihanda mo lamang ang iyong sarili, at isang taon mula ngayon ako'y babalik. Buweno. . . At kukunin kita, at ilalayo kita mula rito. Hindi mo na kailangang magtrabaho pa ng katulad nito. Kukunin kita. At ako'y pupunta sa Chicago, at ipagtatayo kita ng isang tahanan tulad ng hindi mo pa nakita kailanman."

87 Sabi niya, "Ako'y hindi, hindi pa—hindi pa kailanman nagkaroon ng isang tahanan. Ako ay isang ulila," sinabi niya.

88 Sabi niya, "Ipagtatayo kita ng isang tahanan, ng isang tunay." Sabi, "Ako'y babalik."

89 Patuloy niyang sinubaybayan siya, sa panahong iyan, buong taon. Siya ay nagtrabaho sa lahat ng kaniyang makakaya, upang makapag-ipon ng sapat na salapi sa kaniyang isang dolyar-isang-araw, o anumang mayroon siya sa kaniyang pinagkakakitaan, upang bumili ng damit pangkasal para sa kaniya. Perpektong tipo ng Iglesya! Kita n'yo? Kita n'yo? Naihanda na niya ang kaniyang mga kasuotan.

90 At, alam n'yo, nang kaniyang ipinakita itong kasuotang pangkasal, ang kaniyang—kaniyang mga pinsan ay nagsabing, "Bakit, ikaw na kaawa-awang, uto-utong bata. Ang ibig mo bang isipin ang isang lalaking tulad niyon ay magbibigay ng anumang pansin sa iyo?"

91 Sabi niya, “Ngunit nangako siya sa akin.” Amen. Sabi, “Siya ay nangako.” Sabi, “Pinaniniwalaan ko ang kaniyang salita.”

92 “Oh, niloloko ka lamang niya.” Sabi, “Kung siya’y kukuha ng sinuman, kukuha siya nang isa sa kanila.”

93 “Oo,” sabi, “ngunit ipinangako niya sa akin. At tumitingin ako para doon.” Amen. Ako, rin.

94 Kaya, patuloy na lumipas at lumipas. Sa wakas ay dumating ang araw, takdang oras na kailangan siyang maparoon, kaya siya ay nagbihis sa kaniyang kasuotan. At hindi siya nakabalita man lamang mula sa kaniya. Ngunit alam niyang siya ay mapaparoon, kaya siya ay nagbihis sa kaniyang pangkasal, inihanda ang mga bagay.

95 Buweno, pagkatapos ay talagang sila ay pinagtawanan nila ito. Dahil, ang pangunahing amo ay nagpadala sa—sa katiwala, o—o sa . . . Walang sinuman sa mga kababaihan ang nakarinig ng anuman tungkol doon, kaya lahat iyon ay isang misteryosong bagay sa kanila. Iyan nga, rin. Tiyak nga ito.

96 Ngunit ang babaeng ito, sa harap lamang ng lahat ng ito, nanalig batay sa kaniyang salita na siya ay magbabalik para sa kaniya.

97 Kaya, sila ay nagtawanan. At naghawak—hawak ng kanilang mga kamay, sa isa’t isa at nagsasayaw sa palibot niya. Sabi, “Ha!” Nagtatawanan, alam n’yo, tulad niyan, sabi, “Kaawa-awang, munting, uto-utong bata!”

98 Tumayo lamang siya roon, wala ni kaunting pamumula sa kaniya. Hawak-hawak niya ang kaniyang mga bulaklak. At ang kaniyang kasuotang pangkasal ay ayos na lahat; siya ay nakipagpunyagi, alam n’yo. “Ang Kaniyang Nobya ay pinaging handa ang Kaniyang sarili.” Kita n’yo? Nanatili lamang siyang hawak-hawak ang kaniyang mga bulaklak, naghihintay.

99 Ang sabi nila, “Ngayon, sinabi ko sa iyo na iyan ay mali. Nakita mo, hindi siya darating.”

Sabi, “Ako ay mayroon pang limang minuto.” Sabi, “Darating siya rito.”

Oh, nagtawanan lamang sila!

100 At halos tama lang na ang lumang orasan ay tumiktak sa ikalimang minuto, narinig nila ang mga kabayong kumakaskas, ang mga buhanging gumugulong sa ilalim ng mga gulong. Ang lumang bukas na karwahe ay tumigil.

101 Siya ay tumalon mula sa pagitan nila, at lumabas sa pinto. At siya ay tumalon palabas ng karwahe, at siya ay yumakap sa kaniyang mga bisig. Sabi niya, “Tapos nang lahat ito ngayon, giliw.” Iniwan ang kaniyang munting matatandang pinsang mga denominasyon na nakaupo roon, nakatingin. Siya—siya ay nagtungo sa Chicago, sa kaniyang tahanan.

102 Mayroon akong alam na isa pang dakilang pangako tulad niyan, din, gayunman. "Ako'y aalis upang maghanda ng isang dako para sa inyo; babalik upang tanggapin kayo." Maaring kanilang sinasabing tayo'y mga baliw. Ngunit, kapatid, sa akin, mismo ngayon, at ang mga Tatak na ito na nabubuksan na gaya nito, sa ilalim ng supernatural na bagay na ito, halos naririnig ko na ang tunog, habang ang orasang iyan ng panahon ay tumitiktak patungo sa Walang Hanggan doon. Halos nakikita ko na ang Anghel na iyan na nakatayo roon at nagsasabing, sa hulihan ng Mensahe ng ikapitong anghel na iyan, "Matatapos na ang panahon." Iyang munting, tapat na Nobya ay lilipad palayo tungo sa mga bisig ni Jesus isa sa mga araw na ito, dadalhin tungo sa Bahay ng Ama. Isipin natin ang mga bagay na ito habang tayo'y nagpapatuloy ngayon.

103 Pansinin ang ministeryo ng leon, ang Salita; ang guya, ang paggawa at sakripisyo; ang katalinuhan, ng mga repormador; at ang—ang kapanahunang agila, na pumapasok, iya'y upang ihayag at pulutin ang mga bagay na ito at ipakita sila.

104 Ngayon natuklasan natin, sa gawain kagabi, gayun din, ang dakilang hiwagang nabuksan kasama ng Tatak na ito, na ganap na salungat sa nauna kong pagkaunawa. Nagbabakasakali lamang na iyon ay tama, palagi kong ipinagpalagay na silang mga kaluluwa sa ilalim ng dambana ay mga sinaunang Cristiyanong martir. Ngunit natuklasan natin, kagabi, nang buksan ng Panginoong Diyos ang Tatak na iyan para sa atin, iyan ay ganap na imposible. Hindi sila iyon. Sila ay nagtungo na sa Kaluwalhatian, deretso sa kabilang bahagi, at naroon sila. Natuklasan natin na sila ay mga Hudyo na darating sa panahon, kung saan ang . . .

105 Mula sa pagtawag ngayon, ng sangdaan at apatnapu't apat na libo, na makukuha natin ngayong gabi at bukas. At—at sa pagitan ng Ika-anim at Ikapitong Tatak, ang sangdaan at apatnapu't-apat na libo ay tinawag.

106 At pagkatapos ay natuklasan natin, na sila ay mga martir na pinatay na, at gayun pa ma'y hindi pa . . . Nakasuot ng maputing mga balabal, ngunit ang kanilang mga pangalan ay nasa Aklat ng Buhay ng Cordero. At sila ay binigyan ng mga maputing balabal, bawat isa sa kanila. At nakuha natin iyan. At iya'y walang anuman sa mundo, hindi ako naniniwala, ngunit ang pangkat na iyan ng—ng mga Hudyo na nagtungo sa pangunang kapanahunan ng kapighatian. Nang, sa panahong ito ng mga huling digmaan, sila ay . . . sila'y . . . Sila ay kailangang kamuhian ng lahat ng tao. At pinatay ni Eichman ang milyun-milyon sa kanila sa Alemanya. Sadyang narinig ninyo ang paglilitis. Pinatay ang milyun-milyong mga inosenteng tao, mga Hudyo, dahil lamang sila ay mga Hudyo; wala nang iba pang dahilan.

107 Ang sabi ng Biblia rito, na, "Sila ay pinatay dahil sa kanilang patotoo sa Diyos, para sa—sa Salita ng Diyos, at sa patotoong sumakanila." Ngayon natuklasan natin na ang Nobya ay ang Salita ng Diyos at ang patotoo ni Jesus Cristo. Ang mga ito ay walang patotoo ni Jesus Cristo.

108 At natuklasan natin na sinabi ng Biblia, na, "Lahat ng Israel, ang itinalagang Israel, ay maliligtas," Mga Taga Roma 11. Ngayon alam natin iyan. At doon ay nakita natin silang mga kaluluwa.

109 Ngayon tingnan kung gaano kalapit. Bakit hindi maaari ito noong una? Sapagka't hindi ito naganap noong una. Ngayon nakikita n'yo ito, kita n'yo. Kita n'yo, ang dakilang Banal na Espiritu, nakikita ang mga bagay na iyon na bumababa sa pagpapatuloy ng—ng mga kapanahunan at mga oras. At ngayon iya'y nahahayag, at pagkatapos kayo ay tumingin doon at nakita na iya'y ang Katotohanan. Doon ay kung saan ito'y naroon.

110 Ngayon, iyon ay—iyon ay ang mga martir sa kapighatian, o ang pang-unang kapighatian, ni Eichman. Ngayon, itinitipo lamang nila ang mga martir ng sangdaan at apatnapu't apat na libo, na pumapasok sa, pagitan ng Ikaanim at Ikapitong Tatak. Kita n'yo?

111 At ang Ikapitong Tatak ay isang bagay lamang, iyan lang lahat, at ito, "Iyon ay katahimikan sa Kalangitan sa loob ng kalahating oras." At ngayon tanging ang Diyos ang makapaghahayag niyan. Ito'y ni hindi isinimbolo, kahit saan. Iya'y bukas ng gabi. Manalangin para sa akin. Kita n'yo?

112 Ngayon, napansin natin ngayon, habang tayo ay tumutungo sa Ikaanim na Tatak. Ngayon nawa ang Makalangit na Ama ay tulungan tayo habang tayo ay tumutungo ngayon sa Ikaanim na Tatak na ito. Ngayon ang ika-12 talatang ito ng ika-6 na kabanata.

> *At nakita ko nang...buksan niya ang ikaanim na tatak, at, narito, nagkaroon ng malakas na lindol; at ang araw ay umitim na gaya ng isang magaspang na kayong buhok na maitim, at ang buong buwan ay naging gaya ng dugo;*
>
> *At ang mga bituin sa langit ay nangahulog...sa lupa, gaya ng puno ng igos* na isinasambulat *ang kaniyang mga bungang bubot, pagka hinahampas siya ng malakas na hangin.*
>
> *At ang* kalangitan *ay nahawi na gaya ng isang lulong aklat* kung *nalululon; at bawa't bundok at* bawat *pulo ay naalis sa kanilang kinatatayuan.*
>
> *At ang mga hari sa lupa, at ang mga prinsipe, at ang mga pangulong kapitan, at ang mayayaman, at ang mga makapangyarihan, at ang bawa't alipin-...at ang*

*bawa't laya, ay nagsipagtago sa mga yungib at sa mga bato sa mga bundok;*

113 Pansinin doon? Tingnan sila, "makapangyarihang mga tao," kita n'yo. Ano ang kanilang nagawa? "Natanggap nila ang alak ng poot ng pakikiapid ng patotot." Kita n'yo? Iya'y tamang-tamang ang gayun ding klase na uminom ng kaniyang alak. Kita n'yo?

*At sinabi sa mga bundok at sa mga bato, Mahulog kayo sa amin, at kami'y itago sa mukha noong nakaupo sa luklukan, at mula sa galit ng Cordero:*

*Sapagka't dumating na ang dakilang araw ng kaniyang kagalitan; at sino ang makatatayo?*

114 Anong isang panimula sa . . . Kita n'yo, ang mangangabayo ngayon, ang mga hayop ng mangangabayo, at ang sumasagot na mga Hayop, ay natigil na. Pagkatapos, tayo'y iniakyat, nakita natin ang mga martir sa ilalim ng Trono. Ngayon ito, mula sa panahon, ang mga martir na ito ay totoong ang Orthodox na mga Hudyo na namatay sa pananampalatayang Cristiano . . . o sa—sa relihiyosong pananampalataya, sapagka't sila ay hindi maaring maging mga Cristiano.

115 Tandaan, binulag ng Diyos ang kanilang mga mata. At sila ay magiging bulag sa loob ng mahabang panahon, hanggang sa ang Gentil na Iglesya ay maalis sa daan. Pagka't, hindi nakikipag-ugnay ang Diyos sa kanila na dalawang lahi sa iisang panahon, sapagka't ito'y salungat na salungat sa Kaniyang Salita.

116 Tandaan, Siya ay nakikipag-ugnay sa Israel bilang isang bansa, palagi. Iya'y ang bansang Israel.

117 Ang mga Gentil, bilang mga indibidwal, "mga taong kinuha mula sa mga Gentil." At iyan ay kailangang, ang Gentil, ay kailangang bumuo . . . binubuo ng lahat ng mga tao ng mundo, kaya ngayon at kung gayon mayroong Hudyo na dumating papasok doon. Kita n'yo? Sadyang tulad—tulad ng Arabiano, at isang Irlandes, at Indiyan, at anupaman, iya'y lahat ng mga tao ng mundo, binubuo nitong Nobyang pumpon. Kita n'yo?

118 Ngunit, ngayon, pag dating sa pakikipag-ugnay kung gayon sa Israel, sa huling bahaging ito ng ika-pitumpung sanlinggo, Siya ay nakikipag-ugnay sa kanila bilang isang bansa, ang mga Gentil ay tapos na. Ang oras ay malapit nang dumating, at maaring gayun pa man ay itong—itong gabing ito mismo, na ang Diyos ay ganap na tatalikod na mula sa mga Gentil, sa kabuuan. Tamang-tama! Sinabi nga Niya. "Kanilang yuyurakan ang mga pader ng Jerusalem hanggang ang dispensasyon ng Gentil ay matapos, ang mga panahon ay ganap na." Opo, ginoo!

119 At pagkatapos, "Hayaan siya na marumi na manatiling marumi; hayaan siya na matuwid na magpakatuwid." Kita n'yo?

120 Wala nang Dugo pa sa luklukan ng—ng—ng sankt-. . . sa sanktuwaryo, wala na. Wala nang Dugo pa sa dambana. Ang Handog ay inalis na, at wala nang anupaman kundi usok at kidlat at paghatol doon. At iya'y tamang-tama lamang kung anong ibinuhos dito ngayong gabi. Kita n'yo, iniwan na nang Cordero ang. . . Kaniyang gawaing pamamagitan. Ang gawaing pamamagitan ay nagtapos na, mula sa Luklukan. At ang Handog, tulad ng pagkakatipo natin sa Kaniya ng walang kamali-mali, ang Kamag-anak na Manunubos, ang duguang Cordero na lumapit. Isang Cordero na pinatay, ang duguang Isa, pinatay, nabugbog, lumapit at kinuha ang Aklat mula sa Kaniyang kamay. Iya'y, ang mga araw ay tapos na. Ngayon siya ay darating upang kunin kung ano ang Kaniyang tinubos. Amen! Iyan ay sadyang naghahatid ng anong bagay sa akin!

121 Natuklasan natin ngayon, sabi ni Juan, "Nakita ko nang Kaniyang buksan ang Ikaanim na Tatak, nagkaroon ng isang malakas na lindol," pagkatapos lahat ng kalikasan ay nagambala. Kita n'yo?

122 Ang Diyos ay patuloy na gumagawa ng mga dakilang bagay, tulad nang pagpapagaling sa may sakit, at buksan ang mga mata ng bulag, at gumagawa ng mga dakilang gawa.

123 Ngunit natuklasan natin, dito, na ang kalikasan ay nagambala, oo, lahat ng kalikasan. Tingnan kung anong naganap, "Ang—ang lindol; ang araw ay nagdilim, at hindi nagbigay ang buwan ng kaniyang liwanag; at ang mga bituin ay nayanig at nangahulog." At, naku, lahat ng bagay ay naganap, kita n'yo, mismo sa panahon ng pagbubukas ng Ikaanim na Tatak na ito. Iya'y kapag ito'y naganap, mismo kaagad pagkaraan ng pag-aanunsiyo sa mga martir na iyon, kita n'yo. Ang mga martir ay tapos na.

124 Ngayon nakita n'yo na tayo mismo'y malapit na sa oras na iyan ngayon. Tayo ay maaaring, sa anumang oras, kita n'yo, sapagka't ang Iglesya ay sadyang halos handa na upang Ito'y lumisan. Ngunit tandaan, kapag ang mga bagay na ito ay maganap, ang Nobya ay wala na rito. Tandaan lamang, ang Nobya ay wala na, hindi Niya kailangang dumaan pa sa anumang iyon. Ito ay isang panahon ng Kapighatian, ng pagdadalisay ng—ng iglesya; ito'y ipinataw sa kaniya, para sa kaniya upang danasin iyan, hindi ang Nobya. Kaniyang kukunin ang Kaniyang minamahal mula sa landas. Opo, ginoo! Siya, natubos na Siya. Kita n'yo, iya'y tila isang. . . Iya'y Kaniyang Sariling paghirang, Sarili Niyang pagpili, tulad ng sinumang lalaki na kukuha ng kaniyang nobya. Nakita n'yo? Ngayon, ang lindol. . .

125 Tayo ay magkumpara ng mga Kasulatan ngayon. Ako—Nais kong. . . Mayroon ba kayong lapis at papel sa inyo? Mayroong bagay akong nais na gawin ninyo para sa akin. Kung gusto ninyong sumulat, isulat ito, pagka't, liban na lamang kung

kukunin ninyo ang teyp. Ngayon tayo. . . Gusto kong kayo ay bumasa kasabay ko, tulad ng inyong ginagawa.

126 Paghambingin ang mga Kasulatan sa dakilang pangyayaring ito, na makikita natin na ang dakilang lihim na ito, o hiwaga, na nasa ilalim ng Ikaanim na Tatak ng Aklat ng Katubusan. Ngayon tandaaan, ang mga ito ay natatagong mga hiwaga. At ang anim na Tatak, lahat sama-sama, ay isang dakilang malaking Aklat, anim lamang na mga kasulatan na binalumbon ng sama-sama, at kinalagan nito ang buong Aklat ng Katubusan. Iya'y kung paanong ang buong mundo ay tinubos.

127 Iya'y ang dahilan kung bakit si Juan ay umiyak, dahil, kung walang makakakuha ng Aklat na iyan, lahat ng sangnilikha, lahat ng bagay ay nawala. Siya ay sadyang babalik lang naman muli sa—sa—sa mga atomo at mga molekula, at kung anu-ano pa, at cosmic na liwanag, at ni hindi na magiging isang sangnilikha, persona, wala ng anupaman. Pagkat, nawala ni Adam ang mga karapatan ng Aklat na iyon. Naiwala niya ito nang siya ay nakinig sa kaniyang asawa, at siya ay nakinig sa mga pangangatuwiran ni Satanas, sa halip na sa Salita ng Diyos. Kita n'yo? Iyon ay naiwala.

128 Pagkatapos, iyon ay hindi na makababalik patungo sa mga maruming kamay ni Satanas, na tumukso sa kaniya na lumihis ng daan, kaya samakatuwid iyon ay bumalik sa orihinal na nagmamay-ari nito, tulad sa magagawa ng anumang buod na titulo, kita n'yo. Tumungo mismo pabalik sa orihinal na nagmamayari nito, at iyan ay ang Diyos, ang Manlilikha, na Siyang gumawa niyon. At hawak Niya iyon.

129 At mayroong isang kabayaran, at iya'y katubusan. Mayroong ilang kabayaran para sa katubusan, at walang sinuman na makagagawa nito. Kaya, sabi Niya, ginawa ang Kaniyang mga kautusan, Kaniyang Sariling mga batas ng isang Malapit na Kamag-anak na Manunubos. Pagkatapos, wala silang matagpuang sinuman. Bawat tao ay iniluwal sa pagniig, ipinanganak ayon sa sekswal na pagnanasa; siya ay nasa orihinal na kasalanan, si Satanas at si Eva, kaya hindi niya magagawa ito. Walang anumang bagay sa kaniya. Walang banal na papa, pari, Doktor ng Dibinidad, maging sino pa man siya, siya ay hindi karapat-dapat. At siya ay hindi maaring maging isang Anghel, sapagka't ito ay kinakailangang maging isang Malapit na Kamag-anak. Kailangang siya ay maging isang tao.

130 Pagkatapos ang Diyos mismo ay naging isang Malapit na Kamag-anak, sa pamamagitan ng pagsusuot ng isang makataong laman, sa pamamagitan ng birheng kapanganakan. At ibinuhos Niya ang Kaniyang Dugo. Iyon ay hindi dugo ng isang Hudyo. Iyon ay hindi dugo ng isang Gentil. Iyon ay ang Dugo ng Diyos. Kita n'yo? Sabi ng Biblia, "Tayo'y ligtas sa pamamagitan ng Dugo ng Diyos."

131 Nakukuha ng bata ang dugo ng ama. Alam natin iyan. Anuman sa kasarian ng lalaki ay gumagawa ng hemoglobin. Kaya natuklasan natin, tulad ng inahing-manok na nangingitlog; makapangingitlog siya ng isang itlog, ngunit kung ang tandang, o ang kapareha, ay hindi nakisama sa kaniya, iyon ay hindi mamimisa. Ito'y hindi maaring mapisa. Ang babae ay pamisaan lamang na nagdadala sa itlog. Ngunit ang itlog ay galing . . . Ang binhi ay nanggagaling sa lalaki.

132 At, sa kasong ito, ang lalaki ay ang Diyos mismo. Iya'y kung paano ko nasabing, kung paanong ang pataas ay pababa, at—at ang malaki ay maliit. Ang Diyos ay napaka dakila hanggang Siya ay naging, inanyuhan pa nga ang Kaniyang Sarili sa isang gayong napakaliit na bagay, sa isang munting napakaliit na binhi sa loob ng sinapupunan ng isang birhen. At sa paligid doon Kaniyang binuo ang mga selula at ang Dugo. At ipinanganak, at pinalaki sa lupa. At mula sa gayong uri ng isang pagsisimula, dalisay, walang pagnanasa sa sex dito, wala.

133 At pagkatapos ay ibinigay Niya ang Dugong iyon, sapagka't Siya ay naging isang kamag-anak sa atin. At Siya ang Kamag-anak na Manunubos. At ibinuhos Niya ang Dugong iyan, walang bayad. Hindi Niya kailangang gawin iyan. Ibinigay Niya Iyan na walang bayad, upang tumubos.

134 Pagkatapos Siya ay tumungo sa dambana ng Diyos, at naghihintay roon, habang hawak ng Diyos ang Aklat ng Katubusan sa Kaniyang mga kamay. At ang duguang Cordero ay nakatayo sa dambana ng handog. Naroon ang Cordero, upang gumawa ng pagtubos, gumagawa ng pamamagitan.

135 Pagkatapos, napakapangahas ng sinuman na sabihin na si Maria, o si Jose, o sinumang iba pang mortal, ay maaring maging—maging isang tagapamagitan! Hindi ka maaaring mamagitan liban na lamang kung mayroong Dugo roon. Opo, ginoo. "Mayroong isang Tagapamagitan sa pagitan ng Diyos at tao, at iya'y si Cristo Jesus." Iyan ang sinasabi ng Kasulatan. Doon Siya'y nakatayo, at hanggang ang huling kaluluwa ay matubos na; at pagkatapos Siya'y darating upang kunin kung ano ang Kaniyang tinubos. Oh, anong isang—anong isang dakilang Ama Siya!

136 Ngayon tandaan, ngayon, palagi kong naituro, na, "Sa bibig ng dalawa o tatlong saksi, hayaang ang bawat salita ay mapagtibay." At, ang Kasulatan, tulad na lamang na hindi kayo maaring kumuha ng isang Kasulatan at walang mapatunayan malibang mayroong isang bagay pa na uugnay rito. Kita n'yo?

137 Kita n'yo, makakakuha ako ng isang Kasulatan at sasabihing, "Si Judas ay nagtungo at ibinigti ang kaniyang sarili," kumuha ng iba pa at sabihing, "Kayo ay humayo gawin ang gayun din." Kita n'yo? Ngunit, kita n'yo, iyan ay hindi aangkop sa iba pa Nito.

138 At naisip ko, sa ilalim ng Ikaanim na Tatak na ito, nang buksan Ito ng Banal na Espiritu roon, at nakita ko kung ano iyon, pagkatapos naisip ko na magiging isang mabuting bagay na bigyan ang klase ng isang munting bagay na kakaiba ngayong gabi. Kita n'yo? Pagka't, maaaring iya'y nakakapagod, sa pakikinig lamang sa akin na nagsasalita palagi, kaya naisip ko na tayo'y gagawa ng isang bagay na kaiba.

139 Ngayon pansinin. Ang dakilang pangyayaring ito ay natatakan sa ilalim ng Aklat ng hiwaga, ng katubusan. Ngayon taglay Ito ng Cordero sa Kaniyang kamay, ay bubuksan Ito.

140 Ngayon tayo'y tumingin sa Mateo ang ika-24 na kabanata, ang Cordero Mismo ang nangungusap. Ngayon, sinuman ay nalalaman na si Cristo ang may-akda ng buong Aklat, basta't iya'y tungkol doon. Ngunit ito ay Kaniyang—Kaniyang pananalita rito, o Kaniyang—Kaniyang sermon sa mga—mga tao, tama, sa mga Hudyo.

141 Ngayon gusto kong hawakan n'yo ang inyong Aklat tulad *nito*, Mateo 24 at Apocalipsis 6, tulad *nito*. [Hinawakan ni Kapatid na Branham ang kaniyang Biblia na bukas sa dalawang kabanatang ito—Pat.] At paghambingin natin ang isang bagay dito ng sadyang kaunti pa.

142 Ngayon, pagmasdan ito ngayon, at inyong matutuklasan lamang kung paano—paano nga ito. Kita n'yo, kung ano ng ipinapakita ng Cordero *rito*, eksakto nasa simbolo, kung anong Sinabi Niya banda *rito* sa Salita. Ginagawang eksakto, kaya iyan ang nagtama riyan. Ngayon, iya'y—iya'y ang lahat na mayroon doon. Narito ang. . .*Narito* ang isa, Siya ay nangungusap tungkol doon, at *dito* ay kung saan iyon naganap. Kita n'yo? Iya'y sadyang walang kamali-maling pagpapatibay.

143 Ngayon, ngayon tayo'y tumingin sa ika-24 na kabanata ng San Mateo, at Apocalipsis 6, at paghambingin ang ika-24 na kabanata ng Mateo. Alam nating lahat na iyan ang kabanata na ang bawat dalubhasa, bawat tao ay nagtutungo, upang— upang mangusap tungkol sa panahon ng Kapighatian. Iyan ay nagmula sa ika-24 na kabanata ng Mateo. At ngayon ating. . . Kung iyan ay gayon, ngayon tayo. . . Sapagka't, alam natin na ang Ikaanim na Tatak na ito ay ang Tatak ng paghatol. Ito'y ang Tatak ng paghatol, tamang-tama nga kung ano nga Ito.

144 Ngayon, kita n'yo, nakuha na natin ang—ang pagtakbo ng anti-cristo. Nakitang lumisan ang Iglesya; ngayon Ito'y tapos na, umakyat na. Pagkatapos ay nakita natin ang mga martir, silang mga Hudyo roon, sa ilalim ng dambana. Ngayon heto ang pagdating ng paghatol, patungo sa mga tao na. . .

145 Mula sa paghatol na ito ng Kapighatian ay magmumula ang sangdaan at apatnapu't apat na libong tinubos na mga Hudyo. Patutunayan ko sa inyong sila ay mga Hudyo, at hindi Gentil. Wala silang kinalaman sa Nobya, wala ni isang bagay. Ang

Nobya, nakita na natin na ang Nobya ay wala na. Hindi n'yo iyan mailalagay sa kung saan pang dako; hindi nagbalik muli hanggang sa ika-19 na kabanata ng Aklat ng mga gawa.

146 Ngayon pansinin, pagka't, ang Ikaanim na Tatak ay ang paghatol na Tatak ng Salita.

147 Ngayon, dito, tayo'y mag-umpisa na ngayon at basahin natin ang San Mateo, ang ika-24 kabanata. Ngayon nais ko lamang kayong bigyan dito ng isang bagay na hinanap ko, upang matagpuan. Ngayon, San Mateo, mula sa 1 hanggang 3, buweno, ay kung saan tayo'y unang babasa.

> *At lumabas si Jesus, at umalis sa templo: at nagsilapit sa kaniya ang kaniyang mga alagad upang sa kaniya'y* ipamalas *ang mga* gusali *ng templo.*
>
> *At* sinabi Niya *sa kanila, Hindi baga ninyo nangakikita ang lahat ng mga bagay na ito? Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Dito'y walang* isang. . .*maiiwang bato sa ibabaw ng ibang bato, na hindi ibabagsak.*
>
> Ngayon, *at* (ika-3 talata) *habang siya'y nakaupo sa . . . bundok. . .ng mga Olivo, ay nagsilapit sa kaniya ng bukod ang mga alagad, na nagsisipagsabi, Sabihin mo sa amin, kailan mangyayari* ang mga bagay na ito?. . .*ano ang magiging tanda ng iyong pagparito, at ng katapusan ng sanlibutan?*

148 Ngayon tayo'y tumigil diyan. Ang tatlong talatang ito, ito ay naganap, sa totoo lang, Martes ng hapon, ikaapat ng Abril, A.D. 30. At ang unang dalawang talata ay naganap sa kinahapunan ng. . .ikaapat ng Abril, sa A.D. 30. At ang ika-3 talata ay naganap sa Martes ng gabi ng araw ding iyon. Kita n'yo?

149 Sila'y dumating sa templo, at tinanong nila sa Kaniya ang mga bagay na ito. "Paano naman *ito*? At paano naman *ito*? Tingnan ang dakilang templong ito! Hindi ba ito'y kahanga-hanga?"

Kaniyang sinabi, "Walang maiiwan na isang bato sa ibabaw ng iba pa."

150 Pagkatapos Siya ay umakyat sa bundok at umupo, kita n'yo. Na roon, doon Siya ay nagpasimula; iyu'y hapon. At pagkatapos nang kanilang ginawa, tinanong nila Siya sa taas roon, sabi, "Nais naming malaman ang tungkol sa ilang mga bagay."

151 Ngayon pansinin, dito ay—dito ay tatlong katanungan ang maitanong ng mga Hudyo, Kaniyang alagad. Tatlong katanungan ang itinanong. Ngayon pagmasdan. "Ano," una, una, "ano. . .Kailan magaganap ang mga bagay na ito, kailan, 'Walang maiiwan na isang bato sa ibabaw ng iba pa'?" "Ano ang magiging tanda ng Iyong Pagdating?" ikalawang tanong.

"At ng katapusan ng sanlibutan?" Kita n'yo yan? May tatlong katanungan.

152 Ngayon, doon ay kung saan maraming mga tao ang nakakagawa ng kanilang pagkakamali. Inilalagay nila ang mga bagay na ito rito sa ibang kapanahunan pagkatapos, samantalang, nakita n'yo, Siya ay sumagot ng tatlong katanungan. Sila . . .

153 Pagmasdan ngayon kung gaano—gaano kaganda ito, ika-3 talata, kita n'yo, ang huling parirala roon sa ika-3 talata. "At ano ang magiging . . . " Una, tinawag nila Siya sa bundok ng mga Olivo rito, sarilinan. "Sabihin sa amin, kailan magaganap ang mga bagay na ito?" tanong bilang isa. "Ano ang magiging tanda ng Iyong Pagdating?" tanong bilang dalawa. "At ng wakas ng sanlibutan?" tanong bilang tatlo. Kita n'yo? Mayroong tatlong iba't-ibang katanungan na naitanong. Ngayon, ngayon gusto kong kayo ay lumipat at pagmasdan kung paano sinabi ni Jesus dito sa kanila ang tungkol sa mga bagay na ito.

154 Oh, ito'y napakaganda! Ako . . . Sadyang ginagawa akong . . . Ako—ako—nakuha ko ang . . . Ano ang salitang iyan na ginamit natin noong isang gabi? [Kongregasyon, "Kasiglahan."—Pat.] Ang kasiglahan mula sa kapahayagan! Pansinin.

155 Ngayon tayo'y bumaling ngayon sa Unang Tatak ng—ng mga Tatak ng Aklat na ito, at ihambing ang Unang Tatak na ito sa unang katanungang ito.

156 At bawat katanungan, paghambing-hambingin iyan, at tingnan kung iyan ay hindi, sadyang tulad ng nagawa natin sa lahat ng mga iba pang ito na bumubukas, sa mga kapanahunan ng iglesya at lahat ng bagay, eksaktong parehas. Naroon ang Tatak, walang kamali-maling nabuksan, pagkatapos. Pansinin, ngayon. Ngayon babasahin natin, una, para sa . . . "Pagkatapos ay Kaniyang sinagot sila . . . " At—at pagkatapos Siya—Siya ay magpapasimulang sumagot ngayon, at gusto nating ihambing iyan sa mga Tatak.

157 Ngayon pagmasdan. Ang Unang Tatak ay Apocalipsis 6:1 at 2. Ngayon basahin natin ang 6:1 at 2.

> *At—at nakita ko . . .* nang *buksan ng Cordero ang isa sa pitong tatak, at narinig ko, na nagsalitang* gaya *ng tunog ng kulog, sa isa sa apat na nilalang na buhay na nagsasabing, Halika at tingnan.*
>
> *At tumingin ako, at narito ang isang kabayong maputi: at yaong nakasakay dito ay may isang busog; at binigyan siya ng isang korona: at siya'y yumaong nagtatagumpay, at upang magtagumpay.*

158 Sino ang taong ito na ating natagpuan? [Kongregasyon nagsabi ng, "Anti-cristo."—Pat.] Anti-cristo. Mateo 24, ngayon, 4 at 5.

*At sumagot si Jesus at sinabi sa kanila—sa kanila, Mangag-ingat kayo na huwag kayong mailigaw ninoman.*

*Sapagka't marami ang magsisiparito sa aking pangalan, na mangagsasabi, Ako ang Cristo; at ililigaw ang marami.*

159 Kita n'yo yan? Anti-cristo. Hayan ang inyong Tatak. Kita n'yo? Kita n'yo? Sinalita niya iyan *dito*; at *dito* sila ay nagbukas ng isang Tatak, at heto nga siya, sadyang walang kamali-mali.

160 Ngayon ang Ikalawang Tatak, Mateo 24:6, Apocalipsis 6:3 at 4. Ngayon pagmasdan, Mateo 24:6. Ngayon hayaan tingnan ko kung anong sinasabi nito.

*At mangakakarinig kayo ng mga digmaan at mga alingawngaw ng mga digmaan: ingatan ninyo na huwag* kayong *magulumihanan: sapagka't lahat ng mga bagay na ito'y kinakailangang mangyari, datapuwa't hindi pa ang wakas.*

161 O sige, kunin natin ang Ikalawang Tatak, Apocalipsis 6:3 at. . .Ikalawa. Pagmasdan kung anong Kaniyang sinasabi ngayon.

*At nang buksan niya ang ikalawang tatak,* ay *narinig ko sa ikalawang nilalang na buhay na sinasabi, Halika. . .tingnan.*

*At may* lumabas *na ibang kabayo na mapula: at ang nakasakay dito ay pinagkaloobang mag-alis sa lupa ng kapayapaan, at upang mangagpatayan ang isa't isa: at binigyan siya ng isang malaking tabak.*

162 Walang kamali-mali, sadyang eksakto! Oh, gusto kong gawing ang Kasulatan ang sumagot sa sarili Nito. Kayo rin ba? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Isinulat lahat Iyan ng Banal na Espiritu, ngunit magagawa Niyang ihayag Iyan.

163 Ngayon pansinin natin ang Ikatlong Tatak. Ngayon, ito ay kagutuman. Ngayon, Mateo 24:7 at 8. Kunin natin ang 7 at 8, sa Mateo.

At *magsisintindig ang bansa laban sa bansa, at ang kaharian laban sa kaharian: at magkakagutom, . . . magkakasalot,. . .at lilindol, sa iba't-ibang dako.*

*Ang lahat ng* mga bagay *na ito ay siyang pasimula ng* kahirapan.

164 Kita n'yo, kayo'y dumarating na mismo dito ngayon. Ngayon, Apocalipsis, sa ika-6, ngayon bubuksan natin ang Ikatlong Tatak. Ito'y matatagpuan sa Apocalipsis 6:5 at 6.

*At nang buksan niya ang ikatlong tatak,* ako—ay narinig ko *sa ikatlong nilalang na buhay na nagsabi, Halika at tingnan. At tumingin ako, at narito ang isang*

*kabayong maitim; at yaong nakasakay dito ay may isang timbangan sa kaniyang kamay.*

*At narinig ko ang isang tinig sa gitna ng apat na nilalang na buhay na* nagsasabi*, Sa isang denario . . . ay isang takal . . . Sa isang denario ay isang takal na trigo, at sa isang denario ay tatlong takal na sebada; at huwag mong ipahamak ang langis at . . . ang alak.*

165 Kagutuman! Kita ninyo, eksaktong gayun ding Tatak, gayun ding bagay na sinabi ni Jesus. Tama.

166 Ikaapat na Tatak, "mga salot" at "kamatayan." Pansinin, sa Mateo 24. Babasahin natin ang—ang ika-8 talata, ika-7 at ika-8, ako'y naniniwalang iyan ay, sa Ikaapat na Tatak na ito, na nakuha ko rito. Tama.

167 Ngayon, ano ang nabasa ko sa dako rito? May nabasa ba akong mali? Oo, namarkahan ko iyan. Oo, heto na tayo. Ngayon tayo'y magpapatuloy. Ngayon tutungo tayo. O sige, ginoo.

168 Ngayon tayo'y magsimula rito sa ika-7, dito sa, ang Ikaapat na Tatak; at sa 6:7 at 8, sa isa pa, sa Apocalipsis.

169 Ngayon tingnan natin ang ika-7 at ika-8 ng Mateo 24. O sige, ngayon.

At *magsisitindig ang bansa laban sa bansa, at ang kaharian laban sa kaharian: at magkakagutom, . . . magkakasalot, . . . lilindol, sa iba't ibang dako.*

*Ang lahat ng mga bagay na ito ay siyang pasimula ng* kahirapan.

170 Ngayon ang Ikaapat na Tatak, habang basahin natin ito sa banda rito, ay ang . . . Ang Ikaapat na Tatak, ay nag-umpisa sa ika-7 at ika-8, sa isa pang ito ngayon.

*At nang buksan niya ang ikaapat na tatak,* at narito . . . *ang ikaapat na nilalang na buhay ay* nagsabi, *Halika at tingnan.*

*At tumingin ako, at narito ang isang kabayong maputla: . . .*

171 Ngayon maghintay. Naisulat ko ito ng mali. Oo. Oo. Ngayon sandali lamang, ngayon, 7 at 8.

172 Ngayon tingnan natin, Mateo 24:7 at 8. Ngayon tingnan natin. Kukunin natin iyan. Iya'y ang Ikatlo, bumubukas, hindi ba? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Mateo 24:7 at 8. Ipagpaumanhin n'yo. Ngayon, binubuksan niyan ang ulan . . . o ang tag-gutom, binubuksan ang tag-gutom. Tama.

173 Ngayon, ang "mga salot" at "kamatayan." Opo, ginoo. Ngayon dadako tayo rito, 7 at 8. Ngayon, magiging Ikaapat na Tatak iyan. Tingnan natin kung saan natin nakuha ang Ikaapat na Tatak. "At nang kaniyang buksan ang Ikaapat— Ikaapat na

Tatak. . . ” Oo, iya’y ang mangangabayo ng maputlang kabayo, “Kamatayan,” kita n’yo.

> *At—at tumingin ako, at narito ang isang kabayong maputla: at* siya. . .*kabayong maputla: at ang* nakasakay *dito ay may* pangalang *Kamatayan, at ang Hades ay sumusunod. . .kaniya. At* siya’y *pinagkalooban ng kapamahalaan sa* apat-. . .na bahagi *ng lupa, na pumatay sa pamamagitan* ng *tabak, at ng gutom, at ng kamatayan, at ng mga ganid na hayop sa lupa.*

174 Ngayon, kita n’yo, iyon ay “Kamatayan.”

175 Ngayon, ang Ikalimang Tatak, Mateo 24:9-13. Tingnan natin kung nakuha ko ito ng tama, ngayon, muli. Kita n’yo?

> At *kung magkagayo’y ibibigay kayo sa kapighatian, at kayo’y papatayin* (hayan ka na): *at kayo’y kapopootan ng lahat ng mga bansa dahil sa aking pangalan.* At kapag. . .
>
> *At kung magkagayo’y* maraming mangagkakanuluhan. . .marami ang *mangatitisod, at mangagkakanuluhan sa isa’t isa, at mangagkakapootan ang isa’t isa.*
>
> *At magsisibangon ang maraming bulaang propeta, at . . .ililigaw ang marami.*
>
> *At dahil sa pagsagana ng katampalasanan, ang pagibig ng marami ay lalamig.*
>
> *Datapuwa’t ang magtiis. . .hanggang* sa *wakas, ay siyang maliligtas.*

176 Ngayon, tayo’y nasa Ikalimang Tatak na ngayon. At iyan ay kagabi, kita n’yo. “Kayo’y kanilang ibibigay, mangagkakanuluhan ang isa’t isa,” at kung anu ano pa.

177 Ngayon pagmasdan dito sa ika-6, na Tatak, 6:9 hanggang 11. Ngayon kunin natin ang isang iyan, Apocalipsis 6:9 hanggang 11.

> *At nang buksan niya ang ikalimang tatak, ay nakita ko sa ilalim ng dambana ang mga kaluluwa ng mga pinatay dahil sa salita ng Diyos, at dahil sa patotoong sumakanila:*
>
> *At sila’y sumigaw ng tinig na malakas, na nagsasabi, Hanggang kailan, . . .Panginoong, banal. . .totoo, hindi mo. . .hahatulan at ipaghihiganti ang aming dugo sa mga nananahan sa ibabaw ng lupa?*
>
> Ngayon, *at binigyan ang bawa’t isa sa kanila ng isang maputing balabal; at sa kanila’y sinabi, na mangagpahinga pa ng kaunting panahon, hanggang sa maganap ang bilang ng kanilang mga kapuwa alipin at*

*ng kanilang mga kapatid, . . . na mga papatayin namang gaya nila, ay dapat maganap.*

178 Ngayon, nakita n'yo, sa ilalim na Ikalimang Tatak, natagpuan natin—natagpuan natin dito ang pagmamartir.

179 At sa ilalim ng 24:9 banda rito, tayo . . . hanggang 13, natagpuan natin na iyan din ay martir. "Ibibigay nila kayo, at papatayin kayo," at kung anu ano pa. Kita n'yo, ang siya ring Tatak na nabuksan.

180 Ngayon, sa Ikaanim na Tatak, ay kung saan tayo'y pupunta ngayon, Mateo 24:29 at 30. 24, at kunin natin ang 29 at—at 30. Heto na tayo.

Ngayon, ngayon ay kukunin natin, din, ang Apocalipsis 6:12 hanggang 17.

181 Iya'y eksakto kung ano ang kababasa pa lamang natin. Ngayon makinig dito, ngayon, kung ano ang sinabi ni Jesus sa Mateo . . . :29, 24:29 at 30.

*Datapuwa't karakarakang pagkatapos ng kapighatian sa mga araw na yaon . . .*

182 Ano? Kapag ang . . . kapighatiang ito, ang bahagyang kapighatiang ito na kanilang dinanas dito, kita n'yo.

*. . . ay magdidilim ang araw, at ang buwan ay hindi magbibigay ng kaniyang liwanag, at mangalalaglag ang mga bituin mula sa langit, at . . . magsisipangatal ang mga kapangyarihan sa langit:*

*At kung magkagayo'y lilitaw ang tanda ng Anak ng tao sa langit: at kung magkagayo'y magsisitaghoy ang lahat ng mga angkan sa lupa, at mangakikita nila ang Anak ng tao na paparitong sumasa mga alapaap ng langit na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian.*

183 Ngayon, bumasa sa banda rito ng Apocalipsis ngayon, ang—ang Ikaanim na Tatak, ang isa kung saan tayo'y naroroon ngayon.

*At . . .* nakita *nang buksan niya ang ikaanim na tatak, at, narito, nagkaroon ng malakas na lindol; at ang araw ay umitim na gaya ng isang magaspang na kayong buhok* (kita n'yo?) *na maitim, at ang buong buwan ay naging gaya ng dugo;*

*At ang mga bituin sa langit ay nangahulog sa lupa, gaya ng puno ng igos na isinasambulat ang kaniyang mga bungang bubot, pagka . . . hinahampas ng malakas na hangin.*

*At ang* langit *ay nahawi na gaya ng isang lulong aklat kung nalululon; at ang bawa't bundok at* bawat *pulo . . . ay naalis sa kanilang* kinatatayuan.

> *At ang mga hari sa lupa, at dakilang mga tao, at ang mga pangulong kapitan, at ang mayayaman, at ang mga makapangyarihan, at ang bawa't* alipin, . . . *bawa't laya, ay nagsipagtago sa mga yungib . . . sa mga bato sa mga* bundok*;*
>
> *At sinabi nila* sa mga *bundok at mga bato, Mahulog kayo sa amin, at kami'y inyong itago sa mukha noong* nakaupo sa *luklukan, at sa galit—sa galit ng Cordero:*
>
> *Sapagka't dumating na ang dakilang araw ng kanilang kagalitan; . . . sino ang makatatayo?*

184 Sadyang walang kamali-kamali, bumaling mismo pabalik, tingnan kung anong sinabi ni Jesus dito ngayon sa Mateo 24:29. Pakinggan. "Makaraan," ang kasong ito ni Eichman, at kung anu-ano pa.

> *Datapuwa't karakarakang pagkatapos ng kapighatian sa mga araw na yaon ay magdidilim ang araw, . . . ang buwan ay hindi—ay hindi magbibigay ng kaniyang liwanag, . . . mangalalaglag ang mga bituin mula sa langit, . . . ay magsisipangatal: ang mga kapangyarihan ng . . .* langit*:*
>
> Ngayon pagmasdan.
>
> *At kung magkagayo'y lilitaw ang tanda ng Anak ng tao sa langit:* at kanilang makikita, at kanilang . . . *at kung magkagayo'y magsisitaghoy ang lahat ng mga angkan sa lupa, at mangakikita nila ang Anak ng tao na napaparitong sumasa mga alapaap ng langit na may* dakilang kapangyarihan at kaluwalhatian.
>
> *At . . .* susuguin *ang kaniyang mga anghel,* at kung anu-ano pa, at *na may . . . tunog ng isang trumpeta, at . . . kanilang titipunin ang* kaniyang *mga hinirang . . . sa apat na hangin, . . .* nagsumikap na sama-sama.

185 Kita n'yo, tamang-tama lamang, pinaghahambing kung anong sinabi ni Jesus sa Mateo 24, at kung ano ang binuksan ng tagapaghayag dito sa Ikaanim na Tatak, ay sadyang eksakto. At si Jesus ay nangungusap ng tungkol sa panahon ng Kapighatian. [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng tatlong beses—Pat.] Kita n'yo?

186 Una, tinanong niya kung kailan magaganap ang mga bagay na ito, kung kailan ang templo ay magigiba. Sinagot niya iyan. Sumunod na bagay na itinanong niya, kung kailan darating na panahon . . . May darating na kapanahunan ng martir. At kailan *ito* magaganap, kailan tatayo ang anti-cristo; at kailan aalisin ng anti-cristo ang templo.

187 Daniel, paano tayo makababalik at kunin si Daniel doon, nang sabihin niya na, ang prinsipeng ito na darating. Kayong mga mambabasa ay nalalaman iyan. At kung ano ang dapat

niyang gawin? Aalisin niya ang pang-araw-araw na handog, at kung ano lahat ang magaganap sa panahong iyan. Sabi . . .

188 Si Jesus, din, ay nangungusap hinggil dito, ginuhitan ito. Sabi, "Kaya nga pagkakita ninyo ng kasuklamsuklam na paninira, na sinalita ni propeta Daniel, na natatayo sa dakong banal." [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng tatlong beses—Pat.] Ano iyan? Ang mosque ng Omar, nakatayo sa dako ng templo nang sunugin nila iyon. Sabi, "Hayaan silang nasa mga kabundukan . . . Hayaan silang mga nasa bubungan, na huwag bumaba upang maglabas ng mga bagay sa loob ng bahay, o siyang nasa bukid ay magbalik. Sapagka't magkakaroon ng isang panahon ng kabagabagan!" Nakita n'yo? At lahat ng mga bagay na ito ay magaganap, kinilos silang patuloy pababa ngayon at pinagtibay iyon, pabalik sa pagbubukas na ito ng Ikaanim na Tatak.

189 Ngayon gusto kong pansinin ninyo. Si Jesus . . . Ngayon, mga bukas ng gabi, Dito, nilampasan ni Jesus ang pagtuturo ng Ikapitong Tatak. Iya'y wala rito. Pagmasdan, Siya ay nagtuloy sa mga parabula ngayon, makaraan iyan. At nilampasan ni Juan ang Ikapitong Tatak. Ang Ikapito, huli, ang Ikapitong Tatak, iya'y magiging isang dakilang bagay. Ni hindi man lamang ito naisulat, kita n'yo. Nilampasan ang Ikapitong Tatak; pareho nilang ginawa. At ang tagapaghayag, kapag sinabi lamang ng Diyos na mayroong . . . sabi ni Juan, "Sadyang nagkaroon ng katahimikan sa Langit." Walang sinabi ni isang salita man si Jesus tungkol Dito.

190 Pansinin ngayon, balik sa ika-12 talata, pansinin, walang Hayop. Iya'y ang ika-12 talata, magsisimula mula sa ating Tatak, upang makita itong mabuksan. Walang Hayop, tulad, mga buhay na Nilalang, ang inilarawan dito, kahit alin, tulad ng sa Ikalimang Tatak. Bakit? Ito'y naganap, sa kabilang bahagi ng kapanahunan ng Ebanghelyo, sa panahon ng Kapighatian. Ang Ikaanim na Tatak na ito ay panahon ng Kapighatian. Iyan ang magaganap. Ang Nobya ay wala na. Kita n'yo? Walang buhay na Nilalang o anumang bagay roon upang sabihin ito. Ito'y sadyang . . . Ngayon, ang Diyos ay hindi na nakikipag-ugnay pa sa Iglesya; Ito'y wala na.

191 Siya ay nakikipag-ugnay sa Israel, kita n'yo. Kita n'yo, ito ay ang kabilang bahagi, ito ay kung kailan natanggap ng Israel ang Mensahe ng kaharian, sa pamamagitan ng dalawang propeta ng Apocalipsis 11. Tandaan, ang Israel ay isang bansa, lingkod ng Diyos, bansa. At kapag—kapag—kapag ang Israel ay naipasok, ito'y magiging isang—isang pambansang gawain.

192 Ang Israel, ang kapanahunan ng kaharian, ay kung saan si David . . . ang Anak ni David, ay uupo sa trono. Iyan ang dahilan kung bakit ang babaeng iyon ay sumigaw, "Ikaw na Anak ni David!" At si David ay sa . . . Anak ni David! Ang Diyos ay nanumpa sa Kaniya, kay David, na Kaniyang

ibabangon ang Kaniyang Anak na uupo sa kaniyang trono. Ito ay magiging isang walang hanggang trono. Kita n'yo? Ito'y walang katapusan. Ibinigay ito ni Solomon, sa isang tipo, sa templo. At sinabi lamang sa kanila rito ni Jesus, iya'y, "Walang isang bato na maiiwan sa isa sa mga iyon." Ngunit sinisikap Niyang sabihin sa kanila rito, kung ano'ng . . . Siya ay babalik.

"Kailan Ka babalik?"

193 "Ang mga bagay na ito ay magaganap bago Ako magbalik." At narito nga sila!

Ngayon tayo'y nasa panahon ng Kapighatian.

Tandaan, kapag ang kaharian ay handa na, sa lupa . . .

194 Ngayon, ito ay maaaring medyo nakakabigla. At kung mayroong isang katanungan, at inyo—maaari n'yo pa akong matanong; kung gusto ninyong ibigay ang katanungan, makaraan na iyan ay matawag, at tumbukin lamang ito; kung hindi ninyo tutumbukin, hindi n'yo pa nga alam iyan.

195 Sa panahon ng Milenyum, iya'y ang Israel na isang bansa, ang labing dalawang angkan bilang isang bansa.

196 Ngunit ang Nobya ay nasa palasyo. Siya ang Reyna ngayon. Siya ay kasal na. At lahat ng nasa lupa ay darating sa loob ng siyudad na ito, Jerusalem, at dadalhin ang kaluwalhatian nito roon. "At ang mga pintuan ay hindi isasara, sa—sa—sa gabi, pagka't hindi na magkakaroon pa ng gabi." Kita n'yo? Ang pintuan ay magiging palaging bukas. "At ang mga hari sa lupa," Apocalipsis . . .:22, "ay mangagdadala ng kanilang karangalan at kaluwalhatian sa loob ng siyudad na ito." Ngunit ang Nobya ay naroroon kasama ng Cordero. Oh, naku! Makikita n'yo iyan, doon! Hindi . . . Ang Nobya ay hindi mapapasa labas dito na gumagawa sa mga ubasan. Hindi, ginoo. Siya ay ang Nobya. Siya ay ang Reyna sa Hari. Iya'y ang iba na gumagawa roon sa labas, ang bansa, hindi ang Nobya. Amen. Tama.

197 Pansinin ang mga mensaherong ito ngayon, ang mga mensaherong ito ng Apocalipsis . . .:12, ang dalawang propetang ito, sila'y magsisipangaral, "Ang Kaharian ay malapit na!" Kita n'yo? Ang Kaharian ng Langit ay darating na. Ang panahon, huling tatlo at kalahating taon ng ika-pitumpung sanlinggo ni Daniel, ipinangako sa mga Hudyo, Kaniyang bayan. Tandaan ngayon, na, upang patunayan iyan, na ito ang huling bahagi ng ika-pitumpung linggo ni Daniel. Ako ay may katanungan para riyan bukas. Kita n'yo?

198 Ngayon, pitumpung sanlinggo ay ipinangako, na pitong taon nga. At sa kalagitnaan ng pitong linggo, ang Mesiyas ay mahihiwalay, upang gawing isang handog. Siya ay manghuhula ng tatlo at kalahating taon, at pagkatapos siya ay mahihiwalay, para sa isang handog para sa mga tao. At mayroon pa ring nakalaan, na tatlo at kalahating taon ay nakalaan pa rin para

sa Israel. Pagkatapos, kapag ang Mesiyas ay nahiwalay, ang mga Hudyo ay binulag upang hindi niya makitang iyan ang Mesiyas.

199 At, pagkatapos, kapag ang Mesiyas ay nahiwalay, kung magkagayo'y ang Ebanghelyo at ang kapanahunan ng biyaya ay dumating sa Gentil. At sila'y bumaba, at ang Diyos ay humila ng isa mula *rito* at *doon*, at *dito* at *doon*, at inilayo sila sa ilalim ng mga mensahero; at *dito* at *doon*, at *dito* at *doon*, at inilayo sila sa ilalim ng mga mensahero.

200 At kaniyang isinugo ang unang mensahero, at siya'y nangaral, at isang trumpeta ang tumunog; noong kinuha natin nito, makaraan ang ilang sandali. At, pagkatapos, ang trumpeta ay nagdedeklara ng digmaan. Ang Trumpeta ay palaging nangangahulugang digmaan. Ang mensahero, ang anghel ay dumating sa lupa, ang mensahero ng panahon, tulad ng kay Luther, tulad ng sinuman sa mga mensahero na napag-usapan natin. Anong ginawa niya? Siya'y dumating; at isang Tatak ang nabuksan, nahayag; isang trumpeta ang tumunog, digmaa'y nadeklara, at palayo silang tumungo. At pagkatapos ang mensahero ay namatay. Kaniyang tinatakan palayo ang grupong ito; sila'y naipasok. At isang salot ang bumagsak sa kanila na tumanggi Nito. Kita n'yo?

201 Pagkatapos iyon ay nagpatuloy, pagkatapos sila ay nag-organisa, kumuha ng panibagong organisasyon. Kadadako pa lamang natin diyan. Pagkatapos, narito silang lumabas na may panibagong kapangyarihan, kita n'yo, panibagong kapangyarihan, panibagong kapanahunan ng iglesya, panibagong ministeryo. Pagkatapos, nang gawin niya iyan, sa pagpapatuloy ay dumating ang Diyos kasama ang Kaniyang ministeryo, nang ang anti-cristo ay dumating kasama ang sa kaniya. Kita n'yo, *anti* ay "laban." Sila'y tumatakbong magkatabi.

202 Nais kong pansinin n'yo ang isang munting bagay. Sadyang halos panahon na—na si Cain ay dumating sa lupa, si Abel ay dumating sa lupa. Gusto kong pansinin n'yo, sadyang halos panahon na—na si Cristo ay dumating sa lupa, si Judas ay dumating sa lupa. Halos panahon na si Cristo ay umalis sa lupa, si Judas ay umalis sa lupa. Sadyang halos panahon na ang—ang Banal na Espiritu ay bumaba, ang espiritung anti-cristo bumaba. Sadyang halos ng panahon na inihahayag ng Espiritu Santo ang Kaniyang Sarili rito sa mga huling araw, ipinapakita ng anti-cristo ang kaniyang mga kulay, dumating sa pamamagitan ng kaniyang mga pulitika at mga bagay-bagay. At sadyang halos sa panahon na lubos na ikinilos ng anti-cristo ang kaniyang sarili sa stre-. . .sa tagpo; ikinilos ng Diyos ng lubusan ang Kaniyang Sarili, upang tubusin lahat iyan. Kita n'yo, sadyang tumatakbo, sadyang magkasama mismo. At sila'y, kapwa, magkatabi. Si Cain at si Abel! [Ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang kaniyang mga kamay ng minsan—Pat.] Ang

uwak at ang kalapati, sa arka! Si Judas at si Jesus! At patuloy lamang, makukuha n'yo iyan. Sadyang . . .

203 Narito ang Moab at Israel; kapwa sila. Ang Moab ay hindi isang paganong bansa. Hindi, ginoo. Sila'y nag-alay ng gayun ding hain na iniaalay ng Israel. Sila'y nanalangin sa gayun ding Diyos. Eksakto. Ang Moab ay tinawag- . . . Ay isa sa mga anak na babae ni Lot na sumiping sa kaniyang ama, at nagkaroon ng isang anak. At ang anak na iyan ay tinawag na Moab. At mula sa kaniya ay lumabas ang lahing Moab, ang bansa ng Moab.

At nang makita nila ang Israel, ang natubos nilang kapatid, na dumating.

204 Sila'y mga tagapagpasimula. Sila ay isang malaking denominasyon. Ang Israel ay walang denominasyon; siya ay nanahan lamang sa mga tolda at kung saan ka man tumungo. Ngunit ang Moab ay may mga matataas na mga pinuno, mga hari, at kung anu-ano pa. At sila ay mayroong Balaam doon, isang—isang bulaang propeta. At mayroon silang lahat ng ito. Pagkatapos sila'y bumaba roon upang sumpain ang kanilang munting kapatid na nasa daan patungo sa lupang pangako, patungo sa kaniyang pangako.

205 At sila'y pumunta at tinanong sila, "Maaari ba akong dumaan sa iyong bayan? Kung ang mga baka ko ay iinom ng tubig, ako'y magbabayad para roon. Kung sila ay kakain ng mga damo, kami'y magbabayad para roon."

206 Sabi niya, "Hindi. Hindi kayo maaaring magdaos ng rebaybal tulad niyan sa paligid dito. Iya'y tama. Hindi kayo maaaring magdaos ng anumang bagay tulad niyan dito."

207 At pagkatapos pagmasdan kung anong kaniyang ginawa. Siya ay bumalik mismo sa anyong Jezebel, at bumaba sa bulaang propetang iyon, at nagtulak sa mga anak ng Diyos sa pagkakamali. At pinapag-asawa ang mga kababaihang Moabita sa—sa Israel, at naging sanhi ng pangangalunya.

208 At siya'y gumawa ng gayun ding bagay, sa kapanahunan ding iyon, sa paglalakbay, sa daan patungo sa Lupang pangako, ating paroroonan. Ano'ng ginawa niya? Ang bulaang propeta ay pumasok agad at nakipag-asawa, at tumawag patungo sa iglesyang Protestante, at nagdulot ng mga denominasyon, ng sadyang eksakto kung ano ang kanilang ginawa noon doon. [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng apat na beses—Pat.]

209 Ngunit ang munting matandang Israel ay nagpatuloy lamang, gayun pa rin. Siya ay nagreklamo sa ilang ng mahabang panahon, at lahat silang mga matandang mandirigma ay kailangang mamatay, ngunit siya ay nagpatuloy patungo sa lupang pangako. Oo. Oo. Pagmasdan silang lahat na sandatahan, sadyang bago nila tawirin ang Jordan. Ha-ha! Gusto ko iyan.

Ngayon tayo'y bumababa sa kapanahunang iyan mismo ngayon, dito ngayon. Pansinin.

210 Ngayon natuklasan natin, na, ang panahon, huling (sabi ko) tatlo at kalahating taon ng pitumpung sanlinggo ni Daniel.

211 Hayaang ipaliwanag ko iyan ng mas malapit pa ng kaunti ngayon, pagka't may nakikita akong tao rito na palaging sinusubaybayan iyan, at ako—nais kong sikaping gawing malinaw ang aking sarili; isang tagapagturo.

212 Pansinin ng ang pitumpung sanlinggo ay pumasok. Nang makita ni Daniel ang pangitain ng panahon na darating, at ang pagtatapos ng mga Hudyo, ngunit sinabi niyang mayroong itinakdang pitumpung sanlinggo. Iya'y pitong taon; sa kalagitnaan niyon, bakit, ang Mesiyas ay mapaparito, o, at mahihiwalay, bilang isang handog. Ngayon, iya'y eksakto kung ano ang naganap.

213 Pagkatapos, ang Diyos ay nakipag-ugnayan sa mga Gentil hanggang sila'y maglabas ng isang bayan para sa Kaniyang Pangalan. Kaagad-agad nang ang Gentil na Iglesya ay makuha palabas, kinuha Niya paitaas ang Iglesya.

214 At nang Kaniyang makuha, ang nangatutulog na birhen, ang iglesya mismo. . . Ang Nobya ay pumaitaas. At ang iglesya mismo ay nalagay sa "kadiliman sa labas, kung saan mayroong pagtangis, at pagtaghoy, at pagngangalit ng mga ngipin." Sa gayun ding panahon, ang Kapighatian ay bumagsak sa mga taong iyan.

215 At habang ang Kapighatian ay bumabagsak, doon ay dumating ang dalawang propetang ito ng Apocalipsis 11, upang ipangaral ang Ebanghelyo sa kanila. At sila'y nangaral ng sanglibo, isang daan. . . at animnapung araw. Kita n'yo? Buweno, Iya'y eksakto, na may tatlumpung araw sa sangbuwan tulad ng mayroon sa tunay na kalendaryo, ay eksaktong tatlo at kalahating taon. Iya'y ang ika-pitumpung bahagi ni Daniel, huling bahagi ng ika-pitumpung sanlinggo. Kita n'yo?

Ang Diyos ay hindi nakipag-ugnay sa Israel dito. Hindi, ginoo.

216 Isang kapatid na lalaki ay nagtanong sa akin, hindi pa katagalan ang nakalipas, sabi, "Dapat ba akong pumunta sa . . ." Isang—isang kapatid na lalaki rito sa iglesya, isang minamahal, itinatanging kapatid na lalaki, sabi, "Ako—gusto kong pumunta sa Israel. Ako'y naniniwalang mayroong pagkagising."

217 May nagsabi sa akin, "Kapatid na Branham, kailangang pumunta ka sa Israel mismo ngayon. Makikita nila iyan." Kita n'yo, hindi n'yo magagawa iyan.

Ako'y tumayo mismo roon, at naisip ko . . .

218 Silang mga Hudyo ay nagsabing, "Kung ako. . . Buweno, kung ito nga, kung si Jesus nga ang—ang Mesiyas," sabi, "hayaan

mo akong makita Siyang gawin ang tanda ng isang propeta. Aming paniniwalaan ang aming mga propeta, pagka't iya'y kung ano sila'y—sila'y nararapat maging."

219 "Anong pagkakasaayos," naisip ko. "Heto akong humayo!" Nang ako ay nakarating doon mismo, malapit na mismo roon, mismo. . . Ako ay, buweno, ako ay nasa Cairo. At hawak ko ang tiket ko sa kamay ko, para sa Israel. At ang sabi ko, "Ako, ako'y pupunta, titingnan kung tatanungin nila iyan, kung makakikita sila ng isang tanda ng isang propeta. Titingnan natin kung tatanggapin nila si Cristo."

220 Si Lewi Pethrus, ng iglesyang Stockholm, ay pinadalhan sila ng sangmilyong Biblia.

221 At yaong mga Hudyong dumarating doon! Nakita na ninyo ang larawan. Nakuha ko iyan sa rolyo, mismo sa dakong ito ngayon, *Three Minutes To Midnight*. At silang mga Hudyo ay pumapasok, mula sa lahat ng panig ng mundo, lahat ng dako, nagsisimulang magkatipon-tipon na roon.

222 Makaraang ang Englatera ay magtungo roon, sa panahon ni Heneral Allenby. Sa *The Decline Of The World's War*, sa ikalawang tomo, palagay ko iyan nga. At sila'y sumuko, ang mga Turko ay sumuko. Pagkatapos ay ibinalik niya iyon sa Israel. At siya'y patuloy na lumalago bilang isang bansa mula noon, at ngayon siya ay isang ganap na bansa: kaniyang sariling salapi, pananalapi, bandila, sundalo, at lahat ng iba pang mga bagay. Kita n'yo?

223 At ang mga Hudyong ito, bumabalik sa kanilang lupang-tinubuan, sila ay. . . Unang bagay, nang sila'y magtungo sa Iran, at sa dako roon, upang kunin sila, sila'y nagtanong. . . Ang sabi nila siya. . . Gusto nilang ibalik sila pabalik sa Israel, ibigay sa kanila ang kanilang lugar; kunin sila pabalik sa kanilang lupain, Palestino, kung saan doon sila nararapat.

224 At, tandaan, hangga't ang Israel ay nasa labas ng lupaing iyon, siya ay wala sa kalooban ng Diyos; tulad ni Abraham, na siyang pinagbigyan niyon. At nang. . .

225 Ayaw nilang sumakay sa eruplanong iyon. Hindi pa sila nakakita ng anumang bagay tulad niyon. Mayroong isang matandang rabi na bumaba roon, sabi, "Sinabi sa amin ng aming propeta, na, kapag ang Israel ay umuwi, iyan ay magiging 'sa mga pakpak ng isang agila,'" sa eruplano, pauwi.

226 Hayan siya ngayon, nagtatayo. Ang puno ng igos ay napapanumbalik! Amen! Ang lumang anim-na-tulis na bituin ni David ay wumawagayway!

227 "Ang mga araw ng Gentil ay bilang na, na kalakip ng mga kahirapan!" Ang panahon ng Kapighatian ay nalalapit na!

228 At nakatayo mismo rito, at ang mga Tatak na nabuksan na, ang Iglesya ay handa ng kunin ang Kaniyang paglipad sa alapaap!

229 At ang Kapighatian ay nagpasimula, pagkatapos ang Diyos ay bumaba at hinila ang sangdaan at apatnapu't apat na libo palabas doon. Amen! Hayan, oh, iya'y walang kamali-mali! Nakita ninyo kung saan ang mga Tatak ay naglabas dito ngayon, kita n'yo, nagbukas diyan? Ngayon, ito ang huling tatlo at kalahating taon sa mga tao. Gayundin, kung inyong napansin, iya'y ang panahon na tatawagin ng Diyos ang sangdaan at apatnapu't apat na libong Hudyong iyan, dito sa huling tatlo at kalahating taon.

230 Kita n'yo, hindi Siya nakipag-ugnayan sa kanila, at lahat na. Hindi sila nagkaroon ng isang propeta. Hindi sila maniniwala sa anupamang ibang bagay kundi sa isang propeta. Hindi mo sila maloloko. Kaya, pakikinggan nila ang isang propeta, opo, ginoo, at iyan ang lahat. Na, sinabi sa kanila ng Diyos iyan sa pasimula, at sila'y nanatili mismo kasama iyon.

231 Sabi niya, "Ang Panginoon ninyong Diyos ay magpapalitaw ng isang Propeta sa kalagitnaan n'yo, tulad ko." Sinabi iyan ni Moises. At ang sabi, "Siya ang inyong pakinggan. At kung sinuman ang hindi dirinig sa Propetang iyan, ay mahihiwalay mula sa bayan." Iya'y tama.

232 At, kita n'yo, ang kanilang mga mata ay kailangang mabulag, o nakilala sana nila Siya. Sa halip na iyan, na nabulag, sila ay . . . Hinayaan niyan na makapasok sa kanila si Satanas, at ang sabi nila, "Siya'y isang manghuhula, Beelzebub. Hayaang ang Kaniyang Dugo ay mapasa amin. Alam naming walang anumang bagay sa Kaniya." Kita n'yo?

233 At ang kaawa-awang mga tao ay binulag. Iyan ang dahilan kung bakit ang grupong Eichmann at lahat ng grupong iyan ay pinatay noon doon. Mayroong karapatan upang pumasok; kailangang bulagin ng sarili nilang Ama ang kanilang mga mata upang makuha Niya tayo.

234 Iya'y ang pinakakahabag-habag na bagay sa mga Kasulatan, halos. Isipin lamang iyan doon, ang mga Hudyo, hinihingi ang Dugo na kanilang sariling Ama, kanilang sariling Diyos na nakabayubay roon, nagdurugo. Tingnan, "Doon kanilang ipinako Siya," sabi ng Biblia. Iya'y ang apat sa mga pinakadakilang salita. Tingnan. "Doon," Jerusalem, ang pinaka banal na siyudad sa mundo. "Kanilang," ang pinakabanal na mga tao sa mundo. "Ipinako," ang pinakawalang-awang kamatayan sa mundo. "Siya," ang pinakaimportanteng Tao sa mundo. Kita n'yo? Bakit? Ang relihiyosong mga tao, ang pinaka dakilang relihiyon sa mundo, ang tanging totoong relihiyon sa mundo, ay nakatayo roon, ipinapako ang mismong Diyos na sinabi ng kanilang Biblia na darating.

235 Bakit hindi nila nakita iyan? Sinasabi ng Biblia sa atin na binulag sila ng Diyos upang hindi nila makita iyan. Sila . . . Sabi Niya, "Sino sa inyo ang makapag-paparatang sa Akin ng kasalanan?" Sa ibang mga salita, "Kung hindi Ko nagawa ng

tamang-tama kung anong inihula para sa Akin upang gawin, kung gayon ay inyong sabihin sa Akin." *Kasalanan* ay "di-pagsampalataya." Nagawa Niya ng eksakto kung anong sinabi sa Kaniya ng Diyos, ngunit hindi nila makita iyon.

236 Ngayon kapag kayo ay nakipag-usap sa mga tao, ito'y tulad lamang sa pagtatapon ng tubig sa likod ng isang pato. Nakikita n'yo ba kung anong ibig kong sabihin? Ito'y isang kaawa-awang bagay, kapag nakita n'yo ang mga bansang ito at mga tao, ang paraang ginagawa nila, talagang napaka-pormal at relihiyon! Ngunit hindi ba sinabi sa atin ng Banal na Espiritu iyan? "Sila'y magiging matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kaysa mga maibigan sa Diyos, mga walang paglulubag, mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili, at hindi mga maibigin sa mabuti. Sila ay magkakaroon ng isang anyo ng kabanalan, datapuwa't itatanggi ang Kapangyarihan ng Ebanghelyo." Sabi, "Mula sa gayon, lumayo sa kanila."

237 Narito na tayo, binaluktot Iyan ng mga denominasyonal na ito. Kinukuha nila ang lahat ng kaluwalhatian at Kapangyarihan, inilagay Ito pabalik sa mga apostol, at ang iba Nito ay sa Milenyum. Ito'y tulad lamang sa isang tao, tulad nang sinabi ko noon; ang tao ay palaging nagbibigay sa Diyos ng papuri sa kung anong Kaniyang nagawa, tumitingin sa kung anong Kaniyang gagawin, at di pinapansin kung anong Kaniyang ginagawa mismo ngayon. Iya'y tamang-tama. Ang tao ay gayung bagay pa rin.

238 Naroon yaong mga Hudyong nakatayo roon, sinasabing, "Kaluwalhatian sa Diyos! Bakit," sa ika-6 na kabanata ng San Juan, sabi, "ang aming mga magulang ay kumain ng manna sa ilang!"

At sabi ni Jesus, "Sila'y, bawat isa, patay."

239 "Sila ay nagsiinom ng tubig mula sa Bato sa ilang, at lahat na."

240 Sabi Niya, "Ako ang Batong iyon." Iya'y tama. Amen. Sabi Niya, "Ngunit Ako ang Tinapay ng Buhay na nanggaling sa Diyos mula sa Langit, ang Punong Kahoy ng Buhay na iyan mula sa Eden sa dako roon. Kung isang tao ay kumain ng Tinapay na ito, siya ay hindi mamamatay; ibabangon Ko siyang muli sa huling mga araw." At hindi pa rin nila makita iyan! Iya'y tama.

241 Ang mismong Mesiyas nakatayo roon, sinasalita ang mismong mga salita ng kanilang puso, at mga bagay tulad niyon, ipinapakita na Siya ang Mesiyas, kung ano lamang ang dapat na gawin ng Mesiyas!

242 At sila nakatayo roon na ang kanilang mga kamay ay nasa likuran nila at, "Huh! Iya'y di maari. Hindi, hindi. Siya—Siya— hindi Siya dumating sa tamang kalakaran. Kita n'yo, Siya ay lumabas mula sa Bethlehem. At Siya—Siya'y walang anuman kundi isang anak sa pagkakasala. At iya'y ang Diablo na

kumikilos sa Kaniya. Ating—alam nating Siya'y sira-ulo. Siya'y baliw. Siya'y mayroong diablo." Kita n'yo? Ang kanilang mga mata ay totoong binulag doon, ngayon.

243 Ngunit sila ay naghihintay para sa kanilang propeta. At tatanggapin nila iyan, tatanggapin ang dalawa sa kanila. Iya'y tama.

244 Ngayon pansinin, muli, ngayon, din, kapag ang mga Hudyong ito. . .Bibigyan ko kayo ng panibagong munting simbolo, para maunawaan ninyo na ito'y mga Hudyo banda rito ngayon, sa bahaging ito ng Pag-agaw. Pagmasdan kung anong magaganap. Ito'y isinimbolo rin. . .Hindi tayo kukuha ng oras para gawin iyan, pagka't tayo ay kakapusin— kakapusin dito. Isinimbolo rin sa. . .sa tinatawag na "kabagabagan ni Jacob." Ngayon tingnan. Ang mga Hudyong ito rito ay mayroong. . . Pansinin. Oh, ito'y isang. . .

245 Ako—ako—ako'y kukuha lamang ng kaunting bahagi ng oras dito, kita n'yo. Pinapa-niyerbiyos ako nito kapag ako ay nagpasimulang lumaktaw-laktaw tulad niyan. At. . .Kita n'yo? Pansinin. Gusto kong makita n'yo ito. At ako—ako—ako lamang. . .Buweno, ipapakita ito ng Diyos sa inyo, ako'y tiyak. Tingnan.

246 Na kay Jacob ang pagkapanganay. Tama ba iyan? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Ngunit siya ay tiyak na isang munting katusuhan. Kita n'yo? Siya ay nagtungo pababa at dinaya niya ang kaniyang ama. Dinaya niya ang kaniyang kapatid na lalaki. Ginawa niya ang lahat ng bagay. Ngunit, gayun man, sa legal na paraan, mismo roon, nakuha niya iyan, sapagka't ipinagbili ni Esau. Ngunit pagkatapos nang siya ay tumungo pababa roon upang gumawa para sa kaniyang biyenang lalaki, inilagay niya ang mga tangkay ng alamong iyon sa tubig, upang gawin ang mga buntis na mga kawan na iyon at mga bagay na magluwal ng mga batik-batik na mga kawan. At, oh, alam ninyo ang lahat ng bagay na ginawa niya tulad niyon, upang—upang magkamal lamang ng salapi. Ngayon pagmasdan, ngayon. Siya ay pinalayas mula sa kaniyang bayan.

247 Ngayon, ito'y isang tipo ng Hudyo ngayon. Siya'y isang mandurukot ng pera. Walang anuman sa akin kung paano niya kukunin ito, makukuha niya ito. Babalatan ka niya ng buhay, upang kunin ito. Ngayon, alam n'yo yan. Siya'y isang tuso, iyan ang lahat. Naku, huwag makipag-kasundo sa kaniya; kaniyang—kaniyang kukunin ka, naku. Opo, ginoo. Bakit? Kailangan niyang maging ganiyan. Iya'y ang uri ng isang espiritu na nagdodominante.

248 Sadyang tamang-tamang tulad nilang mga repormador, hindi maunawaan ang Salitang ito, sapagka't iyan ay ang espiritu ng tao na isinugo sa kanila.

249 Iya'y ang kapanahunan ng agila na kumuha ng Salita at ng kapahayagan. Lahat ng nakaunawa niyan, itaas ang inyong mga kamay, kaya ako . . . Iya'y mabuti. Iya'y mainam. Kita n'yo? Iya'y mabuti. Ngayon, kita n'yo, kung kayo ay makakabalik dito sa ilalim ng mga Tatak na ito, kung Sila'y may makakuha . . . Kapag Sila'y nabuksan, makikita ninyo ng tamang-tama kung anong ginagawa ng Diyos, kung anong Kaniyang nagawa, anong Kaniyang gagawin. Heto iyan, tamang-tama.

250 At iyan ang dahilan na ang mga tao ay kumilos sa ganiyang paraan, sapagka't iya'y ang espiritu na naihula para sa kapanahunang iyan, na mapapasa kanila. Wala silang magagawang anu pa mang iba.

251 Iniisip ko si Juan, si Pablo, at sila, iyang Espiritung leon doon, ang l-e-o-n na nakatayo roon, ang Salita Mismo.

252 Si Pablo ay tumayo mismo kasama ng Salitang iyan, at ang sabi, "Alam ko ito, na magkakaroon ng mga bulaang kapatid na magsisilitaw sa gitna ninyo, lilibot. At ang kanilang gagawin, mga denominasyon at lahat ng iba pang mga bagay, sa gitna ninyo, at anong kanilang gagawin. At ito'y magpapatuloy sa huling mga araw, at nakapangingilabot na panahon." Bakit? Siya ay isang propeta. Doo'y tumayo ang Salitang iyan sa kaniya. Paano iyan magtatapos, sa kabilang dako roon; sabi, "Mga bulaang tao sa inyong kalagitnaan ay magsisibangon, at mangagsasalita ng mga bagay, at ilalayo ang mga kapatid na mga alagad." Iya'y tamang-tama ang anti-cristo. Ginawa nitong tamang-tama lamang iyan.

253 Pansinin pagtapos nilang pumasok sa madilim na kapanahunan ng kapighatian. Ano nga iyan? Wala silang anumang magagawa. Pag-aari ng Roma ang . . . Nasa kaniya ang mga kapangyarihang pangrelihiyon, at nasa kaniya ang mga kapangyarihang pulitikal. Wala silang anumang magagawa, kundi magpagal lamang upang manatiling buhay, at ibigay ang kanilang mga sarili bilang handog. Iyan ay isang guya. Iyan lang ang lahat na magagawa nila. Iyan ang uri ng espiritu na mayroon sila, ang Espiritu ng Diyos, ang guya.

254 Pagkatapos, narito dumating ang mga repormador, ang ulo ng isang tao, matalino, pantas; si Martin Luther, John Wesley, at ang iba pa, Calvin, Finney, Knox, ang iba pa sa kanila. Narito sila'y nagsidating, at, nang sila'y dumating, sila ay mga repormador. Sila'y dumating, nagrereporma, inilalabas ang mga tao.

255 At bumaling mismo pabalik, eksakto tulad ng kanilang ginawa roon noon, at nakipag-asawa mismo deretso pabalik patungo sa kaniya muli, sa kanilang mga denominasyonal na sistema, sadyang eksakto. Sinabi nga ng Biblia. Siya ay isang "patotot," at pagkatapos siya ay mayroong "mga patotot," ang mga anak na babae, sadyang eksakto.

256 At sabi ng Diyos, "Ako—binigyan Ko siya ng panahon upang magsisi, at hindi niya ginawa iyon. Kaya kukunin Ko siya at ang kaniyang mga anak, at ihahagis sila roon kung saan sila nararapat." Iya'y eksakto. Ngayon, iyan, sinabi iyan ng Diyos, sa ilalim nito, kita n'yo, sa ilalim ng Tatak. Ngayon, hayan nga siya. Natuklasan natin na ginawa Niya iyan, at gagawin Niya iyan. At sila'y, bawat isa, ay patungo sa daang iyan.

257 Ngunit, sa lahat na ang kanilang mga pangalan ay nasa Aklat ng Buhay, ay tatawagin ng Diyos. Diringgin nila Ito. "Dinirinig ng Aking tupa ang Aking Tinig," sabi ni Jesus. Ang tanging bagay na kailangan nating gawin ay gumawa ng isang pagtawag-sa-tupa. Hindi Ito alam ng mga kambing. Pansinin. Ngunit, kita n'yo, ang pagtawag-sa-tupa, "Dinirinig ng Aking tupa ang Aking Tinig." Bakit? Ano ang Tinig? Gusto kong sabihin sa inyo kung ano ang Tinig. Ang Tinig ay isang—ay isang espirituwal na tanda.

258 Sabi Niya kay Moises, "Kung hindi nila diringgin ang Tinig ng unang tanda, diringgin nila ang Tinig ng ikalawang tanda."

259 "Dinirinig ng Aking tupa ang Aking Tinig." Kapag ang mga bagay na ito ay dapat na magaganap sa mga huling araw, makikilala Iyan ng tupa ng Diyos. Opo, ginoo. Kita n'yo? Kanilang—kanilang makikilala Ito. "Kilala Ako ng Aking tupa." Kita n'yo? "Ang estranghero ay hindi nila susundin." Huwag sundan silang mga estranghero. Ito'y kailangang isang pinagtibay na tanda ng kaarawan, at nakita nila Ito. Ngayon, ngayon pansinin.

260 Ngayon, si Jacob, habang siya'y umaakyat ngayon, ang unang bagay alam n'yo, siya ay may isang pagnanasa na magtungo (saan?) pabalik sa lupang-tinubuan.

261 Oh, iya'y eksakto kung anong nagawa ng Israel! Iya'y—Iya'y . . . Iya'y Israel. Si Jacob ay si Israel. Binago lamang ang kaniyang pangalan, alam n'yo. Kita n'yo? At siya'y . . .

262 Siya ay lumabas doon, at kinuha ang lahat ng salapi na mayroon siya, at makukuha niya, at kinuha ito sa anumang paraan na magagawa niya, mula sa kaniyang kamag-anakan o sino pa mang iba. Kaya, pandaraya, pagnanakaw, pagsisinungaling, anumang paraan na makukuha niya ito, nakuha niya ito. Kita n'yo? Nagawa niya.

263 At pagkatapos nang siya'y nagpasimulang bumalik pauwi, siya'y nagkaroon ng isang pakiramdam na pagnanabik sa pag-uwi sa kaniyang puso. Ngunit nang siya ay nagsimulang bumalik, sa kaniyang daan pabalik, nakatagpo niya ang Diyos, pagkatapos ang kaniyang pangalan ay nabago. Kita n'yo? Ngunit, sa panahong ito, siya ay masyadong nanlupaypay, sapagka't natatakot siya na si Esau ay sumusunod sa kaniya. Kita n'yo?

264 At—at pagmasdan, pagmasdan ang salapi, ang mungkahi ng salapi. Tulad na lamang ng mga Hudyo na susubukang gawin ang kasunduang ito sa—sa Roma, kita n'yo, sa kanilang mungkahi sa salapi. Pansinin ito. Ang Esau na iya'y hindi kailangan ang kaniyang salapi; gayun din ang Roma. Nakuha niya sa kaniyang kamay ang kayamanan ng sanlibutan. Kita n'yo? Ngunit iya'y hindi gumana.

265 Ngunit natuklasan natin ngayon, na si Israel, sa panahong iyan ng kabagabagan, nang siya ay si Jacob, siya'y nakipagbuno sa. . .na nakahawak ng Isang Bagay na totoo. Mayroong isang Taong bumaba. Niyakap Siya ni Jacob sa kaniyang mga bisig, at siya ay nanatili roon. At ang—at ang—ang Lalaki ay nagsabing, "Kailangan ko nang umalis ngayon. Mag-uumaga na." Oh, ang pagbubukang-liwayway na iyan! Kita n'yo? Iyan ay nahahandang mag-umaga.

266 Ngunit sinabi ni Jacob, "Ako—hindi kita iiwan. Ikaw, Ika'y hindi makaaalis. Ako'y mananatiling kasama Mo mismo." Kita n'yo? "Gusto kong mabago ang mga bagay dito."

267 Iya'y ang sangdaan at apatnapu't apat na libo, iyang pangkat ng makasalaping pamamaraan, at mga bagay na tulad niyan, kapag kanilang nakita ang totoo, tunay na bagay upang panghawakan. Doon tatayo si Moises, at doon tatayo si Elias. Amen! Sila'y makikipagbuno sa Diyos hanggang ang sangdaan at apatnapu't apat na libo ng mga angkan ni Israel ay tinawag palabas mismo roon.

268 Iya'y bago pa man ang panahon ng Kapighatian, kita n'yo, (oh kamangha-mangha) gayon din, "kabagabagan ni Jacob."

269 Dito ay kung kailan ang sangdaan at apatnapu't apat na libo ay tinawag palabas. Sila, ang—ang mga mangangaral, yaong dalawang propeta, sila'y nangaral tulad ni Juan Bautista. "Ang Kaharian ng Langit ay malapit na. Magsisi ka, Israel!" Magsisi sa ano? "Magsisi sa iyong mga kasalanan, ang iyong di-pagsampalataya, at manumbalik sa Diyos!"

270 Ngayon tandaan nating ang isang bagay dito. Ang mga dakilang kaganapang ito, sa kalikasan, ay naganap na noon. Dito sa ika-12 talatang ito, kita n'yo, "Ang araw ay naging kasing itim na kayong buhok na maitim." Ngayon ihambing ito.

271 Ngayon, tandaan, iya'y hindi naganap sa Gentil. Iya'y Israel. Hayaan n'yong ipakita ko sa inyo. Ngayon, tandaan, sinabi kong ito'y pagtawag palabas ng sangdaan at apatnapu't apat na libo. Kita n'yo? Ang panahong ito ngayon, ay kung kailan ang Kapighatian, na siyang ginawa ito. At ito'y pagsasabi ng kung anong naganap sa Kapighatiang ito.

272 Ngayon tayo'y bumaling sa Exodus 10:21-23. At pagmasdan dito nang. . .Ang Exodus ay nang, siyempre, ang Israel ay lumalabas, kukunin palabas. Exodus, ang ika-10 kabanata, at ang ika-21, ika-23 na talata. Ako'y talagang sabik at sumisigaw,

nang isulat ko ang mga ito, na minsan ay maaring napaghahalo-halo ko sila. O sige, Exodus 10:21-23. O sige, heto na tayo, 21 at 23.

> *At sinabi nang Panginoon kay Moises, Iunat mo ang iyong kamay* sa dakong *langit, upang magdilim sa lupain ng Egipto, ng kadiliman na madarama.*
>
> *At iniunat ni Moises ang kaniyang kamay* sa dakong *langit; at nagsalimuutan ang dilim sa buong lupain ng Egipto, na tatlong araw:* (Kita n'yo?)
>
> Ngayon, *Hindi nila makita ang isa't-isa, at walang tumindig na sinoman sa kinaroroonan sa loob ng tatlong araw; kundi. . . lahat ng mga anak ni Israel ay nagilaw sa kani-kaniyang tahanan.*

273 Pansinin, eksakto lamang, ngayon dumako banda rito, "At ang araw ay naging kasing itim ng magaspang na kayo." Kita n'yo, parehong bagay! Ang mga kaganapang ito ng kalikasan, ano iyan? Ano? Kapag ang kalikasan ay nangyayari tulad nito, ay tinatawag na ng Diyos ang Israel. Kita n'yo? Tinatawag ng Diyos ang Israel palabas. Ngayon, "Araw ay kasing itim ng. . . buhok." Ngayon, ilalabas na ng Diyos ang Israel doon, o sige, ilabas sila mula sa kamay ng kanilang kaaway, na siyang Egipto, sa panahong iyon. Ngayon, dito, inilalabas Niya sila mula sa kamay ng Romano, kung saan kanilang ginawa ang kanilang pakikipagkasundo. Parehong bagay ang nagaganap. Iya'y ang mga salot, ang—ang panahon kung kailan ang mga salot ay tatawag.

274 Sasalutin niyan ang grupong ito ng mga Gentil. Kung tayo ay may panahon, maipapakita ko kung anong magaganap sa Gentil na iglesyang iyan.

275 Sinabi ng Biblia, na, "Ang—ang dragon, si Satanas, ay muhi, (iya'y, galit) sa babae (ang Hudyo, Israel), at siya'y nagbuga ng tubig mula sa kaniyang bibig, kakapalan at karamihan ng mga tao, na nagtungo upang makidigma sa mga nalabi sa binhi ng babae." Apocalipsis 13. Ngayon, tingnan doon, nakuha natin iyan. At iya'y kapag ipadadala ng Israel ang kaniyang. . . Ang ibig kong sabihin, ipadadala ng Roma ang kaniyang hukbo upang habulin ang mga nalabi, ang nalabi sa binhi ng babae.

276 Ngayon pagmasdan. Ang unang pagkakataon, ang kamay ng kanilang kaaway, nang inilalabas Niya sila, ang araw ay naging magas-. . . maitim tulad ng kayong magaspang. Ngayon, ito ang ikalawang pagkakataon, ang katapusan ng panahon ng Kapighatian.

277 Ngayon, sa Daniel 12. Kung tayo'y may panahon, mababasa natin ito. Sa Daniel, ang ika-12—ang ika-12 talata. . . ika-12 kabanata, pala. Sabi ni Daniel, "Bawat isa na masumpungan na nakasulat sa Aklat ay maliligtas." Ngayon, tandaan, si Daniel ngayon ay nangungusap sa panahong ito kung kailan ang mga

ito. . .ang bagay na ito ay dapat na maganap, kapag ang Israel ay palalayain, kapag ang—ang katapusan ng kanilang ika-pitumpung sanlinggo. At iya'y kung kailan sila dapat maligtas. Ngayon tingnan. Kunin natin ang Daniel 12 dito, sandali lamang.

> *At sa panahong yaon ay tatayo* si Miguel, *na dakilang prinsipe na* tumatayo *sa ikabubuti ng mga anak. . .ng—ng iyong bayan* (kita n'yo, iya'y mga Hudyo): *at magkakaroon ng. . .kabagabagan, na. . . hindi nangyari kailan man mula nang magkaroon ng bansa hanggang sa panahong yaon:. . .*

278 Ngayon ihambing iyan, eksakto kung anong sinabi ni Jesus, sa Mateo 24, "Magkakaroon ng panahon ng kabagabagan na hindi nangyari kailanman mula nang magkaroon ng bansa." Tingnan ang Ikaanim na Tatak, kita n'yo, gayun ding bagay, isang panahon ng kabagabagan. Pansinin.

> *. . .mula nang magkaroon ng bansa* hanggang *sa panahong yaon: at sa panahong yaon ay maliligtas ang iyong bayan. . .*(Ngayon, sa ika-pitumpung ito, huling bahagi ang ika-pitong taon.)*. . .ay maliligtas ang iyong bayan, bawa't isa na masumpungan na nakasulat sa aklat.*

279 Ang itinalaga, kita n'yo, na nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero, ay maliligtas sa panahong iyon.

> *At marami sa* kanila *na nangatutulog sa alabok ng lupa ay mangagigising,* at *ang iba'y* sa *walang hanggang buhay, at ang iba'y sa* walang hanggang kahihiyan at pagkapahamak.
>
> Ngayon, at pagkatapos silang pantas *ay kikislap na parang ningning ng* langit*; at—at silang mangagbabalik ng marami sa katuwiran ay* magniningning *na parang mga bituin magpakailan man.*

280 Iyan, pagkatapos ay nagpatuloy, sinabi kay Daniel na "isarado ang Aklat," sapagka't siya'y magpapahinga sa kaniyang dako hanggang sa panahong iyan.

281 Ngayon, kita n'yo, ito'y walang ginawang kaibahan kung mabuhay kayo o mamatay. Kayo ay lumabas, kahit paano. Kita n'yo? Huwag. . .Na, kamatayan, ay bale wala sa isang Cristiyano. Hindi siya namamatay, papano man. Kita n'yo?

282 Ngayon, Daniel 12, sinabi na bawat isa na masumpungang nakasulat sa Aklat ay maliligtas.

283 Dito, handa nang ilabas ng Diyos ang Kaniyang ikalawang anak, Israel, makaraan ang Kapighatian. Kita n'yo, ang ikalawang pagkakataon, Israel, Kaniyang. . .Ang Israel ay Kaniyang anak. Alam n'yo iyan. Ang Israel ay anak ng Diyos,

kaya ililigtas Niya siya rito sa panahon ng Kapighatian, sadyang eksakto tulad ng Kaniyang ginawa roon sa Egipto.

284 Ngayon tumigil tayo rito, muli, at—at kumuha ng iba pang bagay, kaya, bago natin iyan ideretso sa punto. Ngayon pagmasdan dito. Ang dalawang propetang ito, tingnan kung anong kanilang gagawin ngayon, tulad na lamang ng ginawa ni Moises at sila noon doon. "At may ibinigay sa akin na isang tambo . . . " At ang ika-3 talata ng ika-11 kabanata.

> *At may ipagkakaloob akong kapangyarihan sa aking dalawang saksi,* at *sila'y magsisipanghulang isang libo at dalawang daan at animnapung araw, na nararamtan ng magagaspang na kayo*.
>
> *Ang mga ito'y ang dalawang punong olibo, . . .*

285 Tandaan n'yo iyan, at Zerubbabel, at kung anu-ano pa, ay itatayo muli ang templo.

> . . . *at dalawang kandelero* na nangakatayo *sa harapan ng Dios ng lupa.*
>
> . . . *kung nasain ng sinoman . . . na sila'y ipahamak, ay apoy ang lumalabas sa kanilang bibig, . . .*

286 Tandaan, mula sa bibig ni Cristo ay lumabas ang tabak, Salita.

> . . . lumalamon *sa kanilang mga kaaway: at kung nasain ng sinoman* na *sila'y ipahamak, ay kailangan ang mamatay sa ganitong paraan.*

287 Ngayon, alam natin, ang "apoy." Sa ika-19 na kabanata, ng Pagdating ni Cristo, "lumalabas ang Kaniyang tabak mula sa Kaniyang bibig," na siyang Salita. Tama ba iyan? Ang Salita! Oh, kung kukunin ninyo ang bagay na ito ngayon, para sa Tatak bukas ng gabi! Kita n'yo, ang Salita ay ang bagay na ipinangpapatay ng Diyos sa Kaniyang kaaway. Kita n'yo?

288 Ngayon tumingin dito. Nang ang mga propetang ito ay nanghuhula roon, sila . . . Kung ang sinuman ay tratuhin sila ng masama, saktan sila: "ang apoy ay lumalabas mula sa kanilang bibig," Apoy ng Espiritu Santo, ang Salita. Ang Salita ay Diyos. Ang Salita ay Apoy. Ang Salita ay ang Espiritu. Kita n'yo? "Lumalabas mula sa kanilang bibig."

289 Tingnan si Moises. Tingnan natin kung anong lumabas mula sa kaniyang bibig. Sila, ang Israel, ay kailangang, sa paraan na kanilang ginagawa roon, ang—ang . . . Ibig kong sabihin, ang Egipto, minamaltrato nila ang mga Hudyong ito. Si Moises . . . Buweno, ayaw nila silang pakawalan. Ayaw ni Paraon. Inilagay ng Diyos ang mga salita sa bibig ni Moises. Kita n'yo, ito'y kaisipan ng Diyos na tumutungo papasok sa puso ni Moises; siya ay pumasok ngayon upang ipahayag ito, pagkatapos ito ay naging ang Salita. Iniunat ang kaniyang kamay, sabi,

"Magkaroon ng mga langaw," at heto dumating ang mga langaw. Tingnan dito.

> *At kung nasain ng sinoman na sila'y* ipahamak, *ay apoy ang lumalabas sa kanilang bibig, at* lumalamon *sa kanilang mga* kaaway*: . . .*

290 Kita n'yo? Hayan nga ito. Magagawa nilang salitain ang anumang naisin nila, at doon ito ay naganap. Amen!

> *. . .at kung nasain ng sinoman. . .sila'y ipahamak,* sila'y *kailangang mamatay sa ganitong paraan.*

291 Kapatid, ang Diyos ay sumusunod sa kaganapan dito!

> Sila *ay may kapangyarihang—kapangyarihang magsara ng* langit, *upang huwag umulan sa loob ng mga araw ng kanilang hula: . . .*

292 Si Elias, alam niya kung paano gawin ito; nagawa na niya ito noong una. Amen! Alam ni Moises kung paano gawin ito; nagawa na niya ito noong una. Iyan ang dahilan kung bakit sila itinago. Ngayon. . .Amen!

293 May masasabi akong lubhang mabuti mismo rito, ngunit mas makabubuting—mas makabubuting pigilin ko ito hanggang bukas ng gabi. Kita n'yo? O sige.

> *. . .at may kapangyarihan sila* sa mga *tubig na mapaging dugo, at mapahirapan ang lupa ng bawa't . . . salot, sa* tuwing *kanilang nasain.*

294 Ano nga ito? Ano ang makapagdadala ng mga bagay na ito kundi ang Salita? Magagawa nila sa kalikasan ang anumang paraan na naisin nila. Heto na iyan. Sila ang siyang naghatid ng Ikaanim na Tatak na ito. Inalisan nila ng takip at binuksan iyan. Ito'y ang Kapangyarihan ng Diyos, upang gambalain ang kalikasan. Kita n'yo, ang Ikaanim na Tatak ay ganap na isang kagambalaan sa kalikasan. Nakuha n'yo na ba ito ngayon? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Hayan ang inyong Tatak. Sinong gumawa niyon? Ito'y ang mga propeta, ang kabilang bahagi ng Pag-agaw. Kasama ang Kapangyarihan ng Diyos, ang Salita ng Diyos, hinatulan lamang nila ang kalikasan. Makapagpapadala sila ng mga lindol, mapaging dugo ang buwan, ang araw ay makabababa, o anumang bagay, sa kanilang utos. Amen!

295 Hayan na kayo. Hayan na kayo. Kita n'yo? Nakita ninyo kung paano binuksan ang mga Tatak, sa dako roon ng kapanahunan ng iglesya, paano nito ipinakita ang mga martir?

296 At ngayon ay narito ang dalawang propetang ito na nakatayo rito kasama ang Salita ng Diyos, upang gawin ang anumang bagay na kanilang naisin sa kalikasan. At kanilang niyanig ang lupa. At ipinakita niyon ng eksakto kung sinong gumawa niyon. Ito'y si Moises at si Elias, pagka't doon ay ang kanilang ministeryo nagsa-katawang tao muli, ito'y kapwa kalalakihan.

Oh, naku! Nakita n'yo na ba iyan ngayon? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Nakita n'yo kung ano ang Ikaanim na Tatak? Ito'y ang mga propetang iyon. Ngayon pansinin. Huwag hayaang masamid kayo nito. Ngunit, pagmasdan kung anong nagbukas sa Tatak na iyan, mga propeta! Kita n'yo? Whew! Amen! Hayan ka na.

297 Oh, tayo'y nabubuhay sa araw ng agila, kapatid, patungo pataas sa mga ulap!

298 Binuksan nila ang Ikaanim na Tatak na iyan. Sila ay mayroong kapangyarihan upang gawin ito. Amen! Hayan ang inyong Ikaanim na Tatak na bumubukas. Kita n'yo?

299 Ngayon tayo ay bumalik mismo rito, at sinalita ni Jesus na ito'y magaganap. Pabalik doon noon sa Lumang Tipan, pabalik sa Ezekiel, pabalik sa mga matandang propeta, sinalita nila na ito'y magaganap.

300 At dito ang Ikaanim na Tatak ay nabuksan, at ang sabi nila, "Buweno, iya'y isang mahiwagang bagay. Ano ang gumawa niyon?"

301 Heto ang lihim niyon, ang mga propeta, pagka't sinabi nga ng Biblia rito. Mabubuksan nila ito, sa anumang oras na kanilang. . .Magagawa nila ang anumang bagay na naisin nila sa kalikasan. At gagawin nila ang gayunding bagay na kanilang ginawa, amen, pagka't alam nila kung paano ito nagawa. Amen! Kaluwalhatian!

302 Nang nakita ko iyan, ako ay sadyang tumayo dali-dali mula sa upuan at nagpasimulang lumakad ng paroon-at-parito sa sahig. Naisip ko, "Panginoon, gaano Kita pinasasalamatan, Makalangit na Ama!"

303 Hayan nga ito. Iyan nga. Binuksan nila iyang Ikaanim na Tatak. Amen! Pagmasdan sila, "Kung nasain ng sinumang sila'y ipahamak, ay apoy ang lumalabas sa kanilang bibig," ang Salita. Ang Espiritu Santo ay dumating sa mga apostol, nakita n'yo. "Ang apoy ay lumalabas sa kanilang bibig."

304 Ngayon pansinin sa Apocalipsis 19, nakita natin ang gayun ding bagay, "At isang malaking tabak ang lumabas mula sa Kaniyang bibig," Salita. Kita n'yo? Pagdating ni Cristo. "At Kaniyang pinatay ang Kaniyang mga kaaway sa pamamagitan Nito." Tama ba iyan? [Kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ngayon Siya'y nasa Kaniyang daan na. Pagmasdan Siya ngayon. O sige.

> *Ang mga ito'y may kapangyarihang magsara* ng langit, *upang huwag umulan sa loob ng mga araw ng kanilang hula:. . .*

305 Naku, iya'y paggambala sa kalikasan! Ngayon, gaano katagal na ang—ang taong ito, si Elias, ay isinarado ang langit para? [Kongregasyon nagsabi ng, "Tatlo at kalahating taon."—Pat.] Hayan na kayo, eksakto. Gaano katagal ang ika-

pitumpo ni Daniel, huling bahagi ng pitumpung sanlinggo? ["Tatlo at kalahating taon."] Hayan na kayo, eksakto.

306 Anong ginawa ni Moises? Kaniyang—kaniyang—kaniyang ginawa ang—ang mga tubig sa dugo. Nagawa niya ang lahat ng uring ito ng makapangyarihang gawa, sadyang eksakto kung anong inihula dito sa ilalim ng Ikaanim na Tatak na ito. At narito nga sila, sa Apocalipsis 11, ginagawa ang mismong gayun ding bagay. Amen!

307 May tatlong iba't-ibang mga dako sa mga Kasulatan, mismo roon, na tamang pinag-aakmang sama-sama ang bagay. Iya'y ang pagbubukas ng Ikaanim na Tatak. Mismo nga roon. Amen! Kaluwalhatian! Ngayon pansinin.

> *Ang mga ito'y may kapangyarihang magsara* ng langit, upang huwag umulan, sa loob ng mga araw ng kanilang hula*: at. . . may kapangyarihan sila sa mga tubig na mapaging dugo, . . . at mapahiran ang lupa ng . . . bawa't salot, sa* tuwing *kanilang nasain.*

308 Oh, naku! Hayan na kayo. Ngayon bumaling mismo banda rito sa mga salot, kita n'yo. Lahat ng kalikasan ay nagambala, sa Ikaanim na Salot na ito. . . o Ikaanim na Tatak, bukas. Iya'y eksakto kung ano ang naganap. Ngayon tingnan. Ang. . .

309 Dito, ililigtas na ng Diyos ang Kaniyang anak, Israel, pagkatapos ng gayun ding paraan ng kapighatian na Kaniyang ginawa roon noon. Isinugo niya si Moises doon noon at inilabas ang Israel. Tama ba iyan? [Kongregasyon, "Amen."—Pat.] At ginawa niya ang mismong gayun ding mga bagay na ito. Isinugo Niya si Elias kay Ahab, at ang pitong libo ay lumabas. Tama ba iyan? ["Amen."] Isusugo Niya muli sila pabalik banda rito muli, sa panahon ng Kapighatian, at tinawag palabas ang sangdaan at apatnapu't apat na libo.

310 Ngayon, kita n'yo, inyong pansinin, sa pagitan ng Apocalip-. . . o sa pagitan ng ika-6 na kabanata, o ang Ikaanim na Salot. . . Tatak, pagpaumanhinan ako, ang Ikaanim na Tatak at Ikapitong Tatak. Ang ika-7 kabanata ng Apocalipsis, ayon sa maka-matematika, magkasamang nailagay ng tama.

311 Tulad lamang ang America ay bilang labing-tatlo: nagpasimula ito sa labing-tatlong estado, labing-tatlong bituin sa bandila, labing-tatlong kolonya, labing-tatlong guhit. Lahat ng bagay ay labing-tatlo, labing-tatlo. At lumitaw mismo rito sa ika-13 kabanata ng Apocalipsis. Iya'y tama. Siya ay labing-tatlo, at isang babae.

312 Ngayon, nang ilalabas na Niya ang Kaniyang tanging bugtong ng Anak, na siyang Kaniyang tanging bugtong. Si Jacob ay Kaniyang anak; ngunit ito ang ay Kaniyang tanging bugtong na Anak. Mateo 27, tingnan natin kung anong ginawa Niya roon. Mateo, ang ika-27 kabanata. Ngayon, tandaan, ang Kaniyang Anak ay nabugbog, at nabagabag, at ginawa nila

Siyang katatawanan. At Siya ngayon ay nakabayubay sa krus, sa ganap na ikatlo, hapon ng Biyernes Santo. Magaganap pa lamang! Mateo, ika-27 kabanata ng Mateo, at ang—ang ika-45 talata, ako'y naniniwalang iyan nga.

> *Mula nga nang oras na ikaanim ay nagdilim sa ibabaw ng buong sangkalupaan* hanggang *sa oras na ikasiyam.*

313 Ngayon pansinin ng sadyang eksakto kung anong Kaniyang ginawa sa dako rito ngayon, dito. Kita n'yo?

> *At nakita ko nang buksan niya ang ikaanim na tatak,...at nagkaroon ng malakas na lindol; at ang araw ay umitim na gaya ng isang magaspang na kayong buhok na maitim, at ang buwan—at ang buong buwan ay naging gaya ng dugo;*

314 Kaitiman, kadiliman! Egipto; kaitiman, kadiliman!

315 Ang Diyos, inililigtas si Jesus sa krus, sadyang bago Niya Siya ibangon mula sa pagkabuhay-na-maguli. Una, kadiliman; araw ay bumaba sa kalagitnaan ng araw, at mga bituin ay ayaw magningning. Dalawang araw mula roon, Kaniya Siyang babangunin na may isang dakilang tagumpay.

316 Makaraang ang araw, at buwan, at mga bituin, at lahat na, sa Egipto, lahat ng mga ito ay naganap, Kaniyang inilabas ang Israel patungo sa lupang pangako.

317 Heto iyan, sa panahon ng Kapighatian, at dito ay nakatayo silang mga propeta na siyang may kontrol sa Salita na ibinigay sa kanila ng Diyos. Makakapagsalita lamang sila kapag ibinigay sa kanila ng Diyos ang Salita.

318 Ngayon, sila'y hindi mga diyos. Sila'y pansamantala... Munti, sila ay, pagka't sinabi nga ni Jesus na gayon. Sabi, "Tinatawag n'yo silang mga diyos, na siyang dinaratnan ng Salita ng Diyos." Ngunit, tingnan, iya'y ang siyang mga pinagdalhan ng Diyos ng Salita. At kapag sinalita niya Ito, ito'y nagaganap. Iyan lang lahat.

319 At narito siya na may isang kautusan mula sa Diyos, upang saktan ang lupa, ng anumang naisin niya (oh, naku), patigilin ang kalangitan. At ginawa niya. Ano'ng nangyari? Siya'y naghahanda upang kunin ang sangdaan at apatnapu't apat na libo palabas, para sa katubusan, mula sa Aklat ng Katubusan. At iya'y nasa ilalim ng Tatak ng Katubusan, sa Ikaanim na Tatak. Iyan nga, mahal kong kaibigan. Iya'y iyang Ikaanim na Tatak; naging napakahiwaga.

320 Kunin lamang natin...Tayo ay mayroon pang sampung minuto. Kumuha lamang tayo ng kaunti pa, kita n'yo. Ako ay mayroong mga dalawa hanggang tatlong mga pahina. Buweno, ako ay mayroong...Makikita n'yo lamang, *dito*. Palagay ko mayroon pang mga...Sa isang iyan, palagay ko mayroon pa akong mga labing limang mga pahina na naiiwan pa, na

matatalakay ko. Oh, mayroong napakarami riyan! Naku, maaari kayong magpatuloy lamang mula sa isang dako patungo sa isang dako pa! Ngunit ako'y nangangamba na malito ko kayo kapag inilayo ko kayo ng masyado. At ako'y hindi . . . hindi ko iyan mahahawakan ng sama-sama na tulad ng dapat kong gawin.

321 Sa Isaias, kunin natin ito. Si Isaias, ang propeta, ay nakita ang Ikaanim na Tatak na Ito na nabuksan, at nangusap ng tungkol Dito; kung Ito'y mahalaga, o hindi. Kita n'yo?

322 Buweno, ang buong bagay, ang buong plano ng katubusan, ay nasa ilalim ng mga Tatak na ito; ang buong Aklat.

323 Ngayon tandaan, nakita natin na nakita Ito ni Jesus. Tama ba iyan? Kita n'yo? Nakita Ito ni Jesus. At ngayon natagpuan natin ang iba na nakita Ito. Natagpuan natin na Ito ay tumipo kay—kay Jacob. Natagpuan natin na Ito ay tumipo sa Egipto. Nakita natin na Ito ay tumipo sa krus.

324 Ngayon tayo'y bumalik sa Isaias. Ako ay may marami pang mga propeta na naisulat dito, rin. Atin na lamang . . . Gusto ko ito, itong sa Isaias. Tayo'y bumalik dito sa Isaias, ang ika-13 kabanata ng Isaias. Gusto ko . . .

325 Ang Isaias ay ang—ang kumpletong Biblia, sa Sarili Nito, alam n'yo. Alam n'yo ba iyan? Kita n'yo, ang Isaias ay nagpasimula pa sa paglikha; sa kalagitnaan ng Aklat kaniyang dinala si Juan; at sa hulihan kaniyang dinala ang Milenyum. At mayroong animnapu't anim na Aklat sa Biblia, at animnapu't anim na kabanata sa Isaias. Ito'y ang kumpletong ensiklopedya, sa Kaniyang Sarili.

326 Pansinin, ang ika-13 kabanata ngayon, ng—ng Isaias. Tayo'y magsimula rito sa ika-6 na talata.

> *Magsiangal kayo; sapagka't ang araw ng Panginoon ay malapit na; darating na pinaka paggiba na mula sa Makapangyarihan sa lahat.*

327 Pagmasdan na bumabukas ang Ikaanim na Tatak na ito rito ngayon. Deretso pabalik dito, pitong daan at labing tatlong mga taon bago dumating si Cristo, at Siya'y dalawang libong taon, na iya'y magiging mga pito . . . mga dalawampu't pitong daang taon ang nakalipas. Nakita ni Isaias ang Tatak na ito na nakabitin doon. O sige.

> *Kaya't lahat ng kamay ay manghihina, at bawa't puso ng tao ay manglulumo:*

328 Ano ang sinabi ni Jesus? "At dahil ang kasamaan ay sasagana, ang—ang pag-ibig ng marami ay manlalamig kung gayon." "At ang mga puso ng mga tao ay manlulupaypay, dahil sa takot; ang dagat ay magngangalit." Kita n'yo, ang puso ng mga tao ay manghihina.

> *At sila'y manglulupaypay: mga pagdaramdam at mga kapanglawan ay dadanasin nila; sila'y mangaghihirap*

*ng gaya ng babae sa pagdaramdam: mangagkakatigilan; ang kanilang mga mukha ay magiging parang* liyab.

329 Pansinin iyan dito, naku, "ang kanilang mga mukha, isang liyab." Kailangan natin pumunta riyan, sandali lamang. Ipapaliwanag ko iyan, kita n'yo.

*Narito, ang kaarawan ng* P*ANGINOON* *ay dumarating, mabagsik na may poot at mabangis na galit, upang gawin kagibaan ang mga lupa: at upang lipulin mula roon ang mga makasalanan niyaon.*

330 "Ang lupa," iyan lang lahat niyon, niyon nakita n'yo. Pansinin.

*Sapagka't ang mga bituin ng langit at ang mga gayak niyaon hindi magbibigay ng kanilang liwanag: ang araw ay magdidilim sa kaniyang pagsikat, at hindi pasisilangin ng buwan ang kaniyang* liwanag.

*At aking parurusahan ang sanlibutan dahil sa kanilang* kasamaan, at ang mga masama *dahil sa kanilang kabalakyutan; at aking patitigilin ang kaham-. . .*

331 Hindi—hindi ko alam kung paano ibaybay ito, kaham-. . . [Kongregasyon nagsabi ng, "Kahambugan."—Pat.] Hindi ko masasabi ito, kita n'yo.

*. . .patitigilin ang kahambugan ng palalo, at aking ibababa ang kapalaluan ng—ng kakilakilabot—kakilakilabot.*

332 Kita n'yo, doon, sadyang eksakto, nakita ni Isaias ang gayun ding bagay na ipinangusap ni Jesus. Na inihahayag ng Ikapitong Tatak ay nahayag. Nang Kaniyang nililinis ang lupa sa pamamagitan ng kapighatian, iya'y ang panahon ng Kapighatian, itong Ikaanim na Tatak. Oo, siya ay isang propeta, at ang Salita ng Diyos ay ipinahahayag sa kaniya. Iya'y dalawampu't pitong daang taon na ang nakalipas.

333 Katotohanan! Gusto ko lamang sabihin ito. Ang buong mundo, tulad ng kay Isaias dito, "na gaya ng babae sa pagdaramdam," lahat ng sangnilikha ay nagdaramdam. Tungkol saan ang lahat ng paghihinagpis at pagdaramdam na ito?" Tulad ng isang—isang—isang babae na magiging isang ina; ang daigdig mismo, kalikasan.

334 Bakit, ang siyudad na ito rito, kunin natin ang sarili nating siyudad; nang, ang mga pagsasalo-salo sa serbesa, at prostitusyon, at karumihan, at mga hamak na tao, tulad ng iba pang siyudad!

335 Bakit, ako ay naniniwalang ang Diyos ay mas makabubuting tumigil na, sa pagtingin doon sa paraang iyan na nasa Kaniya noong una, mga libong taon na ang nakararaan. Nang ang Ohio ay nagpatuloy pababa, wala silang mga hindi umaagos

na mga tubig at mga baha. Wala silang kasalanan sa lambak. Ang mga buffalo ay lumiligid dito, at—at tinutugis siya ng matandang Cherokee at gumagawa ng disenteng pamumuhay. Walang kaguluhan, sa anumang paraan.

336 Ngunit, ang tao ay pumasok, doon ay kung saan ang kasalanan ay pumasok. Nang ang mga tao ay nagpasimulang magparami sa balat ng lupa, pagkatapos ang kasalanan at karahasan ay pumasok. Iya'y tama, palaging tao. Aba, palagay ko iya'y isang kahihiyan!

337 Ako ay nakatayo, noong isang araw, sa tahanan kong bayan doon, ngayon ay sa Arizona. At ako—binasa ko, nang ako ay isang bata pa, ang tungkol kay Geronimo, at—at Cochise, at yaong mga matatandang Apache. Dahil, ako ay nangaral sa kanila roon. Mabubuting tao! At ilan sa mga pinaka mabubuting tao na gugustuhin ninyong makilala, ay ang mga Indiyang Apache na iyan.

338 At pagkatapos ako ay nagtungo roon sa—sa Lapida, kung saan naroon ang lahat nilang matatandang mga relikya at mga bagay mula sa digmaan. At ako ay tumingin sa . . . Sila ay palaging, alam n'yo na, palagi nilang inuuri si Geronimo bilang—bilang isang taksil. Sa akin, siya ay isang Amerikanong puro. Lubusan! Ipinaglalaban lamang niya ang kaniyang mga karapatan, tulad ng gagawin ng sino man. Hindi niya gusto ang polusyon na iyan sa kaniyang lupain. At tingnan kung ano ito ngayon; ginawa ang kaniyang mga anak, ang kaniyang mga anak na babae, na mga prostityut, at lahat na; at ang mga puting tao ay dumating doon. Ang puting tao ay isang tampalasan.

339 Ang Indiyan ay konserbatibo. Siya ay isang—siya ay isang—isang mapagpahalaga sa mga likas yaman. Siya ay lalabas at papatay ng isang buffalo, kakainin ng buong tribo lahat na matitira niyon. Kanilang ginamit ang balat para sa mga kasuotan at mga tolda, at lahat ng iba pang mga bagay. At ang mga puting tao ay dumating upang barilin iyon, bilang isang inaasinta; aba, iya'y isang kahihiyan!

340 Nakabasa ako ng isang artikulo sa pahayagan, kung saan, sa Africa, ang dakilang dakong iyon ay puno ng mga marahas na laro! Kasama nila ang mga kalalakihang ito, si Arthur Godfrey at sila, nagpupunta banda roon, binabaril ang mga elepanteng ito at mga bagay, mula sa mga helikopter at mga bagay na tulad niyon. Isang larawan ng isang matandang babaeng elepante na nagsisikap na mamatay, at ang mga luha, parang, dumadaloy sa kaniyang mukha. At dalawang malalaking lalaki ang sinisikap na hawakan siya, upang panatilihing . . . Aba, iya'y isang kasalanan. Iya'y hindi paligsahan.

341 Nang ako ay tumayo sa kaparangan sa labas doon, at kung saan ako ay nangangaso at mga bagay tulad niyan, at nakita kung saan silang mga puting mangangaso ay lumalabas dooon at binabaril yaong mga usa, at pumuputol ng pamahulihang bahagi

mula rito. At kung minsan ay papatay ng walo o sampung mga munting babaeng usa, at iiwan silang nakahiga roon. At ang mga batang usa ay tumatakbo sa palibot, sinisikap na hanapin ang kanilang ina. At ang ibig ninyong sabihin iya'y isang paligsahan? Iya'y purong pagpatay, sa aklat ko.

342 Sana ang Canada ay hindi kailan man maglalagay ng anumang daan doon, habang ako'y nabubuhay, upang panatilihin silang mga tampalasang Amerikano na malayo roon. Iya'y tama. Sila ang pinakakaawa-awang mga paligsahan na nakita ko sa buhay ko.

343 Ngayon, hindi lahat sa kanila. May ilang totoong, tunay na mga tao, ngunit iya'y isa mula sa sanglibo, na inyong matatagpuan.

344 Binabaril ang anumang bagay na kanilang makita, sa anumang paraan na naisin nila. Iya'y tama. Iya'y isang mamamatay tao. Iya'y tama. Siya ay walang puso. At siya ay bumabaril, na wala sa panahon.

345 Buweno, doon sa Alaska roon, ako ay naroon kasama ang isa sa kanila na mga giya. Sabi niya, "Ako ay pumulot . . . Ako ay lalabas doon ngayon, at nakatagpo ng buong kawan nilang mga talagang malalaking elk o . . . hindi elk, kundi ang moose na nakahiga roon; na may tama ng limampung-kalibreng bala ng masinggan na tumatagos sa kanilang mga sungay, kung saan ang mga Amerikanong mga pilotong ito roon, sa Alaska, ay nagmamasinggan, mula sa eroplanong iyan, ng isang kawan ng moose." Iya'y purong pagpatay.

346 Alam nila, na sa tuwing mapapatay nila ang buffalo, makukuha nila ang Indiyan. Siya ay mamamatay sa gutom. Iyan ang dahilan kung bakit si Cochise ay kailangang sumuko; ang kaniyang, lahat ng kaniyang mga prinsipe, at lahat ng iba pa sa kanila, ang kaniyang mga anak, at lahat ng kaniyang mga katribu, ay namamatay sa gutom. Sila ay lumabas doon na may malaking, lubhang malalaking mga pasan sa kanila, ang Buffalo Bill at silang mga karaniwang tao, at binaril lahat ng mga buffalo na iyon, apatnapu, limampu, sa hapon. Alam nila, kapag naalis nila iyan, mapapaalis nila ang mga Indiyan. Oh, naku! Isang mantsa sa bandila, sa paraan na kanilang tinrato silang mga Indiyan. Hayan na kayo.

347 Ngunit tandaan, sabi ng Biblia, "Ang oras ay darating na sisirain ng Diyos sila na sumira sa lupa." At ang buong mundo!

348 Tingnan ang mga lambak na iyon. Ako ay nakatayo roon, noong isang araw, tumatanaw pababa sa lambak sa Phoenix. Nagtungo sa South Mountain, ang asawa ko at ako ay nakaupo roon, at tumingin pababa sa Phoenix. At ang sabi ko, "Hindi ba iyan ay kakila-kilabot?"

Sabi niya, "Kakila-kilabot? Anong ibig mong sabihin?"

349 Sabi ko, "Ang kasalanan. At gaano karaming pangangalunya, at paglalasing, at pagmumura, at ang Pangalan ng Panginoon na nagamit sa walang kabuluhan, sa lambak na iyan doon; na may mga sangdaan at—at apatnapu, limampung libong mga tao, o marahil dalawang daang libong mga tao, sa lambakin na iyan!"

350 Sabi ko, "Limang daang taon ang nakalipas, o sanglibo, walang anumang bagay kundi mga cactus, mesquite, at ang matatandang mga coyote na tumatakbong paroo't parito sa buhanging ilog doon, ang—ang hugasan." At ang sabi ko, "Gayun ang paraan na ginawa dito ng Diyos."

351 Ngunit, ang tao ay dumating. Anong kaniyang ginawa? Kaniyang binabaran ang lupa ng karumihan. Ang mga lansangan ay puno ng kapaitan. Ang mga manghahasik, ang . . . Ang mga ilog ay nasalaula ng—ng dumi. Hindi nila . . . Aba, mas makabubuting hindi kayo uminom sa inigib na tubig na iyan; may makukuha kang kung anu-ano. Kita n'yo? Tingnan iyan. Hindi lamang dito, kundi, sa buong mundo, ang bagay ay marumi!

352 At ang mundo, ang kalikasan, (Maawa nawa ang Diyos!) ang buong mundo'y . . . at nasa pagdaramdam sa panganganak. Sinisikap ng mundo na, siya ay "nagdaramdam," sabi ni Isaias. Ano'ng nangyari? Siya ay nasa . . . sinisikap na magluwal ng isang bagong mundo, para sa Milenyum, kung saan ang lahat ng . . . ? . . . Sinisikap na magluwal ng isang bagong mundo, para sa bagong mga tao na hindi magkakasala at hindi siya dudumihan. Iya'y tama. Siya ay nasa pagdaramdam. Iya'y ang dahilan na ang—ang . . . Tayo'y nasa pagdaramdam, kay Cristo, upang ilabas ang Nobya. Lahat ng bagay ay nagdaramdam at dumaraing. Kita n'yo, may isang bagay na nahahandang maganap.

353 At ang Ikaanim na Salot na ito ang nagpalaya sa kanya. Kapatid, ang lindol ay bumukas, at ang mga bituin ay nayanig, pagsabog ng mga bulkan ay darating, at babaguhin ng daigdig ang kaniyang sarili. Bagong mga nagbabagang putik ng bulkan ang lalabas mula sa kalagitnaan ng daigdig. At siya'y guguho, lahat ng palibot at palibot at palibot, kapag siya ay umikot tungo roon.

354 At sasabihin ko sa inyo, isang umaga kapag si Jesus at ang Kaniyang Nobya ay bumalik sa lupa, magkakaroon ng isang paraiso ng Diyos doon. Na, oh, naku, silang mga matandang madirigma ng labanan, lalakad pababa roon kasama ng kanilang mga kaibigan at mga minamahal. Ang kapaligiran ay mapupuno ng pag-aawitan, ng isang Maka-anghel na hukbo. "Oh, ito'y mabuting pagkagawa, Aking mabuti at tapat na lingkod. Pumasok ka sa mga kagalakan ng Panginoon, na inihanda para sa iyo, tulad ng dapat na iyong tinamasa sana noon doon bago

pinasimulang pagulungin ni Eva ang bola sa kasalanan." Amen! Whew! Oo.

355 Ang Ikaanim na Tatak ay gagawa ng isang bagay. Opo, ginoo. Totoong ang buong mundo ay dumaraing at naghihirap, para sa kapanahunan ng Milenyum!

356 Ngayon, ang isa ngayon ay talagang babad na babad na sa karumihan! Na ipinangaral ko rito, hindi pa katagalan ang nakalipas, ako'y naniniwala, nangaral sa tabernakulo, *World Falling Apart*. Iya'y eksakto. Tingnan kung ano ang bumabagsak sa pagkawasak sa mundo. Tingnan, lahat ng bagay ay bumabagsak, niyon. Tiyak, iyan nga. Ito'y—ito'y kailangang bumagsak sa pagkawasak. Opo, ginoo.

357 Tingnan, ang balangkas nito! Hayaan ninyong ipakita ko sa inyo kung bakit kailangan gawin ito ng mundo. Ang balangkas ng mundong ito, ang bakal, at ang tanso, at ang mga materyales ng daigdig na ito, na hinila magmula rito, ang balangkas nito, para sa digmaan at pangkabuhayan, hanggang ito'y halos handa nang. . .Buweno, hindi pa tayo nagkaroon ng lindol maliban noong isang araw, sa bandang ito ng bahaging ito ng bansa; noong isang araw lamang dito, kita n'yo, sa St. Louis at tuloy-tuloy roon. Siya ay nagiging napakanipis. Hinila na nila palabas lahat ng bagay mula roon. Kita n'yo?

358 Ang pulitika nito ay napakarumi, halos wala ng tapat sa kanila, kita n'yo, ang sistema nito. Ang mga moral nito ay napakababa, halos wala na itong anumang moral. Iyan lang lahat. Kita n'yo? Tiyak. Ang relihiyon nito ay bulok. Opo, ginoo.

359 Ito'y panahon na para sa Ikaanim na Tatak, malapit na malapit na, upang mabuksan. At kapag siya ay nabuksan, oh, naku, ito'y tapos na! Ang Nobya ay natapos ng umalis, siya ay tapos nang. . .ang Reyna ay nagtungo na upang kunin ang Kaniyang dako; Siya ay kasal na ngayon, sa Hari, habang ito ay nagaganap. At ang nalabi ng Israel ay tinatakan at handa nang umalis, at pagkatapos ay bibigay ang kalikasan. Oh, anong panahon!

360 Pansinin ang huling talata ng Ikaanim na Tatak, nabuksan. Yaong mga nagtawa sa pangangaral ng Salita, ng pinagtibay na Salita ng buhay na Diyos; nang silang mga propeta ay tumayo roon at gumawa ng mga kababalaghan, isinarado ang araw, at lahat na, at lahat sa pagpapatuloy ng kapanahunan. Kita n'yo, "Sila ay sumigaw para sa mga bato at mga bundok upang itago sila," kita n'yo, upang itago sila mula sa Salita na kanilang pinagtawanan, pagka't nakita nila Siyang dumating. "Itago mo kami mula sa poot ng Cordero." Siya ang Salita. Kita n'yo? Pinagtawanan nila ang Salita. At narito nga ang Salita, nagkatawang-tao. At ginawa nila Itong katatawanan; pinagtawanan sila, ginawa silang katatawanan. At ang nagkatawang-taong Salita ay bumaba na!

361 Bakit hindi sila nagsisi? Hindi nila magawa. Ito ay napakalayo, kung gayon. Kaya, alam nila iyan, ang kaparusahan. Narinig nila Ito. Sila ay nakaupo sa mga pagtitipong tulad nito at nalaman ang tungkol Doon. At nalaman nila na ang mga bagay ng mga propetang iyon, na inihula, na tinitingnan sila mismo sa mukha, ang bagay na tinaggihan nila. At tinanggihan nila ang awa para sa huling pagkakataon.

362 At kapag tinanggihan mo ang awa, wala ng natitira pa kundi paghatol. Kapag tinanggihan mo ang awa; isipin lamang ito.

363 At hayun nga sila. Wala silang lugar na patutunguhan, walang tatakbuhan. At sinabi ng Biblia rito, "Sila ay tumawag para sa. . . Sumigaw sa mga bato at mga bundok, na, 'Mahulog kayo sa amin, at itago kami mula sa—mula sa mukha ng. . . at ang poot ng Cordero.'" Sinikap nilang magsisi, ngunit dumating na ang Cordero upang kunin ang Sariling Kaniya, kita n'yo. At sila ay sumigaw sa mga bato at mga bundok. Dumalangin, ngunit ang mga panalangin ay napakahuli na.

364 Aking kapatid na lalaki, kapatid na babae, ang kabutihan at kahabagan ng Diyos, ay iniabot sa mga tao. Habang, ang Israel ay binulag para rito, para rito, halos mga dalawang libong mga taon na, upang bigyan tayo ng isang pagkakataon upang magsisi. Tinanggihan n'yo ba ang habag na iyan? Tinanggihan n'yo ba? Tinanggihan n'yo ba Iyan?

365 Sino ba kayo, kung gayon? Saan kayo nagmula? At saan kayo patutungo? Hindi ninyo matatanong ang doktor, hindi ninyo matatanong ang sinuman sa mundo, at walang kayong aklat na mababasa, na makapagsasabi sa inyo kung sino kayo, kung saan kayo nanggaling, at ano ang inyong patutunguhan, kundi ang Aklat na ito.

366 Ngayon, alam n'yo, kung wala kayong Dugo ng Cordero upang gumanap sa inyong dako, makikita n'yo kung saan kayo hahantong. Kaya, kung—kung ginawa iyan ng Diyos para sa inyo, ang pinakamaliit na bagay na magagawa natin ay ang tanggapin ang Kaniyang nagawa. Iyan lamang lahat ang hiningi Niya upang gawin natin.

367 At ayon sa basehang ito, kung lalayo pa ako, kailangan kong dumako mismo sa Salot na iyan, lahat iyan, para sa gawain bukas ng gabi. At ngayon ay hindi ko magagawa ito, hindi na maari pang lumayo. Minarkahan ko ito rito, isang krus, "tigil dito," kita n'yo. Kaya, kung gayon, kailangan ako— kailangan kong maghintay hanggang bukas.

Ngayon iyukod natin ang ating mga ulo sandali.

368 Kung hindi mo pa, mahal kong kaibigan, hindi pa—hindi pa tinanggap ang pag-ibig ng Diyos na ito na sinasabi ko! Kung di mo pa. . . Makinig dito ng mabuti ngayon. Kung hindi mo pa tinatanggap ang Kaniyang pag-ibig at habag, kailangan mong tumayo sa Kaniyang mga paghatol at poot.

369 Ngayon, ikaw, ngayong gabi, ay nasa gayun ding kalagayan tulad ng si Adam at si Eva ay nasa hardin ng Eden. Ikaw ay may karapatan. Ikaw ay isang malayang tao. Maaari kang tumungo sa Punong Kahoy ng Buhay, o maari mong kunin ang plano ng paghatol. Ngunit, sa araw na ito, habang ika'y may kabatiran, nasa iyong tamang pag-iisip, at ika'y sapat na malusog upang—upang tumayo at tanggapin ito, bakit hindi mo gawin iyan kung hindi mo pa ito nagagawa.

370 Mayroon ba silang mga tao rito na di, hanggang ngayon, ginawa iyan? Kung iya'y gayun nga, maari n'yo bang itaas ang inyong mga kamay, sabihing, "Manalangin ka para sa akin, Kapatid na Branham. Gusto kong gawin ito ngayon. Ayokong dumating ito." Ngayon tandaan, mga kaibigan . . . Pagpalain kayo ng Diyos. Iya'y mabuti. Mayroon akong . . .

371 Ang mga ito ay hindi ko na ideya hinggil Dito. Ako— ako . . . Hindi ito ang nasa isip ko; ito sa kabuuan ay mula sa akin. Kaya tulungan ako, alam iyan ng Banal na Espiritu. At kayo'y maghintay, kung kalooban ng Panginoon, bukas ng gabi, may nais akong ipakita sa inyo na isang hiwaga na nagaganap sa lahat ng pagkakataon, mismo rito sa pagtitipong ito. Pinag-aalinlangan ko ng husto kung nakita n'yo iyan o hindi, kita n'yo, kung ano'ng—ano'ng naganap. Ito'y isang bagay na inilahad mismo rito sa inyong harapan. At ako'y nagmasid, bawat gabi, ito, para rito upang tumayo, para sa isang tao na sabihing, "Nakita ko iyan." Kita n'yo?

372 Huwag n'yo Itong tanggihan, pakiusap, hinihiling ko sa inyo; kung kayo'y hindi isang Cristiano, kung kayo—kayo'y wala sa ilalim ng Dugo, kung kayo'y hindi ipinanganak na muli, puspos ng Banal na Espiritu.

373 Kung hindi pa kayo nakagawa ng pampublikong pagpapahayag ni—ni Jesus Cristo, sa pamamagitan ng pagpapa-bautismo sa Kaniyang Pangalan, upang saksihan ang Kaniyang kamatayan, pagkalibing at pagkabuhay na mag-uli, na inyong tinanggap, ang tubig ay nakahanda. Sila'y naghihintay. Ang mga kasuotan ay inilaan dito, at lahat ng bagay ay handa.

374 Si Cristo ay nakatayong handa, na may nakaunat na bisig, upang tanggapin ka. Sa isang oras mula ngayon, ang habag na iya'y maaring hindi na umabot sa iyo. Maaring tanggihan mo iyan sa huling pagkakataon; hindi na niyan hihipuin pang muli ang puso mo. Habang magagawa mo, habang makakaya mo, bakit hindi mo gawin ito? Ngayon habang . . .

375 Alam ko ang karaniwang, kinaugaliang paraan, ay dalhin ang mga tao sa dambana. Ginagawa natin iyan, at iya'y ganap na tama. Sa oras na ito, tayo'y sadyang punong-puno rito, mismo sa paligid ng altar, hanggang hindi ko na magagawa iyan.

376 Ngunit gusto kong sabihin ito. Sa apostolikong kaarawan, sinasabi nilang, "Kasing dami ng nanampalataya ay

nabautismuhan." Kita n'yo? Kung magagawa n'yo lamang, ng totoo, sa kaibuturan ng inyong puso! Heto na lahat iyan. Ito'y hindi—ito'y hindi emosyon, bagamat sinasamahan iyan ng emosyon. Tulad na lamang ng sinabi ko, ang paninigarilyo at paglalasing ay hindi kasalanan; ito'y ang bunga ng kasalanan; ito ay nagpapakita na hindi kayo nananampalataya. Kita n'yo? Ngunit kapag kayo'y totoong naniwala sa inyong puso, at alam ninyo iyan sa basehan ng, kung saan kayo ay nakaupo diyan, tinanggap n'yo ito ng inyong buong puso, may bagay na magaganap mismo riyan. Ito'y magaganap.

377 Pagkatapos kayo ay makatatayo bilang isang saksi rito, na may bagay na naganap. Pagkatapos ay lumakad patungo sa tubig, sasabihing, "Nais kong ipakita sa kongregasyon, gusto kong patunayan, gusto kong ang aking patotoo ay manatili, na aking kukunin ang aking dako kasama ng Nobya. Ako ay nakatayo rito ngayon upang mabautismuhan."

378 Alam ko na may maraming kababaihan sa mundo ngayong gabi, mabubuting kababaihan, ngunit ako'y lubhang nalulungkot na makakita ng isa. Mayroong isa sa kanila iya'y ang aking asawa. Siya ay umuuwi kasama ko. Hindi ko siya asawa sa simula; ngunit kung paano ko siya naging asawa, kinuha niya ang aking pangalan.

379 Siya ay darating. Mayroong napakaraming kababaihan, mga iglesya, sa mundo, ngunit Siya ay darating para sa Kaniyang Asawa. Siya ay tinawag sa pamamagitan ng Kaniyang Pangalan. "Sila na nakay Cristo ay dadalhin ng Diyos sa Kaniya." Paano tayo papasok Doon? "Sa pamamagitan ng iisang Espiritu tayong lahat ay nabautismuhan patungo sa isang Katawan."

380 Ngayon habang tayo'y nananalangin, kayo ay dumalangin, din. Sa loob o sa labas, mayroong napakalaking mga grupo ng mga tao sa mga silid, sa labas, nakatayo sa palibot, sa labas sa mga lansangan. Ngunit ngayon habang—habang kayo ay . . . Hindi namin kayo matatawagan dito sa altar. Ngunit, ang inyong puso, gawin itong altar. At mismo sa inyong puso, sabihing, "Panginoong Jesus, sinasampalatayanan ko Ito. Ako ay nakatayo rito sa panggabing hangin na ito. Ako ay nabalutan, sa munting silid na ito. Ako'y nakaupo rito, kasama ng mga taong ito. Ako—ako—ako—ako—hindi ko nais na maging . . . Hindi ko kayang ipagpaliban; Hindi ko makakaya ito."

381 Lahat ng bagay, tulad ng sinabi ko sa inyo kagabi, at, kaya tulungan ako, alam ng Panginoon na sinasabi ko sa inyo ang Katotohan. "Hindi ako nagsisinungaling," tulad ng sabi ni Pablo. Ang pangitaing iyan, o anuman iyon; Ako ay nakatayo roon, tumingin, at nahawakan ang mga taong iyon na pumanaw na, sadyang kasing totoo tulad ng ako ay nakatayo mismo rito. Huwag mong ipagpaliban ito, aking kaawa-awang kapatid na lalaki o kapatid na babae; huwag mong gawin iyan. Alam kong nakarinig na kayo ng pangangaral, narinig ninyo *ito*, *iyan*, at

mga kuwento, lahat iyan. Ngunit hayaang. . . Makinig lamang. Para sa akin, ito ay. . . Alam kong ito'y ang Katotohanan, kita n'yo. Kayo lamang. . . Ako—hindi ko na iyan mapapalinaw pa, kita n'yo. Huwag mong ipagpaliban ito. Ito'y buong-buong sa inyo.

Ngayon tayo'y manalangin.

382 Panginoong Jesus, narito sa harapan ko ay isang kahon ng mga panyo na nagrerepresenta ng mga taong may karamdaman. Habang ako'y nananalangin para sa kanila, ipinapatong ang mga kamay sa kanila, tulad ng sinabi ng Biblia, "Sila'y nagsikuha mula sa katawan ni Pablo, ng mga panyo at mga panapi, mga maruming espiritu ay nagsilabas mula sa mga tao, at mga dakilang tanda ay nagawa."

383 Sapagkat, nakita nila si Pablo, na nalaman nila na ang Espiritu ng Diyos ay nasa kaniya. Alam nila na siya ay—siya ay isang kakatwang tao, na, ang mga bagay na kaniyang ipinangusap, tungkol sa Salita. Siya ay tutungo kukunin ang matandang salitang Hebreo sa iglesyang Hebreo, at dalhin iyon tungo sa buhay, at ilagay iyon kay Cristo. Alam nila na ang Diyos ay nasa tao. Pagkatapos ay kanilang nakita ang Diyos na gumagawa ng di-pangkaraniwan at makapangyarihang mga gawa sa pamamagitan niya, inihuhula ang mga bagay at iyan ay magaganap sa gayong paraan, at alam nila na siya ay lingkod ng Diyos.

384 Panginoon, idinadalangin ko na Iyong kilalanin ang mga taong ito para sa kanilang mga paggalang sa Salita, at pagalingin sila para sa kapakanan ni Jesus. Dito sa publiko, Panginoon, mayroong nakaupo na mga tao, sadyang tulad noon na nakinig kay apostol Pedro sa Araw ng Pentekostes. Kung paano siya bumalik sa Salita, at nakuha ang Salita! At sabi niya, "Sinabi ni Joel, sa mga huling araw ang mga bagay na ito ay magaganap. At Ito iyan." At pinaniwalaan Ito ng tatlong libo, at nangabautismuhan.

385 At, Ama, sa araw na ito kami ay nakatayo rito sa pamamagitan ng Iyong biyaya. At ito'y hindi dahil sa—sa ito'y isang espesyal na mga tao, kundi ito'y dahil (tulad lamang ng araw ng leon, o ng guya, o ng tao) ito'y ang panahon ng agila. Ito'y ang pagpapahid ng oras. Ito'y ang panahon na ating kinabubuhayan. Ito'y ang pagkilos ng Banal na Espiritu para sa partikular na panahong ito, upang patunayan na si Jesus ay hindi patay. Ang mga bagay na sinabi Niya na Kaniyang gagawin sadyang bago maglaho ang panggabing mga Liwanag, at dito ay nakikita natin na ginagawa Niya iyan, mismo roon sa pagpapatuloy habang daan. Nakita namin Ito na bumaba sa siyentipikong pagsasaliksik at nakuha ang Kaniyang larawan; ang dakilang Haligi ng Apoy na Siyang nanguna sa mga anak ni Israel; na Siyang nakasalubong ni Pablo sa daan.

386 At alam namin, ang siya ring Haligi ng Apoy na ito na nanguna kay Moises doon noon sa ilang, sa pamamagitan ng siya ring Haligi ng Apoy na iyan siya ay sumulat ng ilang mga Aklat ng Biblia, sapagka't siya ay pinahiran kasama ng Salita.

387 Itong siya ring Haligi ng Apoy na bumababa kay Pablo, sa daan patungong Damasco, siya ay sumulat ng maraming mga Aklat ng Biblia, tinawag na ang Salita ng Diyos.

388 At ngayon, Panginoon, iyang siya ring Haligi ng Apoy, sa pamamagitan ng ebidensiya ng pagpapatunay ng Salita, at sa pamamagitan ng siyentipikong pananaliksik, aming nakita Iyan dito na inihahayag ang Salita ng Panginoon.

389 Diyos, hayaang ang mga tao ay magising kaagad-agad, Panginoon, kaagad-agad! Sila na ang kanilang mga pangalan ay nakalagay sa Aklat ng Buhay; kapag Ito ay kumislap sa kanilang daan, makakita nawa sila. Tulad ng munting, may bantog-na masamang babae sa balon ng araw na iyon, nakakilala siya kaagad, at nalaman niya na Iyon ay ang Kasulatan.

390 At ngayon, Ama, idinadalangin ko na lahat ng tatanggap sa Iyo sa pagkakataong ito, sa kanilang mga puso, ay panatilihin ito magpakailan man, sa oras na ito, na sila'y tapos na sa kasalanan; na magsisitindig at gagawa ng mga paghahanda ngayon para sa pampublikong pagpapahayag, ng bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa ikapagpapatawad ng kanilang mga kasalanan; upang ipakita na kanilang sinasampalatayanan na pinatawad na sila ng Diyos, at kanilang kinukuha ang Pangalan ni Jesus Cristo.

391 Pagkatapos, Ama, ibuhos Mo ang Banal na Espiritu, ng Langis, sa kanila, na sila nawa ay malagay sa paglilingkod ng Panginoong Diyos, na sila nawa ay maging mga manggagawa rito sa huling, masamang araw, sapagka't aming napagtanto na kami ay mayroon na lamang maikling panahon. At ang Iglesya ay maaring umalis na sa anumang oras.

392 Ang Cordero ay maaring, sa anumang oras, lisanin ang sanktuwaryo sa kaitaasan Doon, o ang Luklukan ng hain, lumabas mula sa Trono ng Diyos kung saan nakalapag ang handog, at pagkatapos ito'y tapos na; wala ng mga pag-asa pa para sa mundo; siya ay tapos na. Pagkatapos siya ay tutungo sa mga pagkataranta, ng malalaking mga pagbugso ng mga lindol, at—at malalakas na pagyuyugyog tulad noong ito'y sa pagkabuhay ng mag-uli. At—at, ang—ang . . .

393 Tulad ng si Cristo ay bumangon mula sa libingan, kapag ang mga banal ay nagbangon, gayun ding bagay ang magaganap. Panginoon, maaaring ito'y maganap sa anumang sandali. Kami'y nagbabantay para sa pagdating ng masayang araw na iyon.

394 Kunin Mo ang Iyong mga anak sa ilalim ng Iyong mga bisig, Ama, ngayon. Dalhin Mo ang Iyong mga mumunting cordero sa Iyong sinapupunan. Ipagkaloob ito. At pakainin sila sa

Salita, hanggang sa sila'y nasa kalakasan para sa paglilingkod. Ipinauubaya namin sila sa Iyo ngayon, Panginoon. Tugunin ang dalanging ito.

395 Sinabi Mo, Ama, sa banda ng Marcos, ang ika-11 kabanata, "Kapag kayo ay dumalangin, tumayong nananalangin, sampalatayanan na inyong tinanggap kung ano ang inyong hiniling, at matatanggap n'yo ito."

396 At sa buong puso ko sa Kaniya na naghahayag ng mga bagay na ito sa pagpapatuloy ng mga taon, at ang mga Tatak na ito rito sa mga nakaraang linggong ito; Pinaniniwalaan Kita, Panginoong Diyos, na ito na ang oras, malapit na ngayon, mas malapit kaysa sa aming talagang iniisip, ng Iyong pagdating.

397 Pakiusap na hayaang ang aking mga dalangin ay masagot. At nawa'y bawat tinawag na anak ng Diyos, na nasa pakikinig ng may distansiya rito, o maging ang teyp ay tumimo, nawa'y sa panahong iyan. . . inaangkin ko sila para sa Kaharian ng Diyos, sa ibabaw ng basihan ng pagkaalam na ito ay ang Salita na nahayag. Hayaang ang panggabing Liwanag ay magningning, Ama. Ipinagkakatiwala ko sila sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

398 Ngayon, lahat, sa loob o sa labas, na nananampalataya, at hindi pa ginawa ang inyong—inyong pampublikong pagpapahayag, na kayo'y tapos na sa kasalanan; at inyong—inyong nais ang mga habag ng Diyos, at tinanggap ninyo sila kay Jesus Cristo. Ang bautismuhan. . . Sila'y magiging handang bautismuhan ang sino man na nagnanais na mabautismuhan, sa araw na ito o bukas, mismo ngayon o kung kailan man iyan.

399 Nasiyahan ba kayo sa Ikaanim na Tatak? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Nakita n'yo kung saan Ito'y nabuksan ngayon? ["Amen."] Sinasampalatayanan n'yo ba Ito? ["Amen."]

400 Sabi Nito, "Sino ang naniwala sa aming balita? At kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?" Kita n'yo? Paniwalaan ang balita, pagkatapos ang bisig ng Panginoon ay nahayag. Ang bisig, ang Salita ng Diyos, ay nahayag.

401 Sa kalooban ng Panginoon ngayon, bukas ng umaga, sisikapin ko ang lahat ng aking makakaya upang sagutin ang mga katanungang iyon. Marahil gugugulin ko ang nalalabi pa sa gabi, at, halos karamihan nito, sa panalangin, para sa kanila. Ako'y nakakagugol ng mga isa hanggang tatlong oras sa bawat gabi. Hindi ako natulog kagabi hanggang sumapit ang oras na ala-una, at sa oras na alas-tres ako ay nasa pag-aaral. Kita n'yo? Kita n'yo?

402 Ako ang kailangang managot para rito. Iya'y tama. Tayo'y napakalapit na para sa anumang bagay, anumang kahangalan, o anumang pagbabakasakali, o kalahating paniniwala. Kailangang makita ko ito, muna. At pagkatapos, kapag nakita

ko ito, iya'y kailangang nasa Salita, rin. At sa ngayon, sa biyaya ng Diyos, sila'y naging walang kamali-mali. Kinuha ko ito mula simula hanggang dulo, alam n'yo iyan, at ito'y—ito'y tumugma mismo na magkakasama.

403 Ito'y kailangang maging GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Dahil, ito'y hindi lamang tulad ng sinabi Nito mula sa akin na nalalaman Ito, sa aking sarili, ngunit ang Salita ng Panginoon ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON. At narito ang Salita, kinukuha kung ano ang Kaniyang ibigay sa akin, at pinagtutugma Itong sama-sama at ipinapakita sa inyo. Kaya alam ninyo, sa inyong sarili, ito'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kita n'yo?

404 Narito ang Salita, sinasabing ganoon nga. At pagkatapos ang kapahayagan na ibinigay Niya sa akin, na salungat sa kung ano ang inisip ng sino man sa atin; bakit, salungat sa naisip ko, pagka't hindi pa ako nagtungo sa loob Nito tulad niyan. Ngunit ngayon, natagpuan natin, iyan ay magkakasamang tumugma. At ano Ito? Ito'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kita n'yo? Ito'y eksakto. Ito'y naging isang dakong nabuksan, nakakapit doon, sa oras na ito, at pagkatapos ang Panginoon ay dumating at itinulak Ito papasok tulad niyan. Kaya, nakita n'yo, hayan nga Ito. Ito, Ito'y—ito'y ang Panginoon. Oh, mahal ko Siya! Mahal ko Siya ng buong puso ko.

405 Ngayon tandaan, kayo. . . Tayo'y hindi makakapunta sa altar. May ilan na nananatiling nakataas ang kanilang mga kamay. Ngayon, kita n'yo, ito'y isang indibidwal na gawain, sa inyo. Ito'y kung ano man ang nais ninyong gawin. Kita n'yo?

406 Ang oras ay napakalapit na, kailangan ninyong magsumikap ng buong higpit ng makakaya ninyo, na hindi na mahihila pa. Kita n'yo, sadyang magsumikap, nagsisikap na makapasok. "Panginoon, huwag akong hayaan sa labas. Huwag akong iwan sa labas, Panginoon. Ang mga pintuan ay sumasara na; kung makakapasok lamang ako!" Kita n'yo?

407 Isasara ng Diyos ang pintuan isang araw. Ginawa Niya sa araw ni Noe, at sila ay kumatok ng husto sa pintuan. [Si Kapatid ng Branham ay kumatok sa pulpito ng ilang beses—Pat.] Tama ba iyan? [Kongregasyon, "Amen."]

408 Ngayon tandaan, sinabi ng Biblia, na, "Sa ikapitong pagbabantay." Tama ba iyan? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Ang ilan ay nakatulog sa unang pagbabantay, ikalawa, ikatlo, ikaapat, ikalima, ikaanim, ikapito. Ngunit, sa ikapitong pagbabantay, may dumating na isang proklamasyon, isang sigaw, "Ang Kasintahang Lalaki ay dumarating! Lumabas upang salubungin Siya."

409 Sabi ng mga nangatutulog na dalaga, "Sabihing, gusto kong magkaroon ng kaunting Langis na iyan ngayon."

410 Sabi ng Nobya, "Mayroon lamang akong sapat para sa aking sarili; mayroon lamang sapat. Kung gusto n'yo Ito, tumungo kayo't idalangin Ito."

411 Hindi n'yo ba nakikita ang natutulog na dalaga ngayon? Tingnan ang Episcopalian, Presbiteryan, Luteran, at lahat ng bagay, nagsisikap na. At ang problema nito ay, sa halip na sikaping makuha ang Espiritu Santo, sila'y nagsisikap na magsalita sa iba't-ibang wika.

412 At marami sa kanila ang nagsalita sa iba't-ibang wika, at nahihiya na pumunta sa iglesyang ito para ipanalangin; gustong ako ang pumunta sa kanilang bahay at manalangin para sa kanila. Tinatawag n'yo iyan na Espiritu Santo? Iya'y pagsasalita sa iba't-ibang wika, ngunit hindi ang Espiritu Santo. Kita n'yo?

413 Ngayon, ako ay naniniwala ang Espiritu Santo ay nagsasalita sa iba't-ibang wika. Alam ninyong pinaniniwalaan ko iyan, kita n'yo. Ngunit mayroong isang huwad Niyan, din. Opo, ginoo. Ang—ang mga bunga ng Espiritu, nagpapatunay kung ano Ito. Ang mga bunga ng punong kahoy ang nagpapatunay kung anong uri ng puno ito. Hindi ang balat ng kahoy; ang bunga!

414 Ngayon pansinin, pagkatapos, kapag siya ay dumating, iyang—iyang huling oras. At doon, kapag sila ay nagsipasok, pagkatapos sila ay tumungo at sabi, "Buweno, ako ay naniniwalang nakuha ko na Ito ngayon. Ako ay naniniwalang nakuha ko Ito. Opo, nakukuha natin Ito."

415 Ako—ako—mas makabubuting hindi ko na sabihin ito, kita n'yo, pagka't maaaring maging sanhi ito ng kalituhan. Nang sabihin ko noong isang araw, ang Pag-agaw, paano Ito darating, Ako—ako . . . Ngayon, kung sasabihin ninyong—ninyong kukunin ninyo ito, mabuti. [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Magmasid. Magmasid. Tama, nasa sa inyo iyan.

416 Nang ang nangatutulog na dalaga, kita n'yo, na nag-isip na siya ay ipinalangin na, upang bumalik, ang Nobya ay nakaalis na. Ito'y nagtungo, at hindi niya ito nalaman; tulad ng isang magnanakaw sa gabi. Pagkatapos ay kanilang pinasimulang kalampagin ang mga pintuan. At anong nangyari? Anong naganap? Sila ay ibinulid tungo sa panahon ng Kapighatian. Sabi ng Biblia, "Magkakaroon ng mga pag-iyak, at pagtangis, at pagngangalit ng mga ngipin." Tama ba iyan?

417 Kung kailan iyan, kapatid na lalaki, kapatid na babae, hindi ko alam. Ngunit, ako—ako, sa akin, maaring ako lamang dito, ngayon, kita n'yo. Ito, ito ay kung ano . . . Ito ang aking kaisipan. Kita n'yo? Ako—ako—ako ay naniniwalang ito'y napakalapit na, Ako—ako'y . . . Bawat araw ako—ako ay nagnanais . . . Sinisikap kong lumakad ng kasing ingat ng aking makakaya. Kita n'yo? At ngayon kapag, alam n'yo, kapag ang . . .

418 May bagay na naganap sa araw na ito, at may nakita akong isang bagay na dumating. Ako—ako lamang. . .Hindi ko na makuha pa ang aking paghinga, kita n'yo. Naroon nga Siya, nakatayo roon, ang munting Liwanag na iyan na nakatayo mismo roon. At heto Iyan. Alam kong ito'y ang Katotohanan.

419 Naisip ko, "O Diyos, hindi ko masabi iyan. Ako—hindi ko masabi iyan. Hindi ko magawa." Ako ay lumakad lamang palabas ng silid, lumabas, lumakad paroon-at-parito. Kapatid, akala ko, "Naku! Anong magagawa ko? Oh!" Kita n'yo? At ako—ako ay kailangang mamingwit, o anuman, o ako. . .Naku, kayo'y. . .kayo. . .hindi ko masabi sa inyo. Kita n'yo?

420 Kaya, tayo ay mayroong isang mainam na pagkakataon. Hindi ba? Purihin ang Panginoon! Amen! Kita n'yo? Tayo'y nasa isang—tayo'y nasa isang pambihirang panahon, kita n'yo, pagka't ang aking puso ay nag-umapaw sa kaligayahan at kagalakan.

421 Ngunit kapag iniisip ko ang mundong ito at ang libu-libo na alam kong napahamak, naaninuhan-ng-maitim, gumagalaw, kung gayon ang puso n'yo ay nagdurugo lamang. "Anong magagawa n'yo? Anong magagawa n'yo?" Nararamdaman n'yo lamang ang Banal na Espiritu na naghuhumiyaw, sa inyong puso. Tulad ng maaaring gayun din sa ating Panginoon, nang Siya ay tumingin doon sa Jerusalem, ang Kaniyang Sariling bayan, nakita, sabi, "Jerusalem, Jerusalem, makailan Kitang inibig tipunin, tulad ng isang inahing manok sa kaniyang mga sisiw, ngunit ayaw ninyo." Mararamdaman n'yo lamang ang Banal na Espiritu na nagsasabing, "Ilang beses Ko kayo kailangang tipunin, kita n'yo, ngunit ayaw ninyo." Kita n'yo?

422 Tayo'y, tayo'y narito mismo sa isang bagay, mga kaibigan. Ano man ito, alam ng Diyos. Walang sino man, walang sino man ang nakakaalam kung kailan ito magaganap. Iya'y isang lihim. Walang sinuman ang nakakaalam kung kailan ito magaganap.

423 Ngunit sinabi ni Jesus sa atin, "Kapag nakita ninyo ang mga bagay na ito, lahat ng mga bagay na ito." Tulad na lamang nang aking ginawa, inihahambing sa Ikaanim na Tatak, sa kung anong sinabi Niya sa Mateo 24. Ngayon tandaan kung anong sinabi Niya, "Kapag nakita ninyong dumating ang mga bagay na ito, na magpasimulang maganap, kung magkagayo'y ang oras ay nasa pintuan na." Pagmasdan ang mismong sumunod na talata, ang 30—ang 30 at ika-31 mga talata at pababa, ika-32, ika-33 na mga talata.

424 Sabi Niya, "At Kaniyang susuguin ang Kaniyang mga anghel sa apat ng sulok ng kalangitan, sa apat na hangin, upang tipunin ang Kaniyang Hinirang." Tama ba iyan?

Sabi, "Ngayon pag-aralan ang isang. . . "

425 Ngayon tandaan, Siya ay tumigil mismo roon. Hindi siya nagpatuloy pa, makaraan ang Ikaanim na Tatak na iyan. Wala

Siyang sinabing anuman tungkol sa Ikapito. Kaniyang sinabi ang Una, Ikalawa, Ikatlo, Ikaapat, Ikalima, at Ikaanim. Ngunit Siya ay tumigil doon, hindi bumanggit ng anumang bagay tungkol Doon.

426 Pagmasdan ang sumunod na bagay na sinabi Niya, "Ngayon pag-aralan ang isang parabula." Kita n'yo? Pagkatapos Siya ay nagsimula sa parabula. Sabi Niya, "Ang mga bagay na ito ay magaganap."

427 Sinasagot Niya yaong tatlong katanungan. "Ano ang magiging . . . ang mga tandang ito? At ano ang magiging tanda ng Iyong Pagdating? Ano ang magiging tanda ng katapusan ng mundo?"

428 At ang Isang Ikaanim, doon, ay ang katapusan ng mundo. At ang pag-ihip ng ikapitong anghel . . . "Itinaas ang mga kamay, at nanumpa sa Kaniya na nabubuhay magpakailan kailan man, na ang panahon ay hindi na magtatagal." Ang daigdig ay magsisilang ng isang bago. Tapos na.

429 At heto tayo, mismo rito sa pinto. Oh, ako ay nanginginig. "At ano ang dapat kong gawin, Panginoon? Ano—ano pa ang aking magagawa?" Kita n'yo? At, pagkatapos, isipin lamang na nakikita ang dakong iyan at ang mga mahalagang taong iyon! Ako ay tumayo roon, tinitingnan ang aking sarili. At naisip ko, "O Diyos, bakit, sila—hindi nila malalampasan. Ako—ako—kailangan kong itulak sila. Dapat lamang akong makaabot sa publiko at kunin sila, at itulak." Hindi n'yo magagawa iyan. Kayo . . .

430 "At walang sinuman ang makalalapit liban na ilapit siya ng Aking Ama." Ngunit narito ang isang kasiyahang mayroon tayo, "Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit."

431 Ngunit ang iba pa sa kanila, sa mga organisasyong iyon, umaasa sa kanila tulad niyon, kita n'yo. "At kaniyang dinaya ang lahat ng nangabubuhay sa, nananahan sa ibabaw ng lupa, na ang kanilang mga pangalan ay yaong hindi nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero, na pinatay mula pa ng itatag ang sanlibutan." Oh, naku! Kaya, nakita n'yo, ito'y isang malungkot na bagay.

432 Ang tanging bagay na magagawa n'yo ay sadyang—sadyang—sadyang—sadyang manatili mismo sa Salita. Bantayan lamang kung anuman ang Kaniyang sasabihin na gawin, at pagkatapos ay gawin iyan. Kita n'yo? Anuman ang Kaniyang sabihin na gawin; gawin iyan.

433 At kayo'y tumingin doon sa labas, at sabihing, "Oh, naku! Ginagawa nila *ito*, pagkatapos . . . Oh!" Ito'y sadyang . . .

434 Hindi ninyo napapagtanto kong anong hirap! Ngayon gusto kong sabihin ito. Palagay ko ang mga teyp ay nakapatay. Maraming tao ang nagsasabing, "Kapatid na Branham, may isang ministeryo ng ganiyang uri . . ." (Kailangan kong magbantay, pagka't kinukuha lamang ng mga tao ang mga

teyp na iyan at sadyang sinisikap na kunin ang mga iyan ng pira-piraso, alam n'yo na.) Kaya kapag kanilang sinasabing, "Kapatid na Branham, sana kami ay magkaroon ng isang ministeryo," hindi n'yo alam kung anong sinasabi n'yo. Kayo, tapatan, hindi ninyo alam kong anong kasama nito, kapatid na lalaki, kapatid na babae. Oh, naku! At ang responsibilidad, kapag mayroon kayong mga tao na nag-aabang sa kung anong sasabihin ninyo! Tandaan, kung mali ang sinabi n'yo sa kanila, sisingilin ng Diyos ang kanilang dugo sa inyong mga kamay. Pagkatapos, isipin n'yo iyan. Iya'y isang nakakatakot na bagay.

435 Kaya, maging kaibig-ibig. Mahalin si Jesus ng buong puso n'yo. Sadyang sum-. . .Maging simple. Huwag kailanman tangkaing—tangkain na unawain ang anumang bagay. Maging simple lamang, sa harapan ng Diyos. Pagkat, sa lalong pagtatangka ninyo na maunawaan, lalong mas napapalayo kayo mula sa Kaniya. Kita n'yo? Sadyang sampalatayanan lamang Siya.

Sabihing, "Ngayon, buweno, kailan Siya darating?"

436 Kung Siya ay darating sa araw na ito, mabuti. Kung Siya ay darating dalawampung taon mula ngayon, ito'y mabuti pa rin. Ako'y magpapatuloy lamang sa paraan na ako'y nagpapatuloy ngayon, sumusumod sa Kaniya. "Panginoon, kung magagamit Mo ako kung saan, narito ako, Panginoon." Kung ito'y sangdaang taon mula sa araw na ito, kung ng aking mga kaapu-apu-apu-apu-apuhan ay mabubuhay pa upang makita ito na darating, hayaang. . . "Panginoon, hindi ko alam kung kailan ito magaganap, ngunit hayaan lamang akong lumakad ng tama sa araw na ito, kasama Mo lamang." Kita n'yo? Aking—nais kong. . . Pagkat, Ako—ako'y magbabangon sa araw na iyon, tulad lamang ng ako ay natulog sandali kung saan.

437 Bumababa roon, iyang maluwalhating palasyo roon, iya'y Kaharian ng Diyos doon, kung saan ang lahat ng matatanda ay magiging bata, kung saan ang mga maputing balabal ay nakasuot na! Ang mga kalalakihan at mga kababaihan ay nabago na, sa isang kagandahan, ang pinakaanyo ng isang—ng isang—isang guwapong lalaki at isang—isang kaibig-ibig na babae! Nakatayo roon sa lahat ng kagandahan at katangian ng isang kabataang babae at isang kabataang lalaki, nakatayo roon! At hindi na tatanda pa, hindi na magiging makasalanan pa, hindi na magiging anupamang bagay ng paninibugho, o pagkapoot, o anumang bagay! Oh, naku!

438 Palagay ko ang mga teyp ay nakahinto ngayon. At ako—ako ay mayroon na lamang mga tatlo o apat na minuto. Nais kong makipag-usap sa inyo. Ayos lang ba iyan? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Ngayon, ito ay personal lamang, kita n'yo. Dahil, bukas, ako—ako. . . Iya'y magiging kamangha-mangha! Palagay ko mas makabubuting sabihin ko na ito

ngayon, kita n'yo, kung anong aking sasabihin. Ako. . .Ito ay para lamang sa atin ngayon. Ako lamang ay . . .

439 Alam n'yo, ako—ako ay mayroong isang asawa na aking minamahal, at iya'y si Meda. At hindi ko—hindi ko pa sana siya pinakasalan, dahil sa pag-ibig ko sa aking unang asawa. At gayun pa man, gaano man ako ay nagmamahal sa kaniya ng lubos, hindi ko—hindi ko siya pakakasalan sana kung hindi lamang sinabi sa akin ng Diyos na gawin ito. At alam ninyo ang istorya nito; kung paano siya nanalangin, at paano ako nanalangin. At pagkatapos sinabi Niya sa akin ng eksakto kung anong gagawin, at, "Humayo, pakasalan siya," at ang eksaktong panahon upang gawin ito. Siya ay isang kaibig-ibig na babae. At siya ay nananalangin para sa akin ngayong gabi. At kaya ngayon ay ganap na ika-walo, sa tahanan, sigurado siya ay nananalangin ngayon.

440 Ngayon pansinin. Isang araw sinabi niya sa akin, sabi niya, "Bill," sabi niya, "Nais ko lamang magtanong sa iyo tungkol sa Langit."

Sabi ko, "O sige, Meda, ano iyon?"

Sabi niya, "Alam mong mahal kita."

441 At sabi ko, "Oo." Iyon ay mismo makaraan na ito ay maganap dito.

Sabi niya, "Alam mo na minamahal ka ni Hope, rin."

Sabi ko, "Oo."

442 At sabi niya, "Ngayon," sabi niya, "Palagay ko ay hindi ako magseselos," sabi niya, "subalit si Hope nga." At sabi niya, "Ngayon, kapag tayo ay napunta sa Langit. . .At sinabi mo nakita mo siya roon."

443 Sabi ko, "Siya ay naroon. Nakita ko siya. Nakita ko siya ng dalawang beses, doon." Siya ay naroon. Siya ay naghihintay sa akin na dumating. Gayun din ang. . .Gayun din si Sharon. Nakita ko siya, tulad ng ako ay tumitingin sa inyo. Nakita ko siya roon. At ang sabi ko . . .

444 Sabi niya, "Buweno, ngayon, kapag tayo ay napunta na roon," sabi, "sino roon ang iyong magiging asawa?"

445 Sabi ko, "Kayong dalawa. Wala na, kita mo, gayun pa man pareho kayong magiging asawa ko."

Sabi niya, "Hindi ko maunawaan ito."

446 Sabi ko, "Ngayon, honey, umupo ka, hayaan mong ipaliwanag ko sa iyo ang isang bagay." Sabi ko, "Ngayon, alam kong mahal mo ako, at alam mo kung gaano kita kamahal, at iginagalang at ikinararangal. Ngayon, halimbawa, paano kung ako ay nagbihis nang mabuti, pumunta sa kabayanan; at ilang munting patotot, talagang maganda, at lumapit at yakapin ako, at sabihing, 'Oh, Kapatid na Branham, talagang mahal kita,'

sinimulang inilalagay ang mga bisig niya sa akin at niyayakap-yakap ako. Anong iisipin mo?"

Sabi niya, "Palagay ko hindi ko iyan magugustuhan ng mainam."

447 At sabi ko, "Mayroon akong gustong itanong sa iyo. Ikaw ba. . . Sinong mas pinakamamahal mo, kung ito ay kailangang maging isang sapilitang paghahayag, ako o ang Panginoong Jesus?" Ngayon, iya'y pamilya lamang, na pag-uusap.

448 At sabi niya, "Ang Panginoong Jesus." Sabi, "Oo, Bill, kahit na gaano kita kamahal, ngunit, bago ko Siya isuko, isusuko muna kita."

449 Sabi ko, "Salamat sa iyo, honey. Ako'y nagagalak na marinig na sabihin mo iyan ngayon." Sabi ko, "Ngayon, paano kung ang munting babaeng iyan rin ay lalapit kay Jesus at yayakapin Siya, sabihing, 'Jesus, Mahal Kita,' anong iisipin mo tungkol diyan?"

Sabi niya, "Magugustuhan ko iyan."

450 Kita n'yo, ito ay nagbago mula sa pag-ibig na makatao patungo sa pag-ibig na maka-Diyos. Kita n'yo, ito'y isang mas mataas na Pag-ibig. Kita n'yo? At walang gayong bagay roon tulad ng mag-asawang lalaki at babae, tulad. . . at upang magpalaki ng mga anak. Wala nang lahat ito, ang—ang pambabae at panglalaking pagnanasa. At mga glands ay lahat. . . Sila'y pare-pareho nang lahat, doon. Kita n'yo? Wala na nito, wala na. Kita n'yo, wala sa sex glands, wala na. Kita n'yo? Kayo'y sadyang ang. . . Opo, ginoo. Isipin na lamang ang inyong sarili na walang sex glands. Ang dahilan na sila ay nailagay sa atin ay upang magparami ng tao sa mundo, nakita n'yo. Ngunit, Doon, wala nang anu pa man Doon. Wala nang male o female glands. Wala.

451 Ngunit ang estatura ng sining ng Diyos ay mapaparoon. Iya'y eksaktong tama. Ngunit tayo'y magiging totoong tunay. Walang—walang makataong pag-ibig, wala na; lahat ay maka-Dios na pag-ibig. Kita n'yo? Samakatuwid, ang isang asawa na babae ay hindi na hihigit kaysa isang kaibig-ibig na bagay na—na sa iyo, at siya. . . Kayo ay pag-aari ng isa't isa. Wala nang gayong bagay tulad ng isang. . . Hindi, hindi, wala nang ni. . . Kita n'yo, ang makataong pag-ibig na bahagi ay wala na roon. Kita n'yo, hindi na maaring magkaroon ng anumang bagay tulad ng pagseselos; wala nang dapat ikapagselos. Wala nang gayong bagay roon. Hindi ninyo alam ang gayong bagay tulad niyon. Kita n'yo? At isang kaibig-ibig lamang na kabataang lalaki at kabataang mga kababaihan, upang mabuhay.

At pagkatapos, makaraan, sabi niya, "Nakita ko na ngayon, Bill."

Sabi ko, "Oo."

452 Gusto kong sabihin sa inyo ang isang maliit na bagay na naganap. Ito ay isang panaginip. Ako ay tulog. At hindi ko pa ito sinasabi sa publiko noon. Sinabi ko ito sa ilang mga tao, ngunit hindi pa sa publiko noon, sa aking pagkaka-alam.

453 Ako—ako ay nanaginip, mga isang buwan makaraan iyan, na ako ay nakatayo, isang araw, at aking pinanonood ang dakilang panahon na . . . Hindi ang paghuhukom, ngayon. Hindi ako naniniwalang ang Iglesya ay darating sa, (ang ibig kong sabihin, ang Nobya), ay pupunta sa isang paghuhukom. Ngunit, ako ay naroon nang ang mga korona ay ipinamigay, kita n'yo. At ang dakilang—dakilang malaking Trono ay nakalagay *dito*. At si Jesus at ang tagapagtalang Anghel, at lahat, ay nangakatayo roon. At may isang hagdanan, tulad, bumaba ng *paganitong* direksiyon, ng maputing ivory; bumaba, isang pabilog, gumawa ng isang tanawin tulad *nito*, at lumabas, upang lahat ng mga dakilang hukbong makalangit na ito na nakatayo roon ay makita kung anong nagaganap.

454 At ako ay tumayo sa may likuran, sa likuran sa isang bahagi. At ako ay nakatayo lamang doon, wala ni isang ideya na kailangan kong lakaran ang mga baitang na iyon. Ako ay nakatayo roon. Aking nakita . . .

455 Ang tagapagtalang Anghel ay tatawag ng isang pangalan; at malalaman ko, makikilala ang pangalang iyan. Ako ay tumingin, at mula roon sa bandang likuran, heto dumarating ang kapatid na lalaki, lumalakad na may kasamang isang kapatid na babae, lalakad patungo sa iyo, tulad niyan. Ang tagapagtalang Anghel ay nakatayo roon sa may tabi ni Cristo, (isang panaginip lamang ngayon), at nanonood. At ang kanilang pangalan ay naroon, iyon ay natagpuan sa Aklat ng Buhay; Siya ay titingin sa kanila, at sasabihing, "Ito ay—ito ay mabuting pagkagawa, Aking mabuti at tapat na lingkod. Ngayon pumasok ka."

456 Ako ay lumingon, kung saan sila tutungo. Mayroong isang bagong mundo, at ang mga kagalakan. At sabi, "Pumasok patungo sa mga kagalakan ng Panginoon, na naging—na naging sa inyo mula pa ng itatag ang sanlibutan." Kita n'yo? At, oh, naisip ko . . . Sila'y papasok doon, at makikita ang bawat isa, at magsasaya lamang, at pupunta sa mga bundok at kahanga-hangang malaking lugar.

457 Ngunit naisip ko, "Oh, hindi ba iya'y kamangha-mangha! Kaluwalhatian! Hallelujah!" Tumatalon lamang ng pataas-at-pababa!

458 Pagkatapos ay maririnig ko ang panibagong pangalan na tinawag. Palagay ko, "Oh, kilala ko siya. Kilala ko siya. Ako . . . Doon, hayun siya'y pumapasok, doon." Pinanonood siya tulad niyan.

"Pumasok patungo sa mga kagalakan ng Panginoon, Aking mabuti at . . ."

"Oh," sasabihin kong, "Purihin ang Diyos! Purihin ang Diyos!"

Sabihin lamang, halimbawa, tulad ng sabi nila, "Orman Neville," kita n'yo.

459 At pagkatapos aking sasabihing, "Iya'y ang matandang Kapatid na Neville. Hayun siya." Kita n'yo? At heto siya dumarating, mula sa karamihan, umaakyat.

460 Ngayon Kaniyang sasabihing, "Pumasok patungo sa mga kagalakan ng Panginoon, na inihanda para sa iyo simula pa nang itatag ang sanglibutin. Pumasok ka." At ang matandang Kapatid na Neville ay biglang nagbago, at nagpasimula roon, sumisigaw lamang at humihiyaw.

461 Naku, ako ay sumigaw lamang at nagsabi, "Luwalhati sa Diyos!" Nakatayo sa banda rito na nag-iisa, nagkakaroon ng isang napakainam na pagkakataon, pinanonood ang aking mga kapatid na pumapasok.

462 At isang tagapagtalang Anghel ang nakatayo roon, at sabi, "William Branham."

463 Hindi ko naisip na kailangan kong lumakad diyan. Kaya pagkatapos ako ay natakot. Naisip ko, "Oh, naku! Kailangan ko bang gawin iyan?" Kaya ako ay lumakad pababa roon. At tinatapik ako ng lahat sa—sa . . . [Inihalimbawa ni Kapatid na Branham sa pamamagitan ng pagtapik sa kaniyang sarili ng maraming beses—Pat.] "Hi, Kapatid na Branham! Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Branham!" Tinatapik ako habang ako ay nagpapatuloy, sa gitna ng isang napakalaking bilang ng mga tao. At lahat sila ay umaabot at tinatapik ako ng paganiyan. [Inihalimbawa ni Kapatid na Branham sa pamamagitan ng pagtapik sa kaniyang sarili ng maraming beses.] "Pagpalain ka ng Diyos, kapatid! Pagpalain ka ng Diyos, kapatid!"

464 Ako ay nagpapatuloy. Sabi ko. "Salamat sa iyo. Salamat sa iyo. Salamat sa iyo." Tulad ng isang paglabas sa isang pagtitipon, o isang bagay, alam n'yo.

465 At kailangan kong lakaran ang mga lubhang malalaking ivory na mga baitang na ito. Ako ay nagpasimulang umakyat doon. At kaagad nang ako ay nakatuntong sa unang baitang, ako ay tumigil. At naisip ko . . . Ako ay tumingin sa Kaniyang mukha. Naisip ko, "Nais kong tingnan Siya ng mainam sa paganitong paraan." At ako ay tumigil.

466 Ang aking mga kamay ay naka-*ganito*. May naramdaman akong kumalabit sa aking bisig *dito*. Ito ay braso ng iba pa. Ako ay lumingon, at doon ay nakatayo si Hope; yaong mga malalaking maitim na mata, ang maitim na buhok na iyon na nakalugay sa kaniyang likuran, nakasuot ng maputing kasuotan; tumitingin sa akin ng paganiyan. Sabi ko, "Hope!"

467 May naramdaman akong humawak sa bisig na *ito*. Lumingon, at naroon si Meda; ang maitim na matang iyon nakatingin pataas, at ang maitim na buhok na iyon nakalugay pababa, nakasuot ng isang maputing balabal. At sabi ko, “Meda!”

468 At sila ay tumingin sa isa’t isa, alam n’yo, tulad niyan. Sila ay. . .Niyakap ko sila sa aking mga bisig, at heto kami ay nagtungo, naglalakad patungo sa Tahanan.

469 Ako ay nagising. Oh, ako ay nagising. At ako—ako ay bumangon at umupo sa isang upuan, at umiyak, alam n’yo. Naisip ko, “O Diyos, sana iyan ay dumating tulad niyan.” Parehong kasama ko sa buhay, at nagbibigay ng mga anak, at mga bagay tulad niyan; at narito kami, lumalakad patungo sa bagong mundo, oh, naku, kung saan ang kasakdalan at lahat ng bagay. Hindi, walang. . .

470 Oh, ito’y magiging isang kamangha-manghang bagay! Huwag n’yong palagpasin ito. Huwag n’yong palagpasin ito. Sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, gawin ang lahat ng inyong magagawa, at bahala na ang Diyos na pangalagaan ang iba niyan pagkatapos.

Mahal ko Siya, Mahal ko Siya
Pagka’t una Niya akong minahal
At binili ang aking kaligtasan
Sa puno ng. . .

471 Awitin natin ito muli, ng buong puso natin. Ngayon itingala ang ating mga mata sa Diyos.

Mahal ko Siya

472 [Iniwan ni Kapatid na Branham ang pulpito at nanalangin para sa isang babae, habang inaawit ng kongregasyon ang *Mahal ko Siya* ng minsan pa—Pat.]

. . .mahal Siya
Pagka’t una Niya akong minahal
At binili ang aking kaligtasan
Sa puno ng Kalbaryo.

473 O sige, ngayon. Siya ay hindi na inaasahang mabubuhay pa hanggang sa pagtatapos ng pagtitipon. Iya’y tama. Hayan siya, parehong kamay ay nakataas sa hangin, pinupuri ang Diyos. Iyan ang dahilan kung bakit ako nagtatagal dito ng mahabang oras; hindi upang sabihin sa inyo kung anong aking ginagawa. Ako ay nangungusap tungkol kay Meda at sila. At iyan ay aking binabantayan, upang makita kung anong. . .Palagi kong napapansin ang Liwanag na iyan na umiikot papunta at paroon, at nagtungo at bumitin sa kaniyang itaas. Naisip ko, “Iyan ito.” Oh, hindi ba ito’y kamangha-mangha? [Kongregasyon ay nagsaya—Pat.]

Mahal ko Siya, Mahal ko Siya
Pagka't una Niya akong minahal
At binili ang aking kaligtasan
Sa puno ng Kalbaryo.

474 Ngayon, sa ating mga puso, [Sinimulang isahimig ni Kapatid na Branham ang *Mahal Ko Siya*—Pat.] isipin lamang ang Kaniyang kabutihan at habag.

. . . Mahal ko Siya (Amen!)
. . . Una Niya akong minahal . . .

475 Ngayon nakita n'yo kung mas gaano ito kabuti? Amen! Iya'y ito. Ngayon . . . ? . . . Humayo at maging mabuti. Amen! Ang biyaya ng Diyos ay nagpakita sa inyo, upang gawin kayong mabuti. Amen.

. . . sa puno ng Kalbaryo.

Oh, luwalhati sa Diyos!

Mahal ko Siya, . . .

O sige, ang inyong pastor.

Mahal . . .

476 [May nagsabing, "Kapatid na Branham, bukas ay magsisimula ng ganap na ika-siyam at kalahati?"—Pat.] Ikasiyam hanggang ika-siyam at kalahati. Ganap na Ika-siyam, kung saan doon. ["Pagkatapos ng agahan? Ganap na ika-siyam?"] Kayo ay mag-umpisa ng ika-siyam. Ako'y mag-uumpisa ng ika-siyam at kalahati.

*Ang Kapahayagan Ng Pitong Tatak*
(The Revelation Of The Seven Seals)

Ang sampung Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham ay ipinangaral noong Marso 17 hanggang Marso 24, 1963, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., at *Ang Ikapitong Tatak* ay ipinagpatuloy noong Marso 25 sa Sherwood Motel. Dahil sa pagkaka-kalap ng mas malinaw at mas kumpletong orihinal na mga teyp, ang mga Mensaheng ito ay inayos muli batay sa pangkasalukuyang ayos. Bawat pagsisikap ay ginawa upang tamang-tamang mailipat ang berbal na Mensahe mula sa mga nakatalang magnetikong teyp tungo sa pahinang lathalain, at nalathala rito na walang bawas ng Voice of God Recordings.

Ang lahat ng karapatan sa aklat na ito ay reserbado. Ang aklat na ito ay hindi maaring ipagbili, ilathala muli, isalin tungo sa ibang mga wika, o gamitin para sa pangingilak ng mga pondo ng wala ang nasusulat na kapahintulutan ng William Branham Evangelistic Association.

TAGALOG

©1998 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org